***KURSO SA PAGSASANAY NG MGA INSTRUKTOR NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG PAARALAN***

## INTRODUKSYON

Ang Kurso sa Pagsasanay ng mga Instruktor ng Pambansa-Demokratikong Paaralan (KPI-PADEPA) ay bahagi ng ating pangkalahatang pagsisikap na pasiglahin ang pampulitikang edukasyon sa hanay ng masa sa pangkalahatan, at sa pagpapagana sa PADEPA sa partikular. Sa masiglang paglulunsad ng mga KPI-PADEPA hindi lamang sa loob ng Hukbo, kundi maging sa hanay ng mga aktibistang masa at mga kasapi ng sangay ng Partido sa lokalidad, epektibo nating pinalalalim ang balon ng rebolusyonaryong mga instruktor na tuwirang makakatuwang ng Partido at Hukbo.

Makatutulong ang KPI-PADEPA sa pagpapahigpit ng kaisahan sa pag-unawa at pagpapatupad sa sistema at mga patakaran ng PADEPA. Sa gayon, maiwawasto sa maraming lugar ang umiiral pang kalakaran ng tagibang na pagtutok sa iilang kurso at aralin lamang, o ang hindi pa rin pag-iinstitusyonalisa sa malaon nang itinakdang pambansang istandard na kurikulum ng PADEPA.

Sa pamamagitan din ng KPI-PADEPA inaasahang sistematikong maipalalaganap ang subok at pinaunlad nang mga pamamaraan at estilo sa instruksyon. Kailangang bakahin at baklasin ang tendensya ng lubhang mahaba, nakababagot at di lapat-sa-lupang pagtuturo. Ang nais nating pag-aaral ay iyong mabilis at simple subalit hindi naisasakripisyo ang wastong makauring nilalaman; at iyong buhay, napapanahon at mabisang nakaugnay sa kongkretong kalagayan, pangangailangan at rebolusyonaryong praktika ng mag-aaral.

Ang pangkalahatang layunin ng KPI-PADEPA ay makapagpanday ng libu-libong instruktor ng PADEPA na may wastong oryentasyon at sapat na kakayahan sa epektibo at buhay na pamamaraan ng pagtuturo. Isang mapagpasyang salik ang pagpaparami at pagpapatatag ng kwerpo ng mga instruktor ng PADEPA para sa masigla at malaganap na pagsusulong ng edukasyong pampulitika sa patuloy na lumalawak na baseng masa at sa gitna ng bumibilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka.

Sa partikular, layon ng KPI-PADEPA na:

- a ipasapol ang kahalagahan ng rebolusyonaryong edukasyong pampulitika;
- b ipaunawa ang layunin, kurikulum, sistema at makinarya ng PADEPA;
- c ipaunawa ang mga tungkulin at katangian na dapat pagsikapang linangin sa sarili ng mga instruktor ng PADEPA;
- d paunlarin ang kakayahan sa epektibo, maikli, at istandard na pagtuturo ng batayang mga kurso at araling PADEPA.

Nahahati sa apat na mayor na bahagi ang KPI-PADEPA:

I. Ang Rebolusyonaryong Gawain sa Edukasyong Pampulitika at ang Pambansa-Demokratikong Paaralan
II. Pangkalahatang mga Prinsipyo at Pamamaraan sa Pagtuturo
III. Pagtuturo ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) at sa pinagsamang Espesyal na Kursong Masa (Eskum *3-in-1*)
IV. Palihan-Praktikum.

Sa kalakhan, ang unang tatlong bahagi ay teoretikal na mga talakayan o lektura hinggil sa iba't ibang *input* sa kurso. Samantala, ang huli at ikaapat na bahagi ay praktikal at kolektibong mga aktibidad sa pagsasanay sa pagtuturo ng MKLRP at pinagsamang Eskum (*tingnan ang detalyadong mekaniks sa palihan-praktikum sa huling bahagi*).

Maaaring tapusin ang kursong pagsasanay na ito sa loob ng tatlo hanggang apat na araw. Maaaring magtagal ng isa at kalahating araw ang unang tatlong bahagi. Ang Palihan-Praktikum naman ay dalawang araw: isang buong araw para sa kolektibong paghahanda sa pagtuturo, at isang araw muli sa aktwal na praktikum. Kung may sapat na panahon at kung may kakayahan ang tagapagsanay, maaaring ituro ang modyul sa pagsasanay sa pagdrowing ng mga instruktor. Ibinibigay ito bago ang Palihan-Praktikum at maaaring tumagal ng kalahating araw.

Bahagi ng paghahanda sa paglulunsad ng KPI-PADEPA ang mismong pag-iiskedyul ng aktwal na mga pag-aaral sa hanay ng masa na eksaktong itataon sa bahaging palihan o praktikum ng KPI-PADEPA. Sa gayon may kagyat na paglalapatan ng mga prinsipyong natutunan ang nagsanay na mga instruktor. Mainam rin kung masusubaybayan ng mga tagapagsanay ang gayong aktwal na pagtuturo.

Mahalagang bigyang-pansin ang ilang rekisitong teknikal sa paglulunsad ng KPI-PADEPA. Magiging mahirap para sa mga sinasanay na instruktor laluna sa bahagi ng Palihan-Praktikum kung kulang-kulang ang kopya ng teksto ng mga aralin (MKLRP, Tatlong Eskum) gayundin ng sangguniang mga babasahin, modelong mga lesson plan, at istandard na mga tulong-biswal. Kakailanganin din ang mga kagamitan gaya ng mapa at globo, at iba pang materyales gaya ng manila paper, kartolina pentel pen, at pangkulay. Kung kakayanin, mainam rin kung may nakahandang mga ipalalabas na bidyo tulad ng *Sa Liyab ng Libong Sulo*.

Inaasahang ibayo pang pauunlarin at gagawing higit pang buhay at angkop ng mga tagapagsanay ang nilalaman at pamamaraan sa pagbibigay ng kursong ito alinsunod sa kalagayan at pangangailangan ng mga sinasanay.

# I.
# ANG REBOLUSYONARYONG EDUKASYONG PAMPULITIKA AT ANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG PAARALAN

## A. Ang Rebolusyonaryong Edukasyong Pampulitika

Ang rebolusyonaryong edukasyong pampulitika ay ang pag-aangat ng antas ng kamulatan at kapasyahang lumaban ng mamamayan. Sa pamamagitan nito, inililinaw ang pagsusuri, ang patakaran, ang prinsipyo, ang programa, ang pangkalahatan at partikular na layunin, ang anyo at paraan ng pagkilos at organisasyon, atbp. sa lipunan at rebolusyong Pilipino at sa pangkalahatan at partikular na mga isyu at usapin.

Sentral ang papel ng rebolusyonaryong edukasyong pampulitika sa pagpupukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa sa masa para isulong ang demokatikong rebolusyong bayan. Ang gawaing ito ay integral at di maisasantabing tungkulin sa lahat ng larangan ng aktibidad sa pagsusulong ng rebolusyon. Kung sistematiko at tuluy-tuloy na ipinauunawa sa malawak na masa ang mga batayan, layunin at programa, patakaran at prinsipyo ng rebolusyong Pilipino, mulat, organisado, puspusan at pangmatagalan silang mapalalahok sa rebolusyon.

Hindi mabubuo at makokonsolida ang mga organisasyong masa, at laluna ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, kung hindi sistematiko at sustenido ang edukasyong pampulitika sa hanay ng mamamayan. Gayundin, napakahalaga ng gawaing edukasyon para ihanda, isustini at konsolidahin ang mga militanteng pagkilos ng mamamayan sa mga kampanya at pakikibakang antipyudal, anti-imperyalista at antipasista.

Sa rebolusyonaryong edukasyong pampulitika, inaangat natin ang antas ng pampulitikang kamulatan ng masa, pinapanday natin ang libu-libong aktibista at lider masa na mahigpit na nakatutuwang ng Partido sa iba't ibang gawain. Mahalagang gabay sa kanilang rebolusyonaryong praktika ang napapanahong mga pag-aaral na naglilinaw sa pangkalahatan at partikular na mga rebolusyonaryong pagsusuri, paninindigan at patakaran, at gayundin sa wastong aktitud at pamamaraang aktibista.

Sa hanay naman ng Hukbong Bayan, ibinibigay natin ang pinakamataas na pagpapahalaga sa edukasyong pampulitika sa mga pagsasanay pulitiko-militar. Susi ang patuloy na pag-unlad ng rebolusyonaryong kamulatan ng mga Pulang mandirigma upang mabisa nilang magampanan ang kanilang panlabang mga tungkulin at paglilingkod sa sambayanan.

Ang pagpapatatag sa rebolusyonaryong pundasyong teoretikal ang isa rin sa pangunahing naghahanda sa paparaming bilang ng aktibistang masa at Pulang mandirigma upang maging bagong kasapi ng Partido. Sa minimum, ang rereklutahing kandidatong kasapi ng Partido ay kailangang nakakuha na ng pag-aaral sa pangkalahatan at espesyal na mga kursong masa at sa araling aktibista.

Hindi matatawaran ang masaklaw na kabuluhan ng edukasyong pampulitika sa lahatang-panig na pag-unlad ng rebolusyon. Napatunayan na sa karanasan natin noong dekada '80 ang negatibong epektong idinudulot ng malubhang kapabayaan sa gawaing ito. Naging buhaghag ang pagkakaorganisa sa masa at hindi naging mulat at sustenido ang kanilang paglahok sa mga pakikibakang masa. Naging bulnerable ang baseng masa hindi lamang sa marahas na panggigipit ng kaaway kundi maging sa maling mga linya at pananaw ng mga rebisyunistang taksil at repormistang petiburges. Naging maluwag ang konsolidasyon sa pulitika sa loob ng Bagong Hukbong Bayan na sadyang dumulo sa malalalang pagbitiw sa disiplina at pagkakahiwalay sa masa ng mga Pulang mandirigma.

Sa kasalukuyan, sa lahat ng rehiyon, nasa mga larangan pa ang tuwirang pagpapatupad ng mga pampulitikang edukasyon. Halos lahat ng rehiyon ay nahihirapan sa kwantipikasyon sa nakapagtapos ng mga kursong pampulitika. Sa pangkalahatan, ang MKLRP pa lang ang laganap na napag-aralan. Pumapangalawa ang tatlong Eskum ngunit malayo ang agwat. Mas kakaunti ang nakapag-aral ng ARAK. Maliban sa iilang rehiyon, hindi pa gaanong bumebwelo ang pagpapatupad ng Padepa.

Upang mapagpasyang maiwasto ang gayong mga kahinaan at pagkakamali at upang paunlarin at sistematisahin ang ating rebolusyonaryong gawain sa edukasyong pampulitika, muling pinagtibay at isinulong mula noong panahon ng puspusang pagsusulong ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang ating Pambansa-Demokratikong Paaralan.

## B. Ang Pambansa-Demokratikong Paaralan

### 1. *Ano ang PADEPA?*

Ang PADEPA ay ang pampulitikang paaralang itinatayo sa hanay ngmga pambansa-demokratikong organisasyong masa o katumbas nito sa ligal. Ito ay may kwerpo ng mga instruktor na ang pangkalahatang mga tungkulin at layunin ay ang sumusunod:

a. matiyak ang sustinido, masigla at malaganap na pag-aaral sa pambansa-demokratikong rebolusyon sa buhay na paraan, sa hanay ng organisado at di-organisadong masa;
b. pangasiwaan ang tuluy-tuloy na pagpaparami at pamamahagi ng rebolusyonaryong mga babasahin;
c. pasiglahin, itaguyod, at ipalaganap ang rebolusyonaryong kultura sa loob ng mga pambansa-demokratikong organisasyon at sa hanay ng mamamayan.

Ipinapatupad nito ang kurikulum para sa edukasyong pampulitika na binalangkas ng Pambansang Kagawaran sa Edukasyon ng Partido (PAKED) sa tulong ng Pambansang Kawanihan sa Instruksyon ng Partido (PKI), at ang karagdagang mga paksa at pag-aaral na itinatakda ng mga komiteng rehiyon o mga pambansang organo.

### 2. *Ano ang kurikulum ng PADEPA?*

Ang kurikulum ng PADEPA ay ang hanayan ng iba't ibang kurso, aralin at sangguniang mga aklat at babasahin na nakabalangkas ayon sa anim na mayor na kategorya:

a. ***Pag-aaral sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino*** *(PADEPA LRP). Ang mga pag-aaral sa ilalim ng kategoryang ito ay pangunahing naglilinaw sa salalayang rebolusyonaryong mga pagsusuri sa kasaysayan at katangian ng lipunang Pilipino, at sa pangkalahatang layunin, estratehiya at taktika ng demokratikong rebolusyong bayan. Kabilang dito ang Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (kilala rin bilang Pangkalahatang Kursong Masa o PAKUM),* Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan*, at iba pang komprehensibong mga sulatin nina Amado Guerrero at Jose Ma. Sison.*

   i. Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Ikatlong Edisyon
   ii. Makibaka Para sa Pambansang Demokrasya ni Jose Ma. Sison
   iii. Lipunan at Rebolusyong Pilipino ni Amado Guerrero
   iv. Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan ni Amado Guerrero
   v. Tungkol sa Malapyudalismo ni Jose Ma. Sison
   vi. Krisis at Rebolusyong Pilipino ni Jose Ma. Sison
   vii. Ang Rebolusyong Pilipino: Isang Pagtanaw Mula sa Loob ni Jose Ma. Sison
   viii. Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan ni Amado Guerrero

b. ***Pag-aaral sa Mayor na mga Patakaran at Programa ng Rebolusyonaryong Kilusan*** *(PADEPA Patakaran at Programa). Nasa ilalim ng kategoryang ito ang iba't ibang pag-aaral sa mga patakaran at programa hinggil sa partikular na mga rebolusyonaryong kilusang masa at iba pang mayor na aspeto at usapin ng demokratikong rebolusyong bayan. Tampok dito ang mga Espesyal na Kursong Masa hinggil sa rebolusyonaryong kilusan ng magsasaka at ng iba pang sektor.*

   i. Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka
   ii. Espesyal na Kurso para sa Kababaihan sa Kanayunan
   iii. Espesyal na Kurso para sa Kabataan
   iv. Espesyal na Kurso sa Manggagawa
   v. Praymer sa Bagong Hukbong Bayan
   vi. Praymer sa National Democratic Front
   vii. Praymer sa Organo ng Demokratikong Kapangyarihang Pampulitika
   viii. Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa
   ix. Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan
   x. Rebolusyonaryong Hustisya at Hukumang Bayan
   xi. Comprehensive Agreement for the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL)
   xii. Praymer sa Pambansang Minorya
   xiii. Hinggil sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto
   xiv. Manindigan Laban sa Modernong Rebisyunismo para sa Sosyalismo
   xv. Hinggil sa Usapin ng Kapayapaan at Usapang Pangkapayapaan
   xvi. Pakikitungo sa Eleksyong 1998; Memo, Enero 15, 1998

xvii. Gabay sa Gawaing Masa

**k.** ***Pag-aaral sa mga Isyung Pangkasalukuyan*** *(PADEPA Isyus). Inililinaw sa ilalim ng kategoryang ito ang partikular na mga pagsusuri at panawagan sa pagkilos kaugnay ng iba't ibang kagyat na isyung panlipunang kinahaharap ng mamamayan. Iniuugnay ng mga pag-aaral na ito ang kasalukuyang mga isyu, pangyayari at kaganapan sa pangkalahatang pagsusuri sa lipunang Pilipino at sa linya at mga tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan. Maituturing na pag-aaral sa PADEPA ang maiikli subalit sistematikong talakayan ng mga artikulo sa ating pahayagang Ang Bayan*

i. Mga isyu ng Ang Bayan
ii. Mga inilalabas na praymer at pahayag ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa iba't ibang mga usaping pambansa at internasyunal
iii. Mga pahayag ni Jose Ma. Sison hinggil sa iba't ibang usapin
iv. Mga isyu sa pakikibakang agraryo
v. Mga isyu sa kilusang Paggawa
vi. Mga kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayang iskema ng reaksyun-aryong rehimen (deregulasyon, pribatisasyon liberalisasyon, atbp)
vii. Tungkol sa mga pakana ng imperyalismong US (Balikatan Exercises, "kontra-terorismo", Vising Forces Agreement, Mutual Logistics Support Agreement, atbp.)
viii. Iba pang isyung sektoral at panlipunan

**d.** ***Pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Maoismo*** *(PADEPA MLM). Sa mga pag-aaral sa PADEPA MLM, panimulang pinakikilala sa mga organisadong masa ang mga batayang Marxista-Leninista-Maoistang paninindigan, pananaw at pamamaraan. Kabilang dito ang mga aralin at babasahing nagpapatampok sa wastong rebolusyonaryong aktitud at lubos na paglilingkod sa sambayanan gaya ng Araling Aktibista, pinasimpleng mga bersyon ng mga klasikong sulating MLM hinggil sa iba't ibang paksa, at ang maikli subalit komprehensibong pag-aaral hinggil sa Partido Komunista ng Pilipinas o ang Kursong Oryentasyon sa Partido (KOP).*

i. Araling Aktibista
ii. Limang Gintong Silahis
iii. Talambuhay ng mga Dakilang Guro at Lider Komunista (Marx, Engels, Lenin, Stalin, Mao)
iv. Mga Siniping Pangungusap ni Kasamang Mao (Red Book)
v. Talambuhay ng mga Bayani at Martir ng Rebolusyong Pilipino
vi. Hinggil sa Kontradiksyon ni Mao Zedong
vii. Hinggil sa Praktika ni Mao Zedong
viii. Manipesto ng Partido Komunista
ix. Hinggil sa Istorikong Materyalismo
x. Hinggil sa Ekonomyang Pampulitika
xi. Saan Nagmumula ang Wastong Ideya? ni Mao Zedong
xii. Mga Artikulo ni Mao Zedong hinggil sa Estilo ng Pamumuno at Paggawa
xiii. Mga piling sulatin sa Selebrasyon ng Ika-100 Taonng Kapanganakan ni Mao Zedong

xiv. Kursong Oryentasyon tungkol sa Partido Komunista ng Pilipinas

**e.** ***Pag-aaral sa Sari-saring Kontra-rebolusyonaryong Ideya at Paglilinaw Natin sa mga Ito*** *(PADEPA Anti-kontrareb). Inaarmasan ng mga pag-aaral sa kategoryang ito ang masa ng wasto at napapanahong mga paglilinaw upang maipananggalang laban sa iba't ibang kontra-rebolusyonaryong black propaganda ng kaaway at sa mapanlinlang na mga linya at pananaw ng rebisyunistang mga taksil.*

i. Pangmasang bersyon ng paglalagom ng mga rehiyon
ii. Pahayag ng Partido sa ika-28 anibersaryo nito
iii. Pahayag ng Partido sa anibersaryo ng BHB ("Mapulang Pagpupugay...")
iv. Mga piling pahayag ng Partido sa anibersaryo ng Partido at BHB
v. Mga Pananagutan sa IPO at Krimen ng mga Kontrarebolusyonaryong Taksil at Ispesyal na mga Ahente sa Psywar ng Rehimeng US-Ramos (Reyes, Kintanar, Tabara, Lagman)
vi. Paglalantad sa kontra-rebolusyonaryong linya ng mga bagong kontra-rebolusyonaryong taksil
vii. Paglalantad sa sari-saring petiburges at burges na kontra-rebolusyonaryong pananaw. Laban sa repormismo, popdemismo, NGO-ismo, socdemismo.
viii. Paglalantad sa imperyalistang linyang anti-komunismo

**g.** ***Pagpapalaganap ng Rebolusyonaryong Kultura*** *(PADEPA Kultura). Inililinaw ng mga aralin sa ilalim ng kategoryang ito ang pangangailangan at pamamaraan ng pagsusulong ng rebolusyong pangkultura laban sa dominanteng pyudal, burgis at kolonyal na kultura. Ang mga syentipiko, makamasa at makabayang likhang sining na nakapaloob din sa PADEPA Kultura ay makukulay at interesanteng pagtatampok sa iba't ibang paksain sa lipunan at rebolusyong Pilipino.*

i. Praymer sa Kultura
ii. Mga isyu ng Ulos
iii. Mga modyul sa palihan sa pagsusulat, dulaan, drowing, atbp.
iv. Mga rebolusyonaryong tula, awit, kwento at iba pang likha na inilalabas sa mga pangrehiyon o pamprubinsyang publikasyon

Itinatakda ng pambansang istandard na kurikulum ng PADEPA na dapat unahin ang pag-aaral sa MKLRP dahil ito ang naglalatag ng pangkalahatang balangkas ng lipunan at rebolusyong Pilipino. Kagyat na isinusunod sa MKLRP ang mga Espesyal na Kursong Masa (Eskum). Dapat unahin ang pag-aaral sa MKLRP dahil mabisang masasapol lamang ang nilalaman ng mga Eskum, laluna ang hinggil sa partikular na mga tungkulin sa demokratikong rebolusyong bayan ng iba't ibang kilusan sa sektor, kung may nauna nang pag-aaral sa MKLRP na komprehensibong naglilinaw sa layunin at katangian ng DRB. (*Tingnan ang paglilinaw sa katangian, layunin at diin ng MKLRP at mga Eskum sa bahaging III*).

Matapos pag-aralan ang MKLRP, agad na isusunod ang mga Eskum. Sa mga ispesyal na kursong masa, inuuna ang Ispesyal na Kursong Masa Tungkol sa Kilusang Magsasaka, dahil ito ang batayang kilusang masa sa kanayunan. Kaya kahit sa grupong

pang-organisa ng kabataan at ng kababaihan, at maging sa mga samahang kabataang makabayan at samahang kababaihan, uunahin ang pag-aaral sa kursong ito. Ang bulto ng kabataan at kababaihan sa kanayunan ay magsasaka, at sa gayo'y ang kanilang mga samahan ay bahagi ng kilusang magsasaka. Ang pag-una sa pag-aaral sa Ispesyal na Kursong Masa Tungkol sa Kilusang Magsasaka ay makapaglulugar ng kanilang pagkilos sa sektor sa makauring kilusang kinapapalooban nila.

Kasunod ng pag-aaral sa MKLRP at mga Eskum ang Araling Aktibista (ARAK) na nagsisilbing introduksyon sa mga Marxista-Leninista-Maoistang paninindigan, pananaw at pamamaraan ang kursong ito. Prayoridad sa mga bibigyan ng pag-aaral na ito ang mga aktibista – ang mga komite at grupong pang-organisa at mga namumunong komite ng mga balangay ng mga samahang masa. May mahalagang papel ang naturang kurso sa pagbubuo at pagpapaunlad ng kwerpo ng mga aktibista na magsisilbing katuwang ng Partido sa mabisang pamumuno sa papalawak na baseng masa. Gayunman, kailangang mabigyan ng pag-aaral sa krusong ito ang lahat ng organisadong masa.

Ang MKLRP, mga Eskum at ARAK ang bumubuo sa tinatawag na gulugod na mga kurso at aralin sa kurikulum ng PADEPA.

### 3. *Paano gumagana ang PADEPA? Ano ang makinarya nito?*

Ang bawat pambansa-demokratikong organisasyon, ligal man o lihim, ay dapat magbuo ng kwerpo ng instruktor para sa PADEPA na nagsisilbi na ring bag-as ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na takbo ng PADEPA.

Hanggang sa kasalukuyan, ang bulto ng gawain ng edukasyong masa ay kinakarga pa rin ng mga yunit at kadre ng BHB. Lubhang kailangan ngayon na makapagpalitaw at makapagsanay ng maraming instruktor mula sa hanay ng mga aktibistang masa na magsisilbing katuwang ng mga yunit ng Partido at BHB sa mga larangang gerilya para sa ibayong pagpapasigla ng rebolusyonaryong edukasyong masa. Ang Komiteng Larangan ay maaaring magtayo ng Makilos na Pangkat Padepa (MPP) para matugunan ito. (*Tingnan ang Apendiks 1- Memo hinggil sa Makilos na Pangkat Padepa*)

Sa mga baryong nakatayo na ang mga komiteng pang-organisa (KP) o ganap na samahang masa (GSM), ang mga komite sa edukasyon ang maaaring paganahing makinarya ng Padepa. Ang mga ito ang magsisilbing bag-as ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na takbo ng PADEPA sa kani-kanilang saklaw ng responsibilidad. Dapat bigyan ng pagsasanay sa instruksyon ang mga kagawad nito upang magampanan nila ang kanilang gawain nang may kumpyansa. Kailangang magsanay rin ng iba pang instruktor para may malalim na balon ng mga instruktor.

Bahagi ng mga gawain sa pagpapagana sa PADEPA ang pagpapalaganap ng mga rebolusyonaryong babasahin at pagpaparami ng mga ito batay sa pangangailangan. Maaaring mag-organisa ng mga grupo para sa reproduksyon ng babasahin at pamamahagi ng mga ito. Kailangang pangasiwaan ang pagtitipon ng pondo para sustentuhan ang mga pangangailangan sa edukasyon mula sa kontribusyon o pagbebenta ng mga babasahin.

# II.
# MGA PANGKALAHATANG PRINSIPYO AT PAMAMARAAN SA PAGLULUNSAD NG PANGMASANG EDUKASYONG PAMPULITIKA

### 1. Ano ang mga prinsipyong gumagabay sa paglulunsad ng rebolusyonaryong pag-aaral sa masa?

Dalawang mahalagang prinsipyo ang gumagabay sa instruktor sa pamumuno sa buhay na kolektibong pag-aaral: ang pag-uugnay ng teorya sa praktika, at ang pagpapairal ng demokrasyang pinapatnubayan ng disiplina.

a. ***Ang pag-uugnay ng teorya sa praktika***
   Ito ang pag-aaral sa saligang mga prinsipyo ng pambansa-demokratikong rebolusyon na nakaugnay sa praktikal na kilusan. Sa pag-aaral ng mga araling PADEPA, tungkulin ng instruktor na ipakilala at bigyan ng sapat na paglilinaw ang rebolusyonaryong teorya at mga prinsipyong nilalaman nito. Ngunit hindi ito sapat. Upang tunay na maarmasan ang mga mag-aaral ng mga prinsipyong ito, dapat ipakita ang ugnayan nito sa kanilang praktika, at idiin ang kahalagahan at kabuluhan nito sa kanilang pagpupunyagi sa rebolusyon.

b. ***Ang demokrasyang pinapatnubayan ng disiplina***
   Ito ang malaya at masiglang talakayan ayon sa balangkas ng takdang antas ng pag-aaral, at sa gabay ng partikular na mga layunin nito. Ito ang nagbibigay-buhay sa diwa ng "ang mag-aaral ay natututo sa guro, ang guro ay natututo sa mag-aaral, at ang lahat ay natututo sa isa't isa." Sa isang banda, hinihikayat ng instruktor ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, bukas sa kanilang mga tanong, opinyon at mungkahi, habang mulat at hindi bumibitiw sa takdang daloy ng talakayan. Sa kabilang banda, ipinopokus naman ng mga mag-aaral ang kanilang atensyon sa pag-aaral at nagsisikap na mag-ambag sa talakayan sa abot ng kanilang makakaya.

Mahigpit ang ugnayan at tulungan ng dalawang prinsipyong nabanggit. Higit na pinapasigla ng prinsipyo ng pag-uugnay ng teorya sa praktika ang talakayan; habang nililikha naman ng demokrasyang ginagabayan ng disiplina ang kalagayan upang ibayong mapatingkad ang pag-uugnay ng teorya sa praktika.

### 2. Sino ang mga mag-aaral at instruktor ng Padepa?

a. Ang mag-aaral ng Padepa

   Karaniwan, ang mga kalahok sa pag-aaral ay:
   i. mga kasapi ng organisasyong masa, sa hayag o lihim
   ii. mga Pulang mandirigma ng BHB at aktibistang masa
   iii. di organisadong masa, kontak o alyado

b. Ang Instruktor ng Padepa

Ang instruktor ang gumaganap ng namumunong papel sa kolektibong pag-aaral. Siya ang pangunahing naglilinaw sa nilalaman ng mga paksa at nagdidirihe't nagrerenda sa talakayan. Responsibilidad niya na makamit ang mga layunin ng pag-aaral.

Upang mabisang magampanan ang tungkulin bilang isang rebolusyonaryong instruktor, dapat niyang taglayin at paunlarin ang sumusunod na mga katangian:

i. *gamay ang paksang pinag-aaralan*

   Ang sapat na paggagap ng instruktor sa paksang pinag-aaralan ang unang rekisito sa mabisang pagtuturo. Makakamit lamang ito sa pamamagitan ng kanyang walang sawang pag-aaral. Hindi makasasapat ang pag-aaral sa paksa sa isang takdang panahon lamang. Dapat gawin ng instruktor ang pana-panahong pagrerebyu sa teksto, kasabay ang pagbabasa ng iba pang materyales na may direktang kaugnayan sa paksa. Walang sawang pagsisikap para matuto — ito ang aktitud na dapat paunlarin ng bawat instruktor.

   Dapat paghandaan din ng instruktor ang pagsagot sa mga tanong na maaaring ihapag ng mag-aaral.

ii. *may kakayahan sa paggamit ng iba't-ibang pamamaraan sa pagtuturo*

   Kasabay ng sapat na paggagap sa paksang pinag-aaralan, mahalagang paunlarin ng instruktor ang kakayahan sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo upang mabisang matalakay ang mga paksa at madali itong masapol ng mga mag-aaral. Dapat ding iakma ang mga paraang ginagamit sa kalikasan ng paksa, sa katangian at partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral, gayundin sa obhetibong kalagayang kinapapalooban ng pag-aaral.

iii. *nag-aaral at nagsusuri ng mga karanasan at kaalaman sa rebolusyonaryong pakikibaka*

   Malaking ambag sa pag-aaral ang buhay na pagpapalaman ng instruktor. Magagawa ito kung siya ay tuluy-tuloy na nag-aaral at nagsusuri ng karanasan at rebolusyonaryong praktika ng masa. Hindi ito makukuha sa anumang libro kundi sa direktang pakikilahok sa pakikibaka ng mamamayan.

   Makakatulong sa kanya ang tuluy-tuloy na panlipunang pagsisiyasat, paglalagom ng mga karanasan at pananaliksik upang higit pang mapayaman ang kanyang rebolusyonaryong praktika at teorya.

   Sa ganitong paraan, maitataas ang antas ng kakayahan ng instruktor sa pag-uugnay ng teoretikal na mga pag-aaral sa praktika ng mga mag-aaral.

iv. *pagkilala sa mga mag-aaral*

   Mahalaga ang pagkilala ng instruktor sa mag-aaral. Ito'y salamin ng kanyang pagpapahalaga sa mga mag-aaral at taus-pusong pagnanais na sila'y matuto. Dapat alamin ng instruktor ang interes at mga karanasan ng mga mag-aaral, ang kanilang iba't ibang aktitud, kahinaan at kalakasan, at gawin itong salalayan sa paghikayat sa aktibo nilang partisipasyon.

v. *mapagmahal sa partikular na gawain*

Mahalagang maipatimo sa isipan ng bawat instruktor ang diwa ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan sa pagtuturo. Ngunit ang instruktor ay hindi simpleng tagapagturo lamang. Dapat din niyang tamang makikisalamuha sa mag-aaral, makikipagtulungan sa kapwa instruktor, at mag-aasikaso sa teknikal na mga usapin. Mula sa pinakamayor na usapin ng pagtuturo hanggang sa pagtugon sa teknikal na mga pangangailangan ang dapat tiyakin ng instruktor.

vi. *Personal na mga katangiang makatutulong sa epektibong pamumuno sa pag-aaral at sa paglikha ng mahusay na relasyon sa mga mag-aaral:* pagiging magalang, matulungin, mapagpasensya at mapagpakumbaba, bukas sa opinyon at mungkahi ng iba, mapanghikayat sa partisipasyon at ambag ng mga mag-aaral, matapat, mapagkakatiwalaan, may sense of humor, at may kontrol sa sarili. Ang ganitong kalugud-lugod na mga katangian ng instruktor ay nagbibigay-daan sa pagbubuo ng mas mahigpit na pagkakaisa sa pagitan niya at ng mga mag-aaral, at kung gayon, sa higit na pagpapatingkad sa diwa ng pagkatuto sa isa't isa.

Ang mga katangiang nabanggit ay hindi karaka-rakang nakakamit kundi pinagpupunyagian ng mga instruktor.

**3. Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa paghahanda at paglulunsad ng pag-aaral sa PADEPA?**

a. Paghahanda ng mga instruktor

i. *Panimulang pag-alam sa mga mag-aaral.*

Ang inisyal na pag-alam sa mga katangian at inaasahan ng mga mag-aaral bago magsimula ang pag-aaral ay mahalaga para sa paggawa ng lesson plan. Malaki ang maitutulong ng ganitong mga impormasyon upang mabisang makaangkop ang instruktor sa mga mag-aaral.

Dapat makuha ang sumusunod na datos tungkol sa mga mag-aaral: uring pinagmulan, antas na naabot sa pormal na edukasyon; mga rebolusyonaryong propaganda at edukasyong nakuha; partikular na responsibilidad at gawain sa organisasyong masa; mga problema hinggil sa kabuhayan; mga problemang may kinalaman sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga tungkulin sa organisasyon; kalusugang pisikal at mental, at ilang personal na katangian laluna ang aktitud sa pag-aaral.

ii. *Paglikom ng materyales para sa pag-aaral.*

Kabilang sa materyales na dapat ihanda bago ang aktwal na pag-aaral ay ang mga teksto at iba pang kaugnay na babasahin (tulad ng mga sanggunian, praymer, gabay sa pag- aral) at mga pantulong sa pagtuturo (blakbord, chalk, tulong biswal, tsart, atbp).

iii. *Pulong paghahanda ng mga instruktor at dryrun.*

Kailangan tiyaking makakapagpulong ang mga instruktor bago ang takdang iskedyul ng pag-aaral. Layunin nitong partikularisahin ang mga plano, matamang maagapan ang mga bara sa paghahanda, at mapanday ang kaisahan ng mga instruktor tungo sa kolektibo nilang pamamatnugot sa pag-aaral.

Dito binubuo ang pagtingin sa katangian at ekspektasyon ng mga mag-aaral mula sa mga nakuhang datos para maitakda ang partikular na layunin, diin at pamamaraang gagamitin sa pag-aaral. Dito natutukoy ang dapat na sinuping materyales, teaching aids at iba pang teknikal na pangangailangan.

Tinatasa rin sa pulong na ito ang lagay ng indibidwal na paghahanda ng bawat instruktor upang matulungan ang sinumang may kinakaharap na suliranin ukol dito.

Pagkakataon din ang pulong na ito upang sa pagitan ng mga instruktor ay maensayo ang pagtuturo. Bukod sa naihahanda nila ang sarili sa pagharap sa mga mag-aaral, tinutugunan din ng *dry-run* ang maagap na palitan ng mga puna at mungkahi ng mga instruktor kaugnay ng kani-kanilang paggagap sa mga paksa at estilo ng pagtuturo. Malaking ambag sa paghahanda ang *dry-run* laluna sa bago o nagsasanay pa lamang na mga instruktor.

*iv. Paghahanda ng lesson plan.*

Mahalaga sa pagbabalangkas ng lesson plan ang kaalaman ng instruktor sa paksa, sa partikular na layunin ng pag-aaral, sa angkop na mga pamamaraan sa pagtuturo, at sa mga impormasyong nakalap tungkol sa mga mag-aaral. Nasa ibaba ang tungkol sa lesson plan; bilang bahagi ng pagsasanay, pinakamahusay kung makapagsasagawa ng *workshop* sa mga lesson plan.

**Ang Lesson Plan**

Ang lesson plan ay isang sistematiko at nakasulat na plano ng instruktor sa magiging daloy ng buong pag-aaral sa kurso. Nagsisilbi itong gabay ng instruktor para sa maayos at sistematikong pagpapadaloy ng talakayan. Ang kawalan ng naihandang plano sa pagtuturo ay malimit na nagreresulta sa kalituhan kapwa sa bahagi ng instruktor at ng mag-aaral.

Ang mga sangkap ng lesson plan ay:

(*1) Aralin o Paksang Tatalakayin* – Nakasulat na pamagat ng aralin o paksa at balangkas nito (pangunahing mga nilalaman o bahagi).

*(2) Layunin ng Pag-aaral* – Takdang partikular na mga layunin sa pag-aaral. Gabay ito upang matiyak na naipaglilingkod ang talakayan sa bawat bahagi tungo sa hakbang-hakbang na pagkakamit ng itinakdang mga layunin.

*(3) Mahahalagang Punto* – Ito ang nakasulat na mahahalagang punto na dapat diinan sa pagtalakay. Nagsisilbi itong paalala upang di makaligtaan ang mga puntong susi sa pag-unawa sa buong paksa.

*(4) Pamamaraan at Estilong Gagamitin sa Pagtatalakay* – Iba't ibang pamamaraang gagamitin na angkop at makakatulong sa mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksa. Kabilang dito ang naihandang mga

katanungan at halimbawang gagamitin sa pagpapalawig ng mahahalagang punto, mga aktibidad gaya ng workshop at mga tanong na sumusukat kung naunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.

Mainam din na maiplano ang karaniwang oras na ilalaan sa pagtalakay ng paksa at sa iba't ibang bahagi nito. Sa gayon, mas mapanghahawakan ang matamang paggamit ng panahon at maiiwasan ang sobrang pagpapalawig o ikli ng talakayan.

b. Paghahanda ng mag-aaral

Mahalagang salik sa pagtatagumpay ng pag-aaral ang kahandaan ng mga mag-aaral. Tungkulin ng mga instruktor at ng mga kasamang nangangasiwa sa ilulunsad ng pag-aaral na matiyak na maagap na mapapaabutan ang mag-aaral hinggil sa mga detalye ng aktibidad, gaya ng lugar, tagal ng panahon ng pag-aaral, usapin sa seguridad at iba pa.

k. paghahanda ng mga kagamitan at iba pang teknikal na pangangailangan sa pag-aaral

## 4. Ano ang iba't ibang pamamaraan, teknik at pantulong sa pagtuturo?

a. Pamamaraan sa Pagtuturo

Ang pamamaraan sa pagtuturo ay susi para epektibong mapadaloy ng instruktor ang kaalaman tungo sa mga mag-aaral. Tungkulin ng instruktor na mag-isip at gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo.

Salik dito ang pagiging mapanlikha at mapamaraan ng instruktor—mga katangiang mapapaunlad lamang sa pamamagitan ng walang-sawa niyang pag-aaral, pag-iipon at napapanahong paglalagom ng mga karanasan, at kahandaang matuto sa iba.

Gayunman, ang kaangkupan ng partikular na pamamaraang gagamitin ay itinatakda ng mga sumusunod:

► Partikular na layunin ng pag-aaral: Ito ang nagtatakda ng balangkas at nagsisilbing gabay para sa pagkakamit ng layunin.
► Kalikasan ng paksa: Ang pagkakaiba ng mga paksa ay nangangahulugan ng pagkakaiba sa mga pamamaraan.
► Katangian ng mga mag-aaral: Dahil sa mga mag-aaral pangunahing nakatuon ang pag-aaral, dapat iangkop ang pamamaraan sa kanila.
► Mga kasangkapan at pasilidad na kagyat na magagamit: Malaking tulong ang pagmamaksimisa sa mga ito para sa mahusay na pagpapadaloy ng pag-aaral.

Masusukat ang kaangkupan at bisa ng mga pamamaraan kung nakukuha nito ang sustenidong atensyon at interes ng mga mag-aaral, nahihimok ang kanilang aktibong partisipasyon sa talakayan, at napapasigla ang kanilang pag-iisip at pangangatwiran.

*i. Lektura:*

Ang lektura ay karaniwang ginagamit sa pagsisimula, sa pagtalakay sa katawan, at sa pagsasara ng isang paksa. Angkop ito sa pagtalakay ng mga mayor na paksa, laluna kung ang paksa ay bago at relatibong kumplikado sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng lektura, ang mga nilalaman ng paksa ay inilalahad at ipinapaliwanag, at ang pangunahing mga ideya o puntong nakapaloob dito ay sapat-sapat na pinapalawig ayon sa balangkas ng paksa.

Pinapatalas nito ang paglilinaw dahil naididiin ng instruktor ang pangunahing mga punto ayon sa partikular na katangian at pangangailangan ng mga mag-aaral. Dito, agad na naiuugnay ng instruktor ang mga prinsipyo't konsepto sa kongkretong mga kalagayan at karanasan ng mga mag-aaral. Gayundin, nailalagay niya ang segundaryong mga punto sa kanilang wastong relasyon sa pangunahin. Sa paraang lektura nagiging pleksible ang instruktor; napapagaan at nagiging mabisa ang pag-aaral.

*ii. Basa-talakay:*

Maaaring ilakip sa lektura ang paraang basa-talakay. Dito, sinisipi o baha-bahaging binabasa ng instruktor o ng mga mag-aaral ang teksto, upang pagkatapos ay palawigin ang mga puntong nakapaloob sa binasang mga sipi. Angkop ang paraang ito upang magpalalim at matiyak ang pagsapol ng mga mag-aaral sa isang partikular at mahalagang bahagi ng teksto.

Gayunman, nagbubunga ng negatibong epekto sa pag-aaral at hindi nakakatulong sa pagkakamit ng layunin kung ang paraang ito ang tanging gagamitin sa buong paksa. Dito, karaniwang nagiging walangbuhay at mekanikal ang pag-aaral; unti-unting nawawalan ng sigla hanggang sa tuluyan nang antukin o mabagot ang mga mag-aaral. Kung ang paraang basa-talakay lamang ang gagamitin, maaaring ito'y dahil sa limitado pa ang paggagap ng instruktor sa paksa, at/o kulang sa paghahanda.

*iii. Tanong-sagot:*

Maaari ring ikumbina sa lektura ang paraang tanong-sagot upang mapatingkad ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Angkop ang paraang ito sa kalagayang relatibong pamilyar ang mga mag-aaral sa mga puntong nililinaw. Maraming pagkakataong may mga katanungan sa teksto na kayang kagyat na sagutin ng mga mag-aaral; kaya't imbes na magbigay ng lektura, ipasagot na lamang sa mga mag-aaral ang tanong.

*iv. Case study:*

Ang case study ay ginagamit sa pagtalakay at pagsusuri sa isang piling sitwasyon o problema na halaw sa karanasan at may direktang kaugnayan sa paksang tinatalakay. Ginagamit ito upang higit na maipasapol ang sangkot na mga prinsipyo at mapalakas ang kumpyansa at kakayahan ng mga mag-aaral na ilapat ito sa kanilang praktika. Sa mahigpit na paggiya sa talakayan, ineengganyo ng instruktor ang mga mag-aaral na maglahad

ng kanya-kanyang opinyon na ibayong maglilinaw sa sitwasyon o magbibigay ng kalutasan sa problemang sinusuri.

Upang matingkad na masalamin ng kaso ang mga prinsipyong sangkot, pinakamainam kung lagom nang karanasan ang kasong pag-aaralan, at sapat-sapat ang mga impormasyong ipiprisinta bilang batayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri.

*v. Workshop:*

Ang workshop ay kadalasang ginagamit para sanayin ang mga mag-aaral sa kolektibong pag-iisip — sa pagsusuri at paglutas ng isang problema na pamilyar sa lahat ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay hinahati sa mga grupo upang doo'y sama-samang harapin at resolbahin ang problemang nakasalang.

Bawat grupo ay may hihiranging mamumuno sa talakayan; siya rin ang maglalahad sa napagkaisahan o kongklusyong nabuo ng grupo. Sa presentasyon, hinihikayat ang iba pang mag-aaral na maglahad ng dagdag na opinyon o magtanong.

Kung gagamitin ang dalawang huling paraang nabanggit, dapat magtakda ng tiyak na haba ng oras na gugugulin para dito umayon ang takdang panahong inilaan para sa pagtalakay ng paksa.

b. Ang Teknik sa Pagtuturo

Ang teknik sa pagtuturo ay isang kasanayan sa paglalahad na mahalagang paunlarin ng instruktor. Partikular na papel nito ang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at tumulong sa pagdidiin sa mga punto. Tampok sa usapin ng teknika ang mga aksyon at pagpupusisyon ng kamay, katawan, ulo at mukha, ekspresyon ng mukha, gayundin, ang kontrol sa kalidad at lakas ng boses, para ipahiwatig o ilarawan ang isang partikular na ideya, opinyon, emosyon, at iba pa.

k. Ang Plano sa Pagtuturo (Lesson Plan) – tinalakay na sa unahan

d. Mga Pantulong at Kasangkapan sa Pagtuturo

Ang mga pantulong sa pagtuturo ay mga kasangkapang ginagamit para pasimplehin, padaliin, pagaangin, at sinupin ang pagtuturo. Higit na nagiging mabisa ang pagtuturo at mas mabilis na natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng wastong paggamit ng instruktor ng mga pantulong sa pagtuturo. Pinapasimple ang pagtuturo dahil nailalahad na agad ang mga datos, punto at iba pa na madaling maintindihan at matandaan ng mga mag-aaral. Pinapadali at pinapagaan ang pagtuturo dahil naipipresenta kaagad ng instruktor kailanman kailangan ang mga ito kaya't naiiwasan ang pag-aaksaya ng panahon sa pagsusulat sa blakbord o pagdidikta. Nasisinop ang pagtuturo dahil natitiyak ng instruktor na naihahanda nang kumpleto at wasto ang mga punto o datos at napapahusay pa ang porma ng presentasyon.

Nahahati ang mga pantulong sa pagtuturo sa tatlong mayor na kategorya:

i. *Limbag na materyales:*

Ito ang malaking bahagi ng mga pantulong sa pagtuturo. Ito ang prinsipal na pinagkukunan ng laman ng pag-aaral. Mga suplementong materyal tulad nito ang manwal; mga sangguniang libro, pamplet; naihandang gabay sa pag-aaral o study outline; at iba pa.

ii. *Mga Tulong Biswal:*

Nagsisilbing daluyan ang mga tulong biswal para sa organisadong presentasyon ng mga ideya o puntong tinatalakay. Malaki rin ang matitipid sa pagod at oras dahil maiiwasan ang palagiang pagsusulat sa blakbord.

► Blakbord. Ito ang isang kasangkapan na di maaaring mawala. Sa pamamagitan ng blakbord, mailalahad at mailalarawan ang mga pinag-aaralan sa pinakamabilis at pinakamadaling paraan.

► Flashcards o strips.

► Mga larawan, tsart, drowing, poster, mapa, at iba pa.

*iii. Mga pantulong teknikal tulad ng audio aids (tape recorders), video, kompyuter, projector, at iba pa. Isa itong larangan na dapat nating paunlarin dahil sa bisa nito bilang tulong sa pagtuturo. Kung mayroon at pinapahintulot ng kalagayan, mainam na imaksimisa ang mga pantulong teknikal.*

e. Ang Sining ng Pagtatanong

Ang pagtatanong ay isa pang mahalagang usapin ng mabisang pagtuturo. Ang kakayahang maghapag ng epektibong mga katanungan ay maituturing na isang mayor na salik para sa isang matagumpay na pagtuturo.

Isa itong sining na dapat paunlarin ng mga instruktor. Pinakamainam na nakapaghanda ang instruktor ng mga katanungan bago pa man ang takdang pag-uumpisa ng pag-aaral.

Ang pagtatanong ay magagamit para:

i. Pasiglahin ang pag-iisip ng mga mag-aaral.
ii. Kunin ang interes ng mga mag-aaral.
iii. Diinan ang mga mayor na punto ng paksa.
iv. Sukatin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tinatalakay.
v. Himukin at tulungan ang mga mag-aaral na iugnay ang teorya sa praktika.

g. Paggamit ng mga Halimbawa

Mahalagang papel ang ginagampanan ng paggamit ng mga halimbawa sa paglilinaw ng mahahalagang punto at pag-uugnay ng pag-aaral ng teorya sa praktika.

Ang mga halimbawang gagamitin ay dapat wasto, sapat ang kaugnay na datos, angkop sa mga puntong tinatalakay, at mahusay na nailalahad. Ang

mga halimbawa ay maaaring halaw sa lagom na mga karanasan o mula sa pang-araw-araw na pakikibaka. Mainam na makapaghanda ang instruktor ng mga halimbawa bago pa man ang aktwal na pag-aaral upang matiyak ang kawastuan at paggamit sa mga ito. Ang mga halimbawang naihanda ay maaaring ipaloob sa plano sa pagtuturo.

Sa paghahanda ng mga halimbawa, piliin ang pinakamabisang makapaglilinaw sa puntong tatalakayin at pinakamadaling iugnay sa karanasan ng mga mag-aaral. Tiyaking simple at maiksi ngunit buo ang mga halimbawa.

**5. Sistematikong pagpapaunlad ng talakayan**

a. Ang Pagbubukas ng Aralin o Kurso. Mahalaga sa pagbubukas na makuha ang interes ng mga mag-aaral at maihanda ang kanilang isipan para sa buong proseso ng pag-aaral. Mainam din na sa yugtong ito, makuha ng instruktor ang ekspektasyon ng mga mag-aaral upang maging angkop ang kanyang pagdidirihe sa talakayan. Tungkulin ng instruktor sa pagbubukas ng pag-aaral sa kurso ang:

► paglalahad ng layunin ng pag-aaral
► paglalahad ng balangkas ng kurso
► paglalahad ng kabuluhan ng pag-aaral

b. Ang Sistematikong Pagtalakay sa Bawat Paksa. Sa pagpapadaloy ng talakayan, matamang ginagamit ng instruktor ang kanyang *lesson plan* habang bukas sa mga nararapat na adyasment.

► pagbubukas ng talakayan sa paksa
► pagtalakay sa katawan ng paksa (paglalahad ng mga prinsipyo o konsepto at ang pagpapalawig ng talakayan)
► pagsasara ng talakayan sa paksa

k. Ang Pagsasara ng Pag-aaral sa Kurso. Matapos ang pagtalakay sa lahat ng paksang nilalaman ng kurso maaari nang pormal na isara ang pag-aaral. Ito ay ang pagsasariwa sa kabuuang dinaloy ng talakayan, ang maikling pagpasada sa balangkas ng kurso at ugnayan ng mga paksa, at, higit sa lahat, ang pagtaya kung nakamit ang layunin ng pag-aaral. Nilalayon ng pagsasara na sinupin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa buong kurso.

**6. Pagtatasa at pag-uulat**

Kailangang tasahin ang daloy at sistema ng bawat pag-aaral. Layunin nito na tukuyin ang mga usaping kailangan pang paunlarin sa bahagi ng mga instruktor at ng mga mag-aaral. Ginagawa ito sa dalawang antas: una, sa sama-samang pagtatasa ng mga mag-aaral at instruktor; at, ikalawa, sa hiwalay na pagtatasa ng mga instruktor.

**a. Ang sama-samang pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral**

Ito ang kolektibong pagtatasa sa naging paghahanda ng mga instruktor at mag-aaral, sa pagkamit sa layunin ng pag-aaral, sa pamamaraan ng instruksyon, at sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa aktwal na pag-aaral at iba pang aktibidad. Isinasagawa ang pagpupuna at pagpuna-sa-sarili kaugnay ng mga ito.

Mainam na mahikayat ang mga mag-aaral na isa-isang magsalita upang ihayag ang matitingkad na epekto sa kanila ng naidaos na pag-aaral, opinyon sa nilalaman ng kurso, at puna at mungkahi sa pamamaraan ng instruktor at sa kanilang partisipasyon sa pag-aaral. Maaari ding ipatukoy sa kanila ang mga bahagi ng kurso na nananatiling malabo pa o hindi pa gaanong naiintindihan upang makita ang mga usaping nararapat na pagtuunan ng pansin sa patuloy nilang pag-aaral.

Bilang pagsasara sa pulong pagtatasa, binubuod ng instruktor ang mahahalagang puntong lumitaw, ang aktwal na bilang ng araw at oras sa pag-aaral sa buong kurso at sa bawat paksa, at ang pangkalahatang ebalwasyon sa pagkakamit ng layunin ng pag-aaral. (*Tingnan ang hiwalay na gabay na mga tanong sa pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral na kalakip dito.*)

**b. Ang pagtatasa sa hanay ng mga instruktor.**

Ang pagtatasa ng mga instruktor ay ang mas malalim na pagsusuri sa kanilang naging paghahanda at kabuuang kondukta sa pag-aaral. Binibigyang pansin sa pagtatasa ang kalakasan at kahinaan sa paghahanda, kondukta at bisa ng instruktor, ang bisa at kaangkupan ng mga pantulong sa pag-aaral, ang partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pinag-aralan, at mga teknikal na bagay. Partikular na layunin ng pagtatasa na tukuyin ang mga kahinaan at itakda ang tiyak na mga hakbang para iwasto ang mga ito. Ang resulta ng pagtatasa ay magsisilbing gabay ng mga instruktor para itaas ang kalidad ng kanilang pagtuturo.

Ginagamit na batayan at sanggunian ng pagtatasa ang resulta ng sama-samang pagtatasa ng mga instruktor at mag-aaral. Mula sa mga ito ay matutukoy ang mga puntong kailangan pang saliksikin at palalimin, ang mga pamamaraan na kailangang ibayong pahusayin, at ang iba pang usapin kaugnay ng gawaing instruksyon. (*Tingnan ang hiwalay na gabay na mga tanong sa pagtatasa ng mga instruktor na kalakip dito.*) Tinutukoy din kung ano ang kagyat na kailangang pag-aralan ng partikular na batch ng mag-aaral, pati na ng partikular na mag-aaral.

**k. Pag-uulat.**

Madalas nakakaligtaan ang pag-uulat. Ang bawat pag-aaral na dinaos ay dapat iuulat sa kinauukulang organo. Mahalaga ito para sa kabuuang pagtatasa sa antas ng pampulitikang kamulatan ng masa. (*Tingnan ang hiwalay na gabay sapag-uulat na kalakip dito.*)

**7. Papel ng Organisasyong Masa sa PADEPA**

Dapat pangibabawan ang nakasanayang nakaasa lamang sa yunit ng hukbo ang pagbibigay ng mga pag-aaral sa masa. Dapat patingkarin ang papel ng organisasyong masa sa pagsusulong ng PADEPA. Mahalaga ang pagsasanay ng mga instruktor sa hanay ng masa. Mahalagang isangkot ang organisasyong masa sa pagtatakda ng pag-aaral, sa pagtukoy ng partikular na mga dadalo, sa paghahanda ng mga kinakailangan, sa paglutas ng mga sagabal sa pag-aaral, tulad ng pagtulong sa pag-alaga sa mga anak ng dadalo, pagpastol sa kalabaw, atbp., sa panahon ng pag-aaral.

Maaari ring magtakda ang organisasyong masa ng sama-samang pagbabasa o pagdinig sa awdyo ng mga babasahin kaugnay ng paksang pag-aaralan para may paunang paghahanda ang mga mag-aaral hinggil sa paksa.

Mahalagang pag-aralan ang paggamit ng mga kaparaanang ligal at/o hayag na kakumbina ng mga lihim na pag-aaral. Maihahalimbawa dito ang mga inisponsor na mga palabas, pagdaraos ng mga seminar, pag-oorganisa ng mga lektura-porum at pagtatayo ng ligal na eskwelahang pampulitika. Sa ganitong paraan lamang magiging kilusang masa ang gawaing edukasyon.

# III.
# PAGTUTURO NG MAIKLING KURSO SA LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO (MKLRP), PINAGSAMANG ESPESYAL NA KURSONG MASA (ESKUM *3-IN-1*), AT ARALING AKTIBISTA

## 1. Paano ituro ang MKLRP sa loob ng 5-6 na oras

Ang MKLRP ay naglilinaw sa kalagayan ng Pilipinas at mamamayang Pilipino, kasaysayan ng sambayanang Pilipino, tatlong pundamental na problema ng lipunang Pilipino, at demokratikong rebolusyong bayan.

Ang MKLRP ay makatatayo bilang nagsasariling kurso sa pag-aaral.

Dapat ibigay ang MKLRP **nang una** sa iba pang maiikling kurso dahil pinapaksa nito ang kabuuang kalagayan ng lipunang Pilipino at ang demokratikong rebolusyong bayan, agad na nailalatag nito ang kabuuang konteksto at batayan ng pag-aaral sa iba pang kasunod na maiikling kurso tulad ng mga ESKUM at iba pa. Dagdag pa, kung uunahin ang MKLRP, maiiwasan ang tendensyang kumitid sa partikular na konteksto lamang ang pag-aaral sa mga kurso para sa mga sektoral na kilusan.

**Layunin ng Pagsasanay:**

1. makapagpalitaw ng daan-daang instruktor ng MKLRP mula sa BHB at sa mga SPL at organisasyong masa.
2. mabigyang kakayahan ang mga sasanaying instruktor na maibigay ang MKLRP sa loob ng lima hanggang anim na oras nang hindi nasasakripisyo ang laman ng kurso.
3. mailinaw ang pwesto at kahalagahan ng MKLRP sa kabuuang gawaing edukasyong pangmasa (sa partikular) at sa kabuuang gawaing masa (sa pangkalahatan).

**Lesson Plan para sa Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino**

**Pasadahan ang Lesson Plan na ito at talakayin kung paano ito gagamitin.*

[Ito ay gabay para sa mga instruktor ng MKLRP. Nilalaman nito ang mahahalagang puntong dapat diinan at mga pamamaraang maaaring gamitin sa pagtuturo ng MKLRP. Sa pamamagitan nito, inaasahang mas mapapasimple at mapapaiksi sa **lima hanggang anim na oras** ang pagbibigay ng kurso, mula sa dating dalawa hanggang tatlong araw na gumagamit ng paraang basa-talakay. Sa tuluy-tuloy na pag-aaral at pagbibigay ng kurso at sa matiyagang paggamit ng mga biswal, tsart, timeline at iba pang interesanteng pamamaraan ng pagtuturo, magagamay at mas mapapahusay pa ng mga instruktor ang paggamit sa gabay na ito. Syempre ang teksto pa rin ng MKLRP ang pangunahing dapat basahin at pagbatayan ng pag-aaral]. Bahagi ng Gabay ang MKLRP Biswal.

**Pambungad:** Ilahad ang layunin at balangkas ng pag-aaral; gumawa ng tsart para dito. Gamitin ang Biswal MKLRP-02.

– Kung may pasilidad, maaaring ipalabas ang *Sa Liyab ng Libong Sulo* o *Red Alimaong* (Cebuano) para makatulong sa pagpapasimple at pagpapabilis ng pag-aaral. Kung gagamitin ang video ng *Sa liyab...* mungkahing ipalabas ito nang tuluy-tuloy; lagumin ang mga pangunahing punto pagkatapos, bago tumungo sa ikatlong paksa ng IPB.

**I. Mayaman ang Pilipinas pero naghihirap ang sambayanang Pilipino**
***A. Ang Bayang Pilipinas at Mamamayang Pilipino.***
Nota: *Maaaring talakayin sa loob ng 30 minuto.*

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| ***1. Anu-ano ang mga katangian ng Pilipinas?***<br><br>a. Ang Pilipinas ay<br>▪ isang bulubunduking kapuluan<br>▪ nasa Timog-Silangang Asya<br>▪ binubuo ng 7,100 pulo<br>▪ 30 milyong ektarya ang lawak ng lupain<br>▪ nahati sa tatlong malalaking grupo ng mga isla (Luzon, Visayas at Mindanao)<br>▪ may populasyong 85M (2005)<br>75% nito ay nasa kanayunan at 25% ay nasa mga sentrong bayan at lunsod.<br><br>b. Ang Lahi o Pinagmulan ng Mamamayang Pilipino<br>▪ pangunahin ang lahing Malayo<br>▪ mahalagang bahagi rin ang lahing Indones at Tsino. May lahi rin mula sa Arabe, Hindu, Espanyol, Amerkano at Negrito<br>▪ 14% ng populasyon ay pambansang minorya<br><br>k. Ginagamit mahigit 100 lenggwahe, pangunahin ang Tagalog, Cebuano, Iloko, Hiligaynon, Waray. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang 1a, 1b at 1k.*<br><br>*Gamitin ang mga* Biswal MKLRP 03-07 *sa paglinaw sa batayang mga katangian ng Pilipinas at mamamayan nito; heograpiya, mga likas na yaman, populasyon, lahi o liping bumubuo ng mamamayang Pilipino.* |
| **2. Anu-ano ang likas na yaman ng Pilipinas?**<br>• Malawak, matabang lupain<br>• Tropikal na klimang angkop sa iba't-ibang pananim<br>• Malawak na kagubatan<br>• Minerales tulad ng ginto, bronse, pilak, karbon, nikel, uranyum, atbp na kailangan sa industriya | *Magbigay o humingi sa mag-aaral ng lokal na mga halimbawa na nagpapakita sa mga ito.*<br>*Idiin na kung ang mamamayan mismo ang may kontrol at gagamit ng mga likas na yamang ito, may sapat na batayan para umunlad ang ating bayan.* |

| | |
|---|---|
| • Mga deposito ng karbon, langis at uranyum na magagamit bilang mapagkukunan ng enerhiya.<br>• Mga dagat, ilog at lawa na mayaman sa isda at iba pang pagkain mula sa tubig. Nagagamit din para sa irigasyon, sa elektrisidad; transportasyon at daungan.<br>• Maaaring suportahan ng mga yamang ito ang kahit ilang ulit pa ang pagdami ng kasalukuyang populasyon.<br><br>***B. Nahahati sa iilang naghaharing uri at nakararaming pinagsasamantalahan at inaapi ang lipunang Pilipino.***<br><br>**1. Sinu-sino ang kumokontrol at nagpapasasa sa yaman ng Pilipinas?**<br>Ang imperyalismong US, malalaking burgesya kumprador at malalaking PML ang kumukontrol at nagsasamantala sa yaman ng Pilipinas at ng lahat ng produkto ng lakas-paggawa ng Pilipino.<br>***2. Ano ang kalagayan ng sambayanang Pilipino?***<br>Ang mayorya ng mamamayang Pilipino (magsasaka, manggagawa, petiburges(PTB), pambansang burgesya (pambur) na siyang makapangyarihang pwersa para sa pag-unlad ay dumaranas ng matinding hirap. | *Ipakita ang papel ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri sa paghihirap ng sambayanang Pilipino. Magbigay ng mga lokal na halimbawa.*<br><br>*Ipalarawan sa mga mag-aaral ang mga palatandaan ng paghihirap.* |

**II. Ang kasaysayan ng Pilipinas ay kasaysayan ng tunggalian ng iilang naghaharing uri at ng malawak na masa ng sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan.**

Ilinaw ang kahalagahan ng pag-aaral sa kasaysayan. Ilahad ang mahahalagang yugto at kung bakit ganito ang pagkakahati ng mga yugto sa kasaysayan ng Pilipinas. Gamitin ang **Timeline** ng Kasaysayan ng Pilipinas. Maaaring talakayin ang paksa sa loob ng **isa at kalahating oras.**

***A. Ang paglaganap ng pyudalismo sa buong Pilipinas at ang paglaban dito ng sambayanan***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| ***1. Ano ang kalagayan ng lipunang Pilipino bago dumating ang mga kolonyalistang Espanyol?***<br>- May umiiral na tatlong sistemang panlipunan: mala-alipin/malakomunal, pyudal, primitibong | *Gumamit ng mapa at gamitin ang* Biswal MKLRP 08-11 *para* |

| | |
|---|---|
| komunal.<br>a. Sistemang mala-alipin/malakomunal – ang pinakalaganap. Barangay ang batayang yunit ng lipunan. Pinamunuan ito ng Raha o Datu.<br>b. Sistemang pyudal – pinakamaunlad (sultanatong Moro sa Mindanao at Sulu)<br>k. Sistemang Primitibo Komunal – pinakaatrasado – May batayan para tuluy-tuloy na umunlad ang lipunan kahit hindi dumating ang mga Espanyol. | *ipakita ang mga tao at lipunan bago dumating ang mga Espanyol.*<br>*Mas diinan sa pagtalakay ang sistemang mala-alipin/ malakomunal at ang batayan sa pag-unlad ng lipunan.* |
| ***2. Bakit sinakop ng mga kolonyalistang Espanyol ang Pilipinas?***<br>Sinakop ng Espanya ang Pilipinas para:<br>a. gawing istasyon ng pakikipagkalakalan sa Tsina at malapit na mga pook.<br>b. makuha ang ginto't mamahaling metal, saganang pagkain at iba pang pansuporta sa pangangailangan ng mga kolonyalista.<br><br>***3. Paano nasakop ng mga kolonyalistang Espanyol ang Pilipinas?***<br>Ginamit ng mga Espanyol ang taktikang manghati at maghari o ang kumbinasyong krus at espada. | *Gumamit ng mapa o globo at ilahad kung ano ang kalagayan ng Espanya sa panahong iyon. Tuluy-tuloy na talakayin ang #2 at 3.*<br><br>*Gamitin ang* Biswal MKLRP 12 - 15 *sa paglinaw ng mga punto.* |
| ***4. Paano pinalaganap ng mga kolonyalistang Espanyol ang pyudalismo sa Pilipinas?***<br>Pinalaganap ang pyudalismo sa buong Pilipinas sa pamamagitan ng:<br>a. Enkomyenda(1570 – ika-17 siglo) – malawak na lupaing kaloob ng Hari sa mga kolonyal na opisyal at ordeng relihiyuso bilang kapalit ng serbisyo nila sa pagsakop sa mga lugar ng Pilipinas. Kinasangkapan ito para makapang-agaw ang mga kolonyalista ng malalawak na lupain.<br>b. Asyenda (huling bahagi ng ika-18 siglo) – malawak na lupaing inangkin ng ilan at tinamnan ng mga produktong pang-eksport tulad ng tabako, tubo, abaka, indigo at iba pa. Dito nagsimula ang sistemang kasama. Lumitaw ang usbong ng uring manggagawang Pilipino at ang usbong ng burgesyang Pilipino (mga komersyante at ng mga anak nilang nakapag-aral sa kolehiyo) bunga ng pagsigla ng kalakalang panloob at panlabas. | *Idiin na ang yugtong ito ang simula ng kawalan ng lupa ng magsasakang Pilipino.* |

| | |
|---|---|
| ***5. Paano napatagal ng mga kolonyalistang Espanyol ang paghahari nila sa Pilipinas?***<br>a. Paggamit sa armadong pwersa para supilin ang mga Pilipino<br>b. Pagkontrol sa isipan ng mamamayan sa pamamagitan ng relihiyon<br>k. Paggamit ng lokal na naghaharing uri<br><br>***6. Bago ang Rebolusyon ng 1896 paano nilabanan ng sambayanang Pilipino ang kolonyalismong Espanyol?***<br>May mahigit 200 pag-aalsang naganap bago ang Rebolusyong 1896.<br><br>***7. Anong mga kilusan ang inilunsad ng mga ilustrado laban sa mga kolonyalistang Espanyol?***<br>Ilustrado – mga Pilipinong nakapag-aral sa loob at labas ng bansa.<br>a. Kilusang Sekularisasyon – kilusan ng mga paring Pilipino para patalsikin ang mga ordeng relihiyoso (mga prayle) mula sa mga parokya.<br>b. Kilusang Propaganda – Inilunsad ito ng mga ilustradong pumunta sa Espanya para mag-aral at mangampanya ng mga reporma sa Pilipinas.<br>Nakatulong ang mga ito sa pagpapalaganap ng nasyunalismo at sa paghahanda ng isip ng mga Pilipino para sa pagsiklab ng Rebolusyon ng 1896.<br><br>***8. Ano ang Rebolusyon ng 1896?***<br>Ang Rebolusyong 1896 ay<br>- isang armadong paglabang inilunsad ng mamamayang Pilipino para ibagsak ang kolonyal at pyudal na paghari ng mga Espanyol.<br>- inumpisahan ng Katipunan sa pamumuno ni Andres Bonifacio. Inihudyat ng Sigaw sa Pugadlawin noong Agosto 23, 1896 ang pagsisimula ng armadong paglaban sa mga kolonyalista.<br>Sa pagtindi ng pagsasamantala at pang-aaping kolonyal sa sambayanan, sumidhi rin ang pambansa-demokratikong hangarin ng malawak na masa ng mamamayan.<br>- Ika-19 na siglo lumitaw ang sibol ng proletaryado, at ang burgesyang Pilipino. | *Ilahad ang mga halimbawa ng kalupitan ng mga kolonyalistang Espanyol. Iugnay ito sa kasalukuyang gawi at paniniwalang umiiral pa sa mamamayan.*<br><br>*Talakayin nang tuluy-tuloy ang mga tanong bilang 6 hanggang 9.*<br>*Gamitin ang* Biswal 16-19 *at Apendiks A - Talaan 1: Mga Tampok na Pagbabangon Laban sa mga Kolonyalistang Espanyol* |

| | |
|---|---|
| ***9. Ano ang kinahinatnan ng Rebolusyong 1896?***<br>Bumagsak ang paghahari ng Espanya sa buong kapuluan liban sa Intramuros at ilang di mahalagang garison. Pero dahil sa panghihimasok at pananalakay ng imperyalismong US, hindi naganap ang pormal na pagsuko ng mga kolonyalistang Espanyol sa mga Pilipino. Ipinagkait sa mga rebolusyonaryong Pilipino ang tagumpay na dapat ay sa kanila. Makahayop na nilupig ng imperyalismong US ang sambayanang Pilipino at nagpatuloy ang kolonyal na katayuan ng Pilipinas. | *Ilahad ang kalagayan ng Spain at ng Pilipinas sa panahong inilunsad ang Rebolusyon sa 1896.*<br>*Ilahad ang paglitaw ng bagong mga uri sa yugtong ito. Magbigay ng mga halimbawa.*<br>*Sa pamaraang pakwento, baybayin ang mga tampok na pangyayari mula noong Sigaw sa Pugadlawin hanggang 1898.* |

***B. Ang kolonyal na paghahari ng imperyalismong US at ang pakikibaka rito ng sambayanang Pilipino***

| **Mahahalagang Punto** | **Mungkahing Paraan** |
|---|---|
| ***1. Bakit sinakop ng imperyalismong US ang Pilipinas?***<br>Sinakop ng US ang Pilipinas dahil sagana ito sa likas na yaman at murang lakas-paggawa at mapagtatambakan ito ng sobrang produkto at kapital. Gusto ring gamitin ng US ang Pilipinas bilang base sa pakikipag-agawan sa iba pang imperyalistang kapangyarihan sa pagkontrol sa Tsina at iba pang bahagi ng Asya. | *Ilinaw ano ang kalagayan ng US sa panahong ito.*<br><br>*Gamitin ang mga Biswal 20 -26. Tuluy-tuloy na talakayin ang # 1 at 2.* |
| ***2. Paano sinakop ng imperyalismong US ang Pilipinas?***<br>Prinsipal na ginamit ang kontra-rebolusyonaryong dahas at segundaryo, ang panlilinlang.<br>- Treaty of Paris<br>- Digmang Pilipino-Amerikano (1899- 1902)<br>> 126,468 tropang Amerikano laban sa 7 milyong Pilipino<br>> halos 200,000 Pilipinong sundalo ang napatay<br>> mahigit 250,000 sibilyan ang namatay<br>- pagpapalaganap diumano ng "kapayapaan," "awtonomya," "mapagpalang asimilasyon" | *Idiin ang napakalupit na pananakop ng imperyalistang US sa mamamayang Pilipino.* |
| ***3. Bakit at paano pinanatili ng imperyalismong US ang pyudalismo sa Pilipinas?***<br>Pinanatili ang Pyudalismo para<br>- kunin ang suportang pampulitika ng mga | *Tuluy-tuloy na talakayin ang # 3 - 5.* |

| | |
|---|---|
| panginoong maylupa, prinsipalya at mga taksil sa rebolusyon,<br>- tiyakin ang patuloy na suplay ng hilaw na materyales na mula sa mga pananim tulad ng tubo, niyog at abaka,<br>- gawing tiyak na pamilihan ang Pilipinas ng mga produktong imperyalista, at<br>- samantalahin ang murang lakas-paggawa.<br>• **Paraan:**<br>- pinapasigla at pinapalaganap ang sistemang asyenda<br>- mas malaking kapangyarihan sa mga PML<br>- mga batas hinggil sa lupa na higit pang nagpapahirap sa mga magsasaka.<br><br>***4. Paano naging malapyudal ang lipunang Pilipino sa ilalim ng kolonyal na paghahari ng imperyalismong US?***<br>- Pinaunlad nito nang mas mabilis ang ekonomyang nakabatay sa salapi na kumubabaw sa sistemang pyudal.<br>- Pinalakas ang pag-eeksport ng mga produktong agrikultural at nagtambak naman ito ng mga yaring produkto mula sa US.<br>- Nabangkrap ang mga magsasakang may sariling sinasakang lupa at nawasak ang lokal na pagyayaring-kamay. Lumitaw ang napakalaking reserbang pwersa sa paggawa na pangunahing nagmula sa uring magsasaka.<br>- Lumaki ang yamang nililikha ng mga manggagawa at magsasaka. Pero dahil sa patuloy na pagpapatindi sa pagsasamantalang kolonyal, pyudal at malapyudal, lalo silang nabaon sa paghihikahos.<br><br>***5. Paano pinanatili ng imperyalismong US ang kolonyal na paghahari nito sa Pilipinas?***<br>Pinanatili ang kolonyal na paghari ng imperyalismong US sa pamamagitan ng:<br>a. Patuloy na pagpapalakas sa kolonyal na mga armadong pwersa kahit nahuli na si Aguinaldo at nadurog ang pamunuan ng rebolusyon.<br>b. Pag-aalaga at pagsasanay sa mga papet na kakatulungin sa pagpapatakbo ng gubyernong kolonyal habang tuwirang hinahawakan nito ang kapangyarihan sa bayan. | *Gamitin ang Biswal 27 at ipakita ang patuloy na paglaban ng* |

| | |
|---|---|
| k. Pagkontrol ng mga mananakop sa pag-iisip ng mamamayan sa pamamagitan ng pagpatay sa diwang makabaya't rebolusyonaryo at pagpapalaganap ng pagsamba sa imperyalismong US.<br><br>***6. Paano ipinagpatuloy ng sambayanang Pilipino ang paglaban sa pananakop ng imperyalismong US?***<br>- paglaban ng mamamayan sa Luzon: Sakay (1902-1906); lubusang natapos ang digmang gerilya sa Luzon noong 1911 na.<br>- paglaban ng mga Pulahan sa Visayas<br>- paglaban ng mga mamamayan sa Mindanao (1902-1916)<br>- Naglitawan at lumaganap ang mga unyon ng manggagawa at samahang magsasaka. Sa buong dekadang 1920, sumiklab ang maraming ispontanyong paglaban ng masang manggagawa at magsasaka<br>- Pag-aalsa ng mga Colorum (1925)<br>- nagpatuloy ang makabayang propaganda at mga likhang-sining na nagtataguyod sa kalayaan.<br><br>***7. Ano ang kabuluhan ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino?***<br>Sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas, matatag na hinawakan ng uring proletaryado ang pamumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino.<br>Nagsikap ang Partido na isanib sa kongkretong kundisyon ng lipunang Pilipino ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo at itaas ang antas ng rebolusyong Pilipino sa bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa panahon ng imperyalismo. Nailatag ang matibay na pagkakaisang pampulitika ng uring manggagawa at uring magsasaka sa pamumuno ng Partido Komunista. | *sambayanan sa iba't-ibang bahagi ng kapuluan.*<br><br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang 6 at 7.*<br><br>*Ilinaw na sa yugto ng imperyalismo, ang kilusan sa pagpapalaya ng mga kolonya at malakolonya ay bahagi na ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon laban sa imperyalismo.* |

***K. Ang pakikibaka ng sambayanan laban sa mananalakay na Hapones***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| ***1. Bakit sinakop ng imperyalismong Hapones ang Pilipinas?*** | *Gumamit ng mapa o globo para ipakita ang mga nagdidigmaang* |

| | |
|---|---|
| - Malubha ang krisis sa mga kapitalistang bayan noong mga taong 1930. Nayanig ang balanse ng kapangyarihan sa pagitan at sa loob ng mga bayang imperyalista. Nakapangibabaw ang pasismo sa Germany, Italya at Japan.<br>-Sinimulan ng mga pasistang kapangyarihan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig para mang-agaw ng mga kolonya at iligtas ang kanilang sarili sa malubhang krisis. Sa Asya, nanalakay ang imperyalismong Hapones para agawin ang mga kolonya ng US, Britanya, Pransya at Holland<br><br>***2. Ano ang mga pangunahing katangian ng pananakop ng imperyalismong Hapones sa Pilipinas?***<br>- Marahas na sinupil at pinagsamantalahan ang sambayanang Pilipino. Naging laganap ang pangungumpiska sa ari-arian ng mga mamamayan.<br>- Nahati sa 2 paksyon ang mga MBK at PML: ang isa ay pumanig sa US at ang isa ay sa Hapon. Si Jose Laurel ay pangunahing papet sa panahon ng pananakop ng Hapon.<br><br>***3. Paano nilabanan ng sambayanan ang mananakop na Hapones?***<br>- kilusan sa pagboykot ng mga produktong Hapones (bago dumating ang mga Hapones)<br>- Nang masakop na ng Hapones ang Pilipinas, sumiklab sa lahat ng probinsya ang pakikidigmang gerilya. Itinayo ng Partido Komunista ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP) noong Marso 29, 1942. Nanguna ito sa armadong pakikibaka sa malawak na bahagi ng Gitna at Timog Luzon.<br>- Ang magiting na pakikibaka ng mamamayang Pilipino, kasama na ang Hukbalahap at iba pang makabayang gerilya, ang bumali sa gulugod ng mga mananalakay na Hapones. Ito rin ang nagpalaya sa malawak na bahagi ng bayan. | *imperyalistang kapangyarihan.*<br><br>*Gamitin ang Biswal 28-29*<br><br><br><br><br>*Ipakwento sa mga mag-aaral ang mga naririnig nilang mga kwento hinggil sa panahong ito. (Rendahan lang ang pagkukwento).*<br><br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang # 2 at 3.* |

***D. Ang pagbabalik ng imperyalismong US at ang papet na republika sa Pilipinas***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| ***1. Paano napanumbalik sa Pilipinas ang paghahari ng imperyalistang US?***<br>- Binomba ng mga Amerikano ang mga syudad at | *Ilinaw ang kalagayang umiral nang bumalik ang US sa Pilipinas at Asya.* |

| | |
|---|---|
| kabayanan ng Pilipinas hindi lamang para pasukuin ang mga natitirang pwersang Hapones kundi para din lumpuhin ang ekonomya ng Pilipinas. Sa gayon, mas madaling naipailalim muli ang Pilipinas sa kapangyarihan ng imperyalismong US<br>- Sinamantala ng imperyalismong US ang malakihang pagkawasak ng ekonomya ng bayan. Nagdikta ito ng mga di pantay na kasunduan at nangikil ng mga pribilehiyo kapalit ng mga bayad sa pinsala ng gera na pinakinabangan lamang ng mga kapitalistang Amerikano at ng lokal na mga naghaharing uri.<br>- Marahas na sinalakay ng imperyalismong US ang Partido Komunista, Hukbalahap at ang masang magsasaka sa Gitna at Timog Luzon.<br>- Sinuportahan at pinalakas ng imperyalismong US ang mga panginoong maylupa<br><br>***2. Paano naitatag ang papet na republika ng Pilipinas?***<br>- Noong Hulyo 4, 1946, ibinigay ng imperyalismong US ang huwad na kalayaan sa Pilipinas. Ginawa ito sa pangambang sumiklab ang isang digmang mapagpalaya sa Pilipinas.<br>- Tiniyak ng imperyalismong US na magpapatuloy ang kontrol nito sa Pilipinas. Nagdikta ito ng mga kasunduan na nagbigay sa kanya ng mga karapatan para patuloy na magpanatili ng mga base militar at tropa sa bayan, mag-ari at magpalawak ng mga negosyo dito at patuloy na makialam sa papet na gubyerno at armadong pwersa.<br>- Sa pagkakatatag ng papet na republika, naging malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino. Nananatili sa ilalim ng matinding pagsasamantala at pang-aapi ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang malawak na masa ng sambayanan – ang mga manggagawa, magsasaka, petiburgesya, at pambansang burgesya. | *Gamitin ang mga Biswal 30 Tuluy-tuloy na talakayin ang 1 at 2.* |
| ***3. Paano itinaguyod ng mga papet na rehimen ang mga interes ng imperyalismo at pyudalismo?***<br><br>*a. Rehimeng Manuel Roxas (1946-1948)*<br>- Kasunduang US-RP sa Pangkalahatang Relasyon<br>- Batas sa Ari-arian<br>- Batas Bell sa Kalakalan | *Gamitin ang biswal 31 -32. Bigyang diin ang kasalukuyang rehimen. Talakayin ang mga bagong batas at patakarang ipinatutupad ng rehimeng Arroyo (Human Security Act, Oplan Bantay Laya at mga pampulitikang pagpaslang).* |

| | |
|---|---|
| - Kasunduang US-RP sa mga Base Militar<br>- Kasunduang US-RP sa Tulong Militar<br><br>*b. Rehimeng Elpidio Quirino (1948-1953)*<br>- grabeng pangatake sa Partido at Hukbo<br>- sinuspindi ang *writ of habeas corpus*<br>- Kasunduan sa Pagpasok ng mga Mangangalakal at Mamumuhunan ng US<br>- Tratado ng US-RP sa Pagdedepensahan<br>- Pagpapatuloy ng walang taning sa bisa ng Kasunduang US-RP sa Tulong Militar<br><br>*k. Rehimeng Ramon Magsaysay (1953-1957)*<br>- huwad na reporma sa lupa<br>- pinag-ibayo ang pagpapadayo ng mga magsasaka sa mga prontera para pakalmahin ang pag-aalsa nila at pagtakpan ang pangangamkam ng lupa ng mga mapagsamantala. Ipinalaganap nito ang pagtatayo ng huwad na mga kooperatiba<br>- *Kasunduang Laurel-Langley* na nag-amyenda sa *Batas Bell sa Kalakalan*.<br>- pagtatayo ng SEATO<br><br>*d. Rehimeng Carlos Garcia (1958-61)*<br>- Batas Subersyon (1958)<br>- Palisiyang "Pilipino Muna" para tabunan ang kanyang pagkapapet<br>- Kasunduang Japan-RP sa Pagkakaibigan, Komersyo at Nabigasyon<br><br>*e. Rehimeng Diosdado Macapagal*<br>- inalis ang kontrol sa paglabas at pagpasok ng dolyar sa Pilipinas.<br>- Pagkaubos ng reserbang dolyar ng Pilipinas, ibinaba ang halaga ng piso sa P3.90 mula P2.00 bawat dolyar.<br>- patakarang "bukas na pinto" para sa mga puhunang US.<br>- *Kodigo sa Reporma sa Lupang Agrikultural* para linlangin ang mga magsasaka.<br>-pagpasok ng mga negosyong Hapones.<br><br>*g. Rehimeng Ferdinand Marcos (1966-1986)*<br>- Batas na Pangganyak sa Pamumuhunan<br>- Batas na Pagganyak sa Eksport<br>- muling ibinaba ng rehimeng Marcos ang halaga ng piso. Naging mahigit anim na piso bawat dolyar | |

| | |
|---|---|
| ang palitan<br>- pinalaganap nito ang militarisasyon at malawakang binuo ang mga yunit sa "kontra-insureksyon". Sinuspindi ang kasulatang habeas corpus (1971), pormal na idineklara nito ang paghaharing militar noong Septyembre 21, 1972<br>- Binago ang Konstitusyon ng 1935 para gawing ligal ang walang-taning na paghahari ng pangkating Marcos<br>- Lalong pinasigla ang kalakalang kolonyal<br>- Higit pang lumalim ang pagkakabaon ng Pilipinas sa utang sa mga dayuhan<br>- arbitraryong niratipika ni Marcos ang *Kasunduang Japan-RP sa Pagkakaibigan, Komersyo at Nabigasyon.*<br>- bagong batas sa reporma sa lupa (PD 27) para pakalmahin ang masang magsasaka.<br><br>*h. Ang rehimeng Corazon Aquino*<br>- Ipinagpatuloy at pinatibay ang mga patakaran sa ekonomya na nagbibigay sa imperyalismong US at iba pang dayuhan ng pribilehiyo para patuloy na makapandambong sa bayan at makapagkamal ng mas malalaking supertubo.<br>- Kosmetikong mga reporma tulad pagbabalik ng eleksyon at Kongreso. Kasabay, higit nitong pinatindi ang pasistang pananalakay sa mamamayan<br>- *Comprehensive Agrarian Reform Program* o *CARP*<br>- Isinabatas nito ang *Herrera Bill (*RA 6715)<br>- Ginamit ang usapang pangkapayapaan bilang paghahanda sa "total war" laban sa rebolusyonaryong kilusan. Matapos mabigo ang "usapan sa kapayapaan" noong Enero 1987, inilunsad ang "total war".<br><br>*i. Ang rehimeng Fidel Ramos*<br>- kasunduang ehekutibo sa pagitan ng US at Pilipinas kaugnay ng *Access and Cross Servicing* na nagbabalik sa presensya ng pwersang militar, kagamitang pandigma at mga pasilidad ng US sa Pilipinas<br>- "Philippines 2000"<br>- *General Agreement on Tariff and Trade (GATT)* at ang pagsapi sa *World Trade Organization (WTO)* | |

| | |
|---|---|
| - pinaiigting at pinalalawak ang mga patakarang kontra-manggagawa na tumitiyak sa mas murang lakas-paggawa tulad ng: pagpapahaba sa apprenticeship period, pagliligalisa sa kontraktwalisasyon ng paggawa o labor-only-contracting, walang-unyon at walang-welga<br>- Pinaghahati-hati ang mga manggagawa sa pamamagitan ng pagkupkop sa mga bagong dilawang organisasyong manggagawa tulad ng BMP<br>- *Agrarian Reform Communities (ARCs)*<br>- *Anti-Terrorism Bill*<br>- *National Reference Card System* (panukala)<br>- Aktibong ginagamit ang serbisyo ng mga oportunistang taksi<br><br>*l. Ang rehimeng Estrada (1998-2001)*<br>- ipinagpatuloy niya ang mga programa ng rehimeng Ramos na pawang mga patakarang dikta ng IMF-WB-WTO ayon sa pakanang globalisasyon ng imperyalista.<br>- pinuno ng gubyernong pinatakbo ng mga sindikatong kriminal.<br>- buu-buong itinulak ang mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon<br>- Visiting Forces Agreement (VFA)<br>- Oplan Makabayan<br>- Binalewala ang CARHRIHL na pinirmahan niya mismo at lahat ng naunang mga kasunduan sa NDF. | |
| *m. Ang rehimeng Macapagal-Arroyo*<br>- Pinag-ibayo ang pagpapatupad ng patakarang globalisasyon na dikta ng IMF-WB-WTO.<br>- pagpapahigpit sa tali ng liberalisasyon, deregulasyon, at pribatisasyon sa ekonomya ng Pilipinas.<br>- lalong nabangkrap ang dati nang bangkrap na kabuhayan ng Pilipinas – umabot sa P3 trilyon ang kabuuang utang ng gobyerno.<br>- Higit na naging malaganap at lantad ang maraming kaso ng korapsyon sa iba't ibang antas ng reaksyunaryong gubyerno<br>- US-RP Mutual Logistics Support Agreement (MLSA).<br>- "gera laban sa terorismo"<br>- Sa unang taon pa lamang, nalampasan na nito | *Ipabahagi sa mag-aaral ang nakikita o naranasan nilang pagtindi sa panlipunang kalagayan sa kasalukuyang rehimen. Maaaring ihambing sa iba pang mga rehimen na naabutan nila.* |

| | |
|---|---|
| ang rekord ng gubyernong Estrada sa mga paglabag sa karapatang-pantao.<br>- Tiniyak ang kanyang "panalo" sa eleksyong 2004 | |
| **4. Sa ilalim ng papet na republika, paano ipinagpatuloy ng sambayanang Pilipino ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya?**<br>- Mula 1946 hanggang 1955, ang pinakamaka-buluhang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya ay nasa pamumuno ng Partido Komunista. (Noong 1955, ipinatupad ni Jesus Lava ang patakarang itigil ang armadong pakikibaka. Nagtago siya sa syudad hanggang noong 1964 nang sumuko siya sa rehimeng Macapagal)<br>- Huling bahagi ng dekada 1950 at maagang bahagi ng dekada 1960, naging aktibo ang mga pambansang burges sa pamumuno ni Recto. Nagpropaganda sila laban sa pagkontrol ng imperyalismong US sa Pilipinas.<br>- Noong 1961, nagsimula ang muling paglakas ng rebolusyonaryong kilusang masa. Inihudyat ito ng demonstrasyon ng mga kabataan laban sa Komite sa mga Aktibidad na Anti-Pilipino (CAFA) ng papet na Kongreso.<br>- Sa ilalim ng rehimeng Marcos, ibayong lumakas at lumawak ang rebolusyonaryong kilusan. Libu-libong manggagawa, magsasaka at estudyante ang lumahok sa sunud-sunod ang demonstrasyon.<br>- Noong Disyembre 26, 1968, muling itinatag ng dati at bagong mga proletaryong rebolusyonaryo ang Partido Komunista ng Pilipinas sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.<br>- Noong 1992, inilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) upang itakwil at ituwid ang adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod na lumitaw sa loob ng Partido na nagdulot ng malaking pinsala. Matagumpay na naitakwil ng Partido ang mga kontrarebolusyonaryong taksil, naiwaksi ang masasahol na anyo ng mga paglihis at pagkakamali. Ang Partido ay higit ngayong konsolidado sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Nagpupursige ito sa tamang landas ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. | *Bigyang diin ang kasalukuyang paglaban ng mamamayan. Ipakita ang mahabang kasaysayan sa paglaban ng mamamayang Pilipino sa mga dayuhan at lokal na mapagsamantala at mapang-aping uri.*<br><br>*Gamitin ang Biswal 33* |

**III. Ang imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang mga ugat ng kahirapan ng sambayanang Pilipino.**
*Nota:* Maaaring talakayin ang paksa sa loob ng isa at kalahating oras.

Pagbubukas ng paksa:

Ilinaw na ang Pilipinas ay kontrolado ng imperyalismong US, kasabwat ang lokal na mga naghaharing uri — ang malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Kinakatawan ng mga ito ang paghahari ng tatlong salot na pahirap sa sambayanang Pilipino: ang imperyalismong US, pyudalismo, at burukratang kapitalismo.

***A. Ang imperyalismong US ang pangunahing dahilan ng kahirapan ng sambayanang Pilipino***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang imperyalismo?**<br>Ang imperyalismo ay ang monopolyong yugto ng kapitalismo, ang huling yugto ng kapitalismo.<br>Sa panahon ng imperyalismo, nakonsentra sa kamay ng iilang malaking kapitalista ang puhunan sa industriya at bangko na kanilang pinagsanib. Sa gayon, nakokontrol nila ang buu-buong mga industriya at nakapagdidikta sila ng laki ng produksyon, presyuhan at pagpapautang.<br>Hawak ng mga monopolyong kapitalista ang mga pamilihan, pinagmumulan ng hilaw na materyales, modernong teknolohiya at bihasang paggawa (skilled labor). Pati ang kapalaran ng mas maliliit na kapitalista ay mapagpasyang naiimpluwensyahan nila.<br><br>**2. Bakit katangian ng imperyalismo ang pananakop at pagkontrol sa mga atrasadong bayan?**<br>Ang mga bayang ito ang pinagkukunan ng murang hilaw na materyales, pinagtatambakan ng mga produktong yari sa imperyalistang bayan at pinagdadalhan ng sobrang kapital. Mula sa pamumuhunan, kalakalan at pagpapautang sa mga atrasadong bayan, nagkakamal ang mga imperyalista ng supertubo.<br>Kaya sa panahon ng imperyalismo, pinaghahati-hatian ng mga imperyalistang bayan ang daigdig. Nakabatay sa lakas ng kanilang ekonomya at | *Gamitin ang Biswal 34 - 45.*<br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang #1 - 4.*<br>*Ilarawan ng imperyalismo sa pamamagitan ng mga halimbawang malapit sa karanasan ng mag-aaral.* |

| | |
|---|---|
| militar ang lawak ng teritoryong sakop ng bawat imperyalistang kapangyarihan.<br><br>**3. Bakit nangangahulugan ng gera ang imperyalismo?**<br>Kakambal ng imperyalismo ang gera at pagpapalakas sa militar. Kakabit ito ng pagtatanggol at pagsusulong ng mga imperyalista sa kanilang mga interes sa ekonomya sa sariling bayan, sa kanilang mga kolonya at malakolonya at sa buong daigdig. Dalawang digmaang pandaigdig na ang naganap dahil sa pag-aagawan ng mga imperyalistang kapangyarihan sa teritoryo.<br>Isang malaking negosyo ng mga imperyalista ang manupaktura at pagbebenta ng mga armas at kagamitan sa digma.<br><br>**4. Kaaway ba ng sambayanang Pilipino ang mamamayan ng mga imperyalistang bayan?**<br>Hindi. Ang mamamayan sa mga imperyalistang bayan ay pinagsasamantalahan at inaapi ng mga monopolyong kapitalista at mga tauhan nila sa gubyerno at militar. Mga manggagawa ang mayorya sa kanila. | |
| **5. Paano kinokontrol ng imperyalismong US ang Pilipinas?**<br>***a. Larangan ng ekonomya***<br>1) Paghawak ng mga monopolyong kapitalista ng US sa estratehikong mga industriya sa Pilipinas tulad ng industriya ng petrolyo, bangko at pananalapi, komunikasyon, transportasyon at mina.<br>2) Patuloy na pagkatali ng ekonomya ng Pilipinas sa eksport at import.<br>3) Pagkatali ng piso sa dolyar.<br>4) Pagkabaon ng Pilipinas sa utang sa mga dayuhan.<br><br>***b. Sa larangan ng pulitika***<br>1) Kontrolado ng imperyalismong US ang papet na gubyerno at ang reaksyunaryong armadong pwersa ng Pilipinas.<br>2) Nagpapatuloy ang pagpupusisyon ng mga tropang Amerikano at kagamitang pandigma ng US sa Pilipinas sa ilalim ng Kasunduang Access | *Magbigay ng ilang halimbawa na nagpapakita sa mga ito. Tiyaking pamilyar sa mag-aaral ang mga halimbawa at iugnay ito sa lokal na kalagayan.* |

| | |
|---|---|
| and Cross-Servicing, Tratadong US-RP sa Mutwal na Pagdedepensahan at Kasunduang US-RP sa Tulong Militar.<br><br>***k. Sa larangan ng kultura***<br>Ipinapalaganap sa bayan ang mga ideyang palasamba at palaasa sa imperyalismong US. Para ipalaganap ang imperyalistang kultura, itinataguyod ang paggamit ng Ingles sa mga eskwelahan, negosyo at sa gubyerno. Lubusang ginagamit ang mga paaralan sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga kurikulum at mga libro. Mahalagang kasangkapan din ang mga sine, dyaryo, telebisyon, panitikan at sining.<br><br>***d. Sa larangan ng ugnayang panlabas***<br>Dinidiktahan ng imperyalismong US ang patakarang panlabas ng papet na gubyerno. Saligang katangian ng patakarang ito ang pagiging sunud-sunuran sa mga patakaran at programa ng imperyalismong US sa ugnayang pandaigdig.<br><br>**6. Paano pinagsasamantalahan ng imperyalismong US ang sambayanang Pilipino?**<br>Tatlong pangunahing paraan ang ginagamit ng imperyalismong US:<br>**a. Kolonyal na kalakalan.** Binibili ng imperyalismong US ang mga eksport ng Pilipinas sa napakamurang halaga at nagbebenta naman dito ng mga produkto sa napakataas na presyo. Sa kalakalang ito, laging lugi ang Pilipinas habang limpak-limpak namang tubo ang napupunta sa mga imperyalista.<br>**b. Tuwirang pamumuhunan.** Ang mga monopolyong kapitalistang US ay nagtatayo sa Pilipinas ng mga sangay ng kanilang mga korporasyon o kaya'y nakikisosyo sila sa malaking burgesyang kumprador. Sinasamantala nila ang murang lakas-paggawa sa bayan. May iba't ibang kaluwagan pa sila sa buwis at pagnenegosyo na ibinibigay ng papet ng gubyerno.<br>**k. Pagpapautang.** Sadyang ibinabaon ng imperyalismong US ang Pilipinas sa utang. Mula sa pagpapautang sa Pilipinas, tumutubo ang mga imperyalista ng malaking interes at nakakapagdikta ng mga kundisyong nagpapaluwag | *Gamitin ang Biswal.* |

| | |
|---|---|
| pa sa pandarambong at lalong nagpapahigpit ng kontrol nila sa bayan. | |

***B. Ang pyudalismo bilang ugat ng kahirapan ng sambayanang Pilipino.***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang pyudalismo?**<br>Pyudalismo ang sistema ng produksyon na ang pangunahing pwersa sa produksyon ay mga magsasaka at ang lupang binubungkal nila. Sa sistemang pyudal, ipinabubungkal sa masang magsasaka ang malalawak na lupaing pag-aari ng mga panginoong maylupa. Pinagbabayad ang una ng napakataas na upa sa lupa.<br><br>**2. Ano ang mga palatandaan ng pag-iral ng pyudalismo sa Pilipinas?**<br>a. Monopolyo at kontrol ng iilang panginoong maylupa sa malalawak na lupain at kakulangan o kawalan ng lupa ng masang magsasaka<br>b. Laganap na pagsasamantalang pyudal tulad ng napakataas na upa sa lupa, usura at pang-aalila sa masang magsasaka.<br>k. Atrasado at maliitang pagsasaka sa malaking bahagi ng kanayunan<br><br>**3. Paano naghihirap ang magsasaka sa ilalim ng pananatili ng pyudalismo sa malawak na kanayunan?**<br>a. Pangingikil ng mataas na upa sa lupa<br>b. Usura o pagpapautang sa napakataas na interes<br>k. Napakababang pasahod<br>d. Pang-aalila at tributo<br>e. Pang-aagaw ng mga panginoong maylupa sa lupa ng mga magsasaka<br><br>**4. Paano pinahihirapan ng pyudalismo ang buong sambayanang Pilipino?**<br>Ito ang pinakamalaking dahilan ng pagkaatrasado ng ekonomya ng bayan.<br>Dahil tumatanggap ng upa sa lupa na sobra-sobra sa mga pangangailangan at luho nila, walang interes ang mga panginoong maylupa sa pagpapaunlad ng pamamaraan ng pagsasaka.<br>Dahil sa monopolyo sa lupa at atrasadong pagsasaka, maraming taganayon ang pwersadong pumunta sa kalunsuran para maghanapbuhay. Sa kalagayang sobra-sobra ang | *Gamitin ang Biswal 46 - 53. Tuluy-tuloy na talakayin ang # 1 at 2.*<br><br>*Magbigay ng mga lokal na halimbawa na nagpapakita ng mga palatandaan ng pag-iral ng pyudalismo.*<br>*Isuma ang mga halimbawang ibinigay at iugnay ito sa pag-iral ng pyudalismo sa buong Pilipinas.*<br><br>*Maglahad ng mga kongkretong datos mula sa mga kasong pinag-aralan mula sa lokalidad.*<br><br>*Ipakita ang kongkretong epekto ng pyudalismo sa mga magsasaka at buong mamamayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga buhay na halimbawa mula sa panimulang PPPU na isinagawa sa baryo.* |

| | |
|---|---|
| nagkukumpitensyahan sa limitadong oportunidad sa trabaho, lalong nakakapagdikta ang mga dayuhan at lokal na kapitalista ng mababang sahod at di makataong kundisyon sa paggawa.<br>Dahil pinaghihikahos ng pyudalismo ang pinakamalaking bilang ng mamamayan, limitado ang pamilihan ng mga produkto ng industriya sa loob ng bayan.<br>Malaking hadlang ang pyudalismo sa industriyalisasyon at tumutulong ito para lalong makontrol ng mga dayuhang monopolyong kapitalista ang ekonomya ng bansa.<br><br>**5. Bakit pyudalismo ang baseng panlipunan ng imperyalismo?**<br>Ang pyudalismo ay pinananatili ng imperyalismong US para pamalagiing naghihirap ang malawak na sambayanan, supilin ang pinakamalaking uri, ang uring magsasaka, at manipulahin ang atrasadong kalagayan ng bayan. Sa gayon, napapakinabangan nito ang murang paggawa at murang hilaw na materyales. Nasa proteksyon naman ng imperyalismong US ang pananatili sa kapangyarihan ng mga panginoong maylupa. Kaya sinasabi na baseng panlipunan ng imperyalismong US ang katutubong pyudalismo. | <br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>*Ilinaw ang papel ng imperyalismo sa pagpapanatili ng pyudalismo, at ang ugnayan ng dalawa sa pagpapahirap sa mamamayan.* |

***K. Ang burukratang kapitalismo bilang ugat ng kahirapan ng sambayanang Pilipino***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang burukratang kapitalismo?**<br>Ang burukratang kapitalismo ay ang pagpapatakbo sa gubyerno nang parang negosyo at para sa pagpapayaman ng mga nakaupo sa kapangyarihan.<br>- Ang malalaking burukrata o upisyal ng reaksyunaryong gubyerno ay pawang mga kinatawan at bahagi ng uring malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.<br><br>**2. Paano pinahihirapan ng burukratang kapitalismo ang sambayanang Pilipino?**<br>Sa pamamagitan ng:<br>a. Pasismo at pagsupil sa mamamayan<br>b. Pagpasok sa mga di-pantay na kasunduan at pagpapatupad ng mga batas at programa na | *Gamitin ang Biswal 54 – 59. Ilarawan ang pag-iral nito sa pambansa at lokal na antas; maaaring magtukoy rin ng mga personahe sa pambansa o lokal na antas para higit na makongkreto ang pagkilala sa mga burukratang kapitalista. Tanungin ang mag-aaral sa pagkakakilala nila sa mga tinukoy na personahe. Ilinaw ang mga anyo ng pagpapahirap ng mga burukratang kapitalista sa masang anakpawis. Paglaharin ang mag-aaral sa kanilang karanasan kaugnay* |

| | |
|---|---|
| nagtataguyod ng pagsasamantala ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri<br>k. Kabulukan sa gubyerno<br>d. Panlilinlang sa mamamayan<br>e. Pagsangkot sa kriminal iligal naaktibidad. | *nito. Ilinaw ang papel ng lokal na burukrata, AFP, PNP, CAFGU, mga kontrarebolusyonaryong armadong grupo (RPA-ABB, RHB, HMB at iba pa) at mga lokal na maton ng mga naghaharing uri sa pagpapanatili ng kapangyarihan ng mga PML at MBK sa lokalidad.* |

***D. Ang pagsasabwatan ng tatlong salot sa pagpapanatili ng lipunang malakolonyal at malapyudal***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Paano nagsasabwatan ang imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa pagpapahirap sa sambayanang Pilipino?**<br>Ang imperyalismong US ang pangunahing nakikinabang at pinakamapagpasyang pwersang nagtataguyod sa kasalukuyang naghaharing sistema sa Pilipinas. Pangunahing kasangkapan nito ang malaking burgesyang kumprador (MBK) sa pagsasamantala sa sambayanang Pilipino.<br>- Pinapanatili ang pyudalismo para pamalagiing atrasado at nakasandig sa US ang bayan.<br>-Pinag-uugnay ng burukrata kapitalismo at pinangangalagaan ang interes ng imperyalismo at pyudalismo laban sa pagtutol at pakikibaka ng mamamayan.<br><br>**2. Paano naging malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino bunga ng pagsasabwatan ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo?**<br>Ang malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino ay pangunahing itinatakda ng pagkubabaw ng monopolyong kapitalismo ng US sa lumang pyudal na paraan ng produksyon sa Pilipinas. Ang kongkretong resulta nito ay ang pagkaagnas at pagkalusaw ng natural na ekonomyang nakakasapat sa sarili na naging ekonomyang pangkalakal.<br>Ang pyudalismo ay pinasisigla at pinananatili ng imperyalismong US para pamalagiing naghihirap ang malawak na masa ng mamamayan, supilin ang pinakamalaking uri, ang uring magsasaka, at manipulahin ang atrasadong kalagayan ng bayan nang sa gayo'y makakuha rito ng murang paggawa | *Talakayin nang buo ang letra D. Gamitin ang biswal sa paglilinaw ng mga punto.*<br><br>*Magbigay ng mga halimbawang malapit sa karanasan ng mag-aaral.* |

| | |
|---|---|
| at murang hilaw na materyales. Sa ganitong pakahulugan, sinasabi na batayang panlipunan ng imperyalismong US ang pananatili ng pagsasamantala ng mga panginoong maylupa.<br>Ang mga pundamental na problema ng sambayanang Pilipino ay hindi maaasahang lutasin ng kasalukuyang reaksyunaryong estado dahil, unang-una, likha at papet na instrumento ito ng imperyalismong US at pyudalismo. | |

**IV. Demokratikong rebolusyong bayan ang tanging solusyon sa mga pundamental na problema ng sambayanang Pilipino.**
*Nota:* Ilahad ang daloy ng paksa. Maaaring talakayin sa loob ng dalawang oras.

***A. Ang demokratikong rebolusyong bayan***

| **Mahahalagang Punto** | **Mungkahing Paraan** |
|---|---|
| **1. Bakit rebolusyon ang tanging solusyon sa pundamental na mga problema ng sambayanang Pilipino?**<br>- Hindi kailanman kusang isusuko ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri ang kanilang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika.<br><br>**2. Bakit pambansa-demokratiko ang katangian ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino?**<br>- Pambansang rebolusyon ito dahil pangunahing iginigiit nito ang pambansang soberanya laban sa imperyalismong US at mga lokal na tuta nito.<br>- Demokratikong rebolusyon ito dahil pangunahing inilulunsad ang pakikibakang magsasaka para sa lupa at laban sa katutubong pyudalismo. Itinataguyod din nito ang mga demokratikong karapatan ng malawak na masa ng sambayanan laban sa pasismo.<br><br>**3. Bakit bagong tipo ang pambansa-demokratikong rebolusyon na inilulunsad sa Pilipinas?**<br>Bagong tipo ang kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon dahil ang makauring pamumuno nito ay wala na sa burgesya kundi nasa proletaryado at ang patutunguhan ng rebolusyon ay hindi kapitalista kundi sosyalista. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang buong letra A.*<br>*Gamitin ang Biswal 60 - 61.*<br><br>*Ilinaw ang katangian ng rebolusyong kasalukuyang isinusulong ng mamamayang Pilipino.*<br><br>*Idiin na ang tagumpay ng DRB ang naglalatag ng materyal na mga kundisyon at nagluluwal ng mga pwersa at mga kaparaanan para sa paglulunsad at pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon. Hindi maaaring simulan ang sosyalistang* |

| | |
|---|---|
| - Hindi maibabagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo kung ang malawak na masa ng sambayanan ay hindi pamumunuan ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado, ang Partido Komunista ng Pilipinas, sa kataastaasang patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.<br><br>**4. Ano ang perspektiba ng demokratikong rebolusyong bayan?**<br>- Sosyalismo ang perspektiba ng demokratikong rebolusyong bayan. Kagyat na sisimulan ang rebolusyong sosyalista sa tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.<br>- Ang sosyalismo ay ang sistemang panlipunan na ang kapangyarihang pang-estado ay nasa kamay ng uring manggagawa at ang mga kagamitan sa produksyon ay pag-aaring publiko. Ang sistema ng apropriyasyon ay may katangiang sosyal alinsunod sa katangiang sosyal ng malakihang produksyon. Sa sistemang ito, planado ang produksyon para sa pakinabang ng buong lipunan.<br>- Ang diktadura ng proletaryado ang bag-as ng demokratikong diktadurang bayan. | *rebolusyon hangga't hindi naipagtatagumpay ang DRB.* |

***B. Ang mga kaibigan at kaaway ng rebolusyon***

Sa paglulunsad ng DRB, mahalagang makilala kung sino ang mga kaibigan at kung sino ang mga kaaway para natutukoy natin kung paano wastong pakikitunguhan ang bawat isa sa mga ito.

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Paano makikilala ang lokal na mga naghaharing uri?**<br>Mga kaaway ng sambayanang Pilipino ang imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa na bumubuo ng 1% lamang ng populasyon.<br>- Bilang mga naghaharing uri, sila ang kumokontrol at nagpapasasa sa yaman ng Pilipinas. Kontrolado din nila ang reaksyunaryong gubyerno at mga armadong pwersa nito.<br><br>**2. Paano makikilala ang bumubuo sa sambayanang Pilipino?**<br>- Magkakakampi sa rebolusyon ang proletaryado, uring magsasaka, petiburgesya at sa ilang panahon at limitadong saklaw, ang pambansang burgesya.<br>- Sila ang 99% ng populasyon pero sila ang | *Gamitin ang Biswal 62 at Apendiks B: Mga Uri sa Lipunang Pilipino sa pagtalakay sa mga batayang katangian ng bawat uri sa lipunang Pilipino, ang papel nila sa larangan ng ekonomya at paninindigan sa pulitika/rebolusyon.*<br>*Magbigay ng mga lokal na halimbawa na pamilyar sa mga mag-aaral. Maaaring magsampol ng proseso o paraan ng pagsusuri ng uri sa baryo.* |

| | |
|---|---|
| dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. | |
| **3. Bakit mahalagang bigyang-pansin ang natatanging mga grupo sa lipunan?**<br>a. Mangingisda. Importanteng-importante sila sa pagkakawing at pagdedepensa sa mga pulo at sa pagpapakain sa mamamayan. Pwede nilang payamanin ang teorya at praktika ng digmang bayan sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa pakikidigmang dagat at pakikidigmang inilulunsad sa mga ilog, lawa at wawa.<br>b. Pambansang minorya. Marami sa kanila ang naitaboy sa pinakaliblib na lugar, at ang mga ito ay pwedeng gawing makapangyarihang mga base para sa rebolusyonaryong pakikidigma.<br>k. Setler. Importante sila dahil sila'y inaapi, marami at nasa tereyn na paborable sa armadong pakikibaka. Sa ilang probinsya, ang mga setler ang mayorya ng lokal na populasyon.<br>d. Kababaihan. Kalahati sa 80M Pilipino. Obhetibong interes ng kababaihan mula sa mga pinagsasamantalahan at inaaping uri at sektor ang pagrerebolusyon. Tanging sa rebolusyonaryong pagbabago ng mga panlipunang kundisyon mabubunot ang magaganit na pang-ekonomya, pampulitika, pang-ideolohiya at sosyo-kultural na ugat ng pangkasarian at makauring pang-aapi sa masang kababaihan.<br>e. Kabataan. Binubuo ng mga may edad 13-35 taon. 35% sa populasyon. Taglay nila ang kasiglahan ng pag-iisip at pangangatawan. Bukas ang isip nila sa pagbabago, sa pagrerebolusyon. Sila'y bagong pwersa na dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi, interesado at handang makibaka para wakasan ang naghaharing sistema at itayo ang mas maaliwalas na bukas. Sila ang tagapagmana at tagapagpatuloy ng rebolusyon. | *Gamitin ang Apendiks K: Ang Natatanging Mga Grupo sa Lipunan sa pagtalakay.*<br>*Ilinaw na ang pagbibigay ng Partido ng espesyal na atensyon sa mga grupong panlipunang ito ay hindi para palabuin o pawalan ng halaga ang makauring nilalaman kundi para bigyan ng nararapat na atensyon ang partikular na kundisyong taglay o kailangan ng bawat grupong panlipunan.* |
| **4. Bakit mahalaga ang pana-panahong pagsusuri sa mga uri sa proseso ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan?**<br>Pwedeng mangyari na maikaklasipika ang isang tao sa dalawa o higit pang kategorya ng uri. Pwedeng tukuyin ang prinsipal na katangian ng uri ng taong | *Ipakita ang kahalagahan ng pana-panahong pagsusuri ng mga uri sa pamamagitan ng pagbibigay ng kongkretong halimbawa.* |

| | |
|---|---|
| ito batay sa kanyang prinsipal na pinagkakakitaan. Walang isinisilang na Pula kahit sa mga anakpawis. Sa gayon, dapat bigyan ng nararapat na importansya ang pamantayan ng paninindigang pampulitika at ang proseso ng pagbabago ng ideolohiya.<br>Kailangan natin ang paulit-ulit na pagsusuri sa mga uri para tama nating masapol ang mga pagbabago sa pampulitikang aktitud na ibinubunga ng bagong materyal na kundisyon, at ang mga pagbabago sa materyal na kundisyon dahil sa mga pagbabago sa pampulitikang aktitud. | |

***K. Ang tatlong mahahalagang sandatang kailangan para magtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan***

Ang tatlong sandata ng rebolusyong Pilipino ay ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan at ang pambansang nagkakaisang prente.

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Bakit kailangan ang makauring liderato ng proletaryado at ng Partido nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas?**<br>Ang Partido Komunista ng Pilipinas ang pinakaabanteng kumakatawan at prinsipal na instrumento ng rebolusyonaryong liderato ng proletaryadong Pilipino sa pagtupad sa makasaysayan nilang tungkulin. Binubo ang Partido ng pinakaabanteng mga elemento ng proletaryado at kung gayo'y konsentradong ekspresyon ito ng lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng proletaryado bilang uring namumuno.<br>Kung wala ang PKP, hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong kilusan. Responsable ang Partido sa tamang paggamit ng unibersal na teorya ng MLM sa kongkretong kundisyon ng lipunang Pilipino. Ang praktikal na liderato at mga patakaran nito ang nagtatakda sa takbo ng rebolusyonaryong kilusan. Bilang pangkalahatang pamunuan ng rebolusyong Pilipino, tinitiyak ng Partido na maisusulong ng tamang estratehiya at mga taktika ang rebolusyon. | *Gamitin ang Biswal 63 – 65. Diinan sa pagtalakay ang mapagpasyang papel ng PKP sa tagumpay ng DRB at sosyalistang perspektiba ng ating rebolusyon.* |
| **2. Bakit kailangan ang kilusang magsasaka at ang armadong pakikibaka?**<br>Ang uring magsasaka ang kalakhang pwersa ng rebolusyong Pilipino. Kung wala ang makapangyarihang suporta nila, hinding-hindi | *Diinan ang napakahalagang papel ng kilusang magsasaka sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.* |

| | |
|---|---|
| magtatagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan.<br>Mabubuo lamang ang mga pangunahing armadong pangkat ng rebolusyong Pilipino sa paglulunsad ng gerang magsasaka. Sa uring magsasaka lamang pwedeng magmula ang malawak na mayorya ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbang Bayan.<br><br>**3. Bakit kailangang itayo ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka bilang pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente?**<br>Sa pagbubuo lamang ng saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka pwedeng maakit sa pambansang nagkakaisang prente ang mga panggitnang pwersang tulad ng petiburgesya at pambansang burgesya para maihiwalay ang mga pusakal na kaaway. Nagsisilbi ang pambansang nagkakaisang prente sa linyang pampulitika ng Partido. Ang tunay na nagkakaisang prente para sa DRB ay para sa paglulunsad ng armadong pakikibaka. | <br><br><br><br><br><br><br><br><br>*Ipaliwanag na naisasapraktika ito sa pagbubuo ng mga OKP at ng BHB.*<br>*Ilinaw na kailangan ang pambansang nagkakaisang prente para pakilusin ang pinakamalawak na masang pinagsasamantalahan at inaapi dahil hindi magtatagumpay ang rebolusyon kung PKP at BHB lamang ang kikilos.* |

**D. Ang matagalang digmang bayan at ang estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang matagalang digmang bayan?**<br>- Ang matagalang digmang bayan ay ang rebolusyonaryong digma na pangunahing inilulunsad sa kanayunan ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at mamamayang Pilipino para kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya.<br>- Sa matagalang digmang bayan pangunahing diin ang pagsusulong ng rebolusyon sa kanayunan. Dito matatagpua ang pinakamahinang kawing sa kapangyarihan ng kaaway, ang malawak na kalupaang paborable sa armadong pakikibaka, at ang masang magsasaka na pangunahing pwersa ng rebolusyon.<br>- Sa kanayunan, nakakapag-ipon ang rebolusyonaryong mga pwersa ng lakas na pandurog sa kaaway. Hakbang-hakbang na pinapaunlad ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at mga baseng rebolusyonaryo hanggang sa mapantayan at sa kalauna’y | *Gamitin ang Biswal 66 – 69.*<br>*Bigyang diin ang:*<br>- *papel ng kanayunan sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan;*<br>- *estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan.*<br><br>*Magbigay ng kongkretong mga halimbawa.* |

| | |
|---|---|
| malamangan at magapi ng hukbong bayan ang armadong pwersa ng kaaway.<br>- Sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan, ginagamit natin ang estratehikong linyang kubkubin ang mga lunsod mula sa kanayunan. Matatag nating pinauunlad ang mga base at sonang gerilya sa iba't ibang estratehikong lugar sa bayan. Mula sa ganoong mga base ay maaagaw natin sa wakas ang mga lunsod at makasusulong tayo tungo sa tagumpay sa buong bansa. | *Idiin ang papel ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran bilang segundaryo ngunit mahalaga sa pamamagitan ng kongkretong mga halimbawa.* |
| **2. Ano ang rebolusyonaryong kilusang inilulunsad sa kalunsuran?**<br>Segundaryong tungkulin na paunlarin ang rebolusyonaryong kilusang lihim, at ang malawak na demokratikong kilusang masa sa kalunsuran. Ang pangunahing katangian ng rebolusyonaryong kilusang inilulunsad sa kalunsuran ay ang pagiging ligal at depensiba.<br>Sa kalunsuran pinupukaw, inoorganisa't pinapakilos ang masa ng mga manggagawa at iba pang maralita, gayundin ang petiburgesya (laluna ang mga estudyante't guro), at iba pang gitnang pwersa para sa mga pakikibakang anti-imperyalista at antipasista, at para suportahan ang rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. | *Ipasagot sa mag-aaral ang tanong. Isuma ang mga sagot.* |
| **3. Paano ang ugnayan ng rebolusyonaryong kilusang inilulunsad sa kanayunan at kalunsuran?**<br>Ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan ay nagbibigay-sigla sa rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran.<br>Sa kabilang banda, ang rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ay nagbibigay ng kinakailangang suportang pampulitika, tao at materyal sa rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. | |

***E. Ang programa ng demokratikong rebolusyong bayan***

Pagbubukas ng paksa:

Ipaliwanag na isinasaad ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan ang mga saligang prinsipyo, layunin at tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan. Batay ito sa “Programa sa Demokratikong Rebolusyong Bayan” na pinagtibay ng PKP noong 1968. Tinatanggap ito ngayon ng malawak na masa bilang gabay sa pagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan. Napatunayan nang wasto ang pangunahing mga

nilalaman nito mula sa rebolusyonaryong pakikibaka sa nakaraang mahigit tatlong dekada.
Gamitin ang Biswal 70-74.

Maaaring ipabasa at ipaliwanag ang sumusunod:

**1. Ang sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan**
Sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan na ibagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo at agawin at konsolidahin ang kapangyarihang pampulitika. Layunin nitong palayain ang sambayanang Pilipino sa dayuhan at pyudal na pagsasamantala at pang-aapi.

**2. Ang tungkulin ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa larangan ng pulitika**
Isang bagong demokratikong republika na pinamumunuan ng proletaryado at nagtutugma-tugma sa mga interes ng lahat ng rebolusyonaryong uri't saray ang papalit sa kasalukuyang huwad na republika na walang iba kundi papet na likha ng imperyalismong US at mapamwersang instrumento ng mga mapagsamantalang uri. Ang republikang ito ay magkasanib na diktadura ng lahat ng rebolusyonaryong uri't saray na pamumunuan ng proletaryado.
Kahit hindi pa lubusang naibabagsak sa buong bayan ang reaksyunaryong estado, itatatag na ang demokratikong gubyernong bayan sa mga lugar na nagtagumpay na ang mamamayan

**3. Ang mga tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan sa larangang militar**
Ang Bagong Hukbong Bayan ang magiging sandigan ng sistema ng demokratikong estadong bayan. Prinsipal na tungkulin nito ngayon na agawin at konsolidahin ang kapangyarihang pampulitika.
Dapat magkaroon ng katangiang masa ang lahat ng armadong pwersa ng bayan at dapat pamunuan ang mga ito ng PKP. Sa proseso ng pagsulong ng armadong pakikibaka mapauunlad ang mga pangunahing anyo ng armadong pwersa ng bayan: ang regular na pwersang makilos, ang mga gerilyang bayan at ang milisyang bayan.

**4. Ang mga tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan sa larangan ng ekonomya**
Kukumpiskahin at isasabansa ang mga pag-aari ng mga imperyalista, malaking burgesyang kumprador, malalaking burukrata kapitalista at mga taksil.
Magkakaroon ng katangiang sosyalista ang sektor na pang-estado ng ekonomya at magiging namumunong salik sa pambansang ekonomya.
Kukumpiskahin at isasabansa ang lupa ng mga panginoong maylupa at ipamamahagi nang libre sa mga magsasakang walang lupa o kulang sa lupa. Ipapatupad ang prinsipyo ng pantay-pantay na pag-aari ng lupa. Uumpisahan ang mga empresang kooperatiba sa mga may-aring nagbubungkal at iba pang maliliit na prodyuser bilang unang hakbang tungo sa sosyalismo.

Papayagan ang pambansang burgesya na magpatupad ng kapitalistang produksyon pero hindi ito dapat makapangibabaw o makahadlang sa kabuhayan ng sambayanang Pilipino.
Ipapatupad ang prinsipyo ng pag-asa sa sarili sa mga usapin sa ekonomya habang itinatayo ang mga base at sonang gerilya sa kanayunan. Lalahok sa produksyon ang mga rebolusyonaryong pwersa at iiwasang lubos na umasa sa pondong mapapalitaw mula sa kontribusyon, kumpiskasyon o bonong pandigma.
Bago ang pambansang tagumpay, ang mga namumunong organo ng Partido at ang gubyerno ng base ay gagawa ng angkop na mga patakarang pang-ekonomya para sa mga base at kalapit na mga sonang gerilya batay sa kongkretong sitwasyon.

**5. Ang mga katangian ng kulturang ipapalaganap ng demokratikong rebolusyong bayan**

Ang konsepto ng demokrasyang bayan o bagong tipo ng pambansang demokrasya, ang dapat maging buod ng pangkulturang aktibidad ng rebolusyonaryong kilusang masa.
Dapat pangibabawan at ibagsak ng isang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura ang imperyalista, pyudal at antipopular na kulturang umiiral ngayon.
Ang sistema sa edukasyon, mula pinakamababa hanggang pinakamataas na antas, ay magiging demokratiko. Ipatutupad ang libreng edukasyon para sa mamamayan sa lahat ng antas.
Dapat palaganapin ang isang rebolusyonaryong kulturang pambansa para labanan ang imperyalistang pang-aapi at maitaguyod ang dignidad at kasarinlan ng bansang Pilipino. Dapat umugnay ang rebolusyonaryong kulturang ito sa mga kulturang sosyalista at kultura ng bagong demokrasya ng ibang bansa. Kasabay nito, dapat irespeto ang kultura at mga kaugalian ng mga pambansang minorya.
Dapat itaguyod ang paggamit sa pambansang lenggwahe para mapabilis ang pagpapalaganap sa rebolusyonaryong kulturang pambansa.
Kailangang palaganapin ang kulturang tunay na naglilingkod sa mamamayan lalo na sa masang anakpawis. Dapat palaganapin ang syentipikong kultura para labanan ang reaksyunaryong ideyalismong inilalako ng imperyalismo't pyudalismo at pati ang mga pamahiing umiiral pa. Pero ang dapat laging namumunong ubod ng syentipikong kulturang ito ay ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ang kulturang ito ang dapat magsilbing gabay sa praktikal na kilusan ng rebolusyonaryong masa at pati sa pagbabago ng ideolohiya ng mga intelektwal.
Igagalang ang kalayaan ng mga mamamayan sa paniniwala o di paniniwala sa mga relihiyon. Aktibong ipapalaganap ang syentipikong pananaw at mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang makapangyarihang sandata sa pagrerebolusyon at pagsulong ng lipunan.

**6. Ang mga tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan sa larangan ng relasyong panlabas**

Pagkatatag sa Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas, magbubukas ito't magpapanatili ng relasyong diplomatiko at kalakalan sa lahat ng bayang rumerespeto sa soberanya at integridad ng teritoryo ng bansa.
Susundin ang mga prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhayan:

a) pagrespeto sa soberanya at integridad ng teritoryo ng isa't isa
b) di pagsasalakayan

k) di pakikialam sa panloob na mga usapin ng bawat isa
d) pagkakapantay at kapakinabangan ng isa't isa
e) mapayapang pakikipamuhayan sa ibang bayan anuman ang sistema ng lipunan.

Agad ipawawalambisa ang lahat ng di pantay na tratado at kasunduan sa imperyalismong US at iba pang imperyalistang bayan.

Itataguyod ang pinakamatalik at pinakamasiglang pakikipag-ugnayan sa mga kapatid na sosyalistang estado, partido at lahat ng rebolusyonaryong kilusang lumalaban sa imperyalismo, modernong rebisyunismo at lahat ng reaksyon.

**Pagsasara ng pag-aaral:**

1. Balikan ang layunin at balangkas ng kurso.
2. Tayain kung nakamit ang layunin ng pag-aaral. Sikaping ilinaw ang mga puntong di gaanong nasapol.

## 2. Paano ituro ang 3 ESKUM sa isang sesyon sa loob ng 6-7 oras.

### Pinagsamang Lesson Plan para sa Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka-Kababaihan-Kabataan

Pambungad:

Layunin ng mungkahing lesson plan na pasimplehin at paikliin ang pagtuturo ng 3 eskum upang tiyaking matapos ito sa isang sesyon ng tuluy-tuloy na pag-aaral. Batay ito sa kalagayang:

1. Maraming hindi nakakakumpleto ng 3 eskum.
2. Pagtingkad ng "sektoral" na subdibisyon ng mga organisasyong masa (makikita hanggang sa pag-oorganisa) – imbes na patalasin ang papel ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa DRB.
3. May pangangailangang iistandardisa ang pagbibigay ng eskum.

Kailangang nakatapos na ng MKLRP ang bibigyan ng 3 eskum.

**Layunin:** Magagap ng mag-aaral ang:

1. katangian, kasaysayan at rebolusyonaryong solusyon sa problema sa lupa ng masang magsasaka;
2. kalagayan ng uring magsasaka kabilang ang sektor ng kababaihan at kabataan;
3. papel at tungkulin sa demokratikong rebolusyong bayan ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka, kabilang ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan at kabataan sa kanayunan.

**Pagbubukas ng Talakayan:**

1. Iugnay ang pag-aaral na ito sa Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP).
2. Ilahad ang layunin at balangkas ng pag-aaral.

**Balangkas:**

Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka

I. Sobrang naghihirap ang uring magsasaka dahil sa problema sa lupa
II. Lumaganap at lumubha ang problema sa lupa sa Pilipinas dahil sa panlilinlang at pangangamkam ng mga mananakop at lokal na PML
III. Demokratikong rebolusyong bayan (DRB) ang makalulutas sa problema ng masang magsasaka at kaakibat na pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa kanila
IV. Ang Rebolusyonaryong Programa sa Reporma sa Lupa
V. Ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)

Espesyal na Kurso para sa Kababaihan sa Kanayunan

I. Inaapi at pinagsasamantalahan ang lubos na nakakaraming kababaihang Pilipino sa kasalukuyang lipunan.

II. Ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay nakapaloob at nagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan.

III. Ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA)

Espesyal na Kurso para sa Kabataan

I. Pinagsasamantalahan, api at walang kinabukasan ang kabataang Pilipino sa kasalukuyang lipunan

II. Kailangang yakapin at isulong ng kabataang Pilipino ang demokratikong rebolusyong bayan.

III. Ang Kabataang Makabayan (KM) ang batayang organisasyong masa ng kabataan sa kanayunan.

## Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka

**I. Sobrang naghihirap ang uring magsasaka dahil sa problema sa lupa.**

| **MAHAHALAGANG PUNTO** | **MUNGKAHING PARAAN** |
|---|---|
| **A. Ano ang problema sa lupa?**<br>- Ito ang pagkontrol ng ilang panginoong maylupa (PML) sa malalawak na lupaing agrikultural habang wala o kulang sa lupang sinasaka ang malawak na mayorya ng masang magsasaka. | *Gamitin ang Eskum-Magsasaka 1 at 2.*<br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang letra A at B.* |
| **B. Gaano kalubha ang problema sa lupa?**<br>*1. Pag-aari at kontrolado ng iilang PML ang malalawak na lupain.*<br>- 9,500 PML lamang ang nagmamay-ari sa halos 21% ng kabuuang lupaing agrikultural ng bansa (1991) | *Ipabahagi sa mag-aaral kung sinu-sino ang PML sa kanilang baryo, bayan o probinsya.*<br><br>*Ipakita sa pamamagitan ng tsart ang datos na nasa teksto hinggil sa mga PML sa Pilipinas.* |
| *2. Laganap ang malubhang kawalan o kakulangan ng lupa ng masang magsasaka. Laganap ang pakikisama.*<br>Sa buong bansa, pito sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupa. Ang apat sa pito ay nakikisamá. Kung ibibilang pa ang mga magsasakang nawalan ng lupa at napilitang lumikas at mga manggagawang bukid na nagnanais magbungkal ng lupa, mahigit pa sa 85% ng kabuang pwersang paggawa sa agrikultura ang walang sariling lupa.<br>Lumaganap ang pakikisama.<br>• 1980 – 50% sa 8 M magsasaka ay nakikisama<br>• 1985-1990 - 75% sa magsasaka ay nakikisama at namumuwisan | *Gamitin ang PPPU ng baryo kaugnay sa kakulangan o kawalan ng lupa ng mga magsasaka bilang halimbawa.*<br><br>*Itanong sa mag-aaral kung ilan sa kanila ang may sariling lupa. Likumin ang mga sagot at iugnay sa talakayan. Iugnay ang kalagayan ng mga magsasaka sa baryo sa kalagayan ng mga magsasaka sa iba't-ibang pananim sa buong bansa.* |
| Dumadami ang mga manggagawang bukid na ayon sa pagsusuri noong 2005 ay umaabot na sa | *Gamitin ang tsart ng datos na* |

13 milyon. Kabilang dito ang mga maralita at mababang panggitnang magsasaka na nagmamay-ari ng maliit na parsela subalit napipilitang magbenta ng kanilang lakas-paggawa; ang mga magsasakang lubusan o pangunahaing umaasa sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa; at, ang mga magsasakang patungo sa lubusang pagkawala ng kabuhayan at pinakamasahol na pagkakabusabos. Marami sa kanila ang lumuluwas sa kalunsuran para sa samutsaring trabaho at nagiging bahagi ng lumalaking bilang ng malaproletaryado sa bansa.

*nasa kaliwa (gumawa ng tsart para dito).*

*3. Naubos na ang mga prontera, maraming magsasaka ang inagawan ng lupa at tumitindi ang rekonsentrasyon ng lupa sa malalaking PML, kumprador burges at dayuhang korporasyon.*

- Sa huling bahagi ng dekada 1960 nasaid na ang mga lupaing publiko na pwedeng buksan ng mga magsasakang walang lupa o kapos sa lupa.
- Gumagamit ang PML ng panggigipit, "pandaraya at dahas para kamkamin ang lupa ng mga nagsasariling magsasaka.
- Pagsanla hanggang pagkaembargo sa panahon ng kagipitan
- Ginagamit ng mga PML at imperyalistang US ang reaksyunaryong batas sa pangangamkam ng lupa.

*Ipabahagi sa 1 o 2 mag-aaral na may karanasan hinggil dito.*

**K. Paano pinagsasamantalahan ang masang magsasaka at manggagawang bukid bunga ng problema sa lupa?**

- Kinikikilan ang masang magsasaka ng upa sa lupa sa anyong hatian o buwisan. 50-80% ng ani ang napupunta sa PML
- Dahil kulang ang nakuha sa ani, napipilitang mangutang sa napakataas na interes sa mga usurero na PML din.
- Napipilitang magbenta ng lakas paggawa, pana-panahon o permanente sa napakababang sahod (sahurang alipin)
- Inaalila o pinagtatrabaho ng PML na walang bayad.
- Pandaraya ng mga may-ari ng kiskisan, kumprada, mataas na upa sa irigasyon at mga makinarya at iba pang kagamitang pansaka,

*Gamitin ang Biswal MKLRP 49-53.*
*Gamitin ang kongkretong karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa:*

- *mataas na upa sa lupa*
- *usura at ang kalakaran ng pautang sa baryo*
- *pagbebenta ng lakas-paggawa*
- *pandaraya o pagmamanipula ng mga negosyante sa presyo ng mga produkto ng magsasaka.*
- *libreng pagpapatrabaho ng PML sa mga kasamá.*

*Ipakita ang laki ng nakakamkam ng uring PML sa antas baryo. Magbigay ng mga halimbawa*

manipulasyon sa presyo, labis na pagpepresyo sa abono at pestisidyo.
Hinuhuthot ng pagsasamantalang komersyante ang napakaliit na kita ng mga magsasaka at manggagawang bukid.

*mula sa karanasan ng ibang lugar sa iba't-ibang uri ng pananim*. (Tingnan ang Apendiks sa Teksto hinggil sa Upa Case Studies)

**D. Paano dagdag na pinahihirapan ang mga magsasaka bunga ng atrasadong paraan ng pagsasaka?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

1. Maliitan at hiwa-hiwalay na pagsasaka
2. Atrasadong paraan ng pagsasaka
3. Lubhang bulnerable sa mga kalamidad
4. Kawalan ng suportang serbisyo at kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.
5. Pagsaid sa likas na yaman at malawakang pagwasak sa kapaligiran.

**MUNGKAHING PARAAN**

*Ilinaw ang epekto ng 1-5 laluna sa mababang saray ng magsasaka.*

**E. Anu-ano ang mga kasangkapan ng PML para mapanatili at mapalawak ang monopolyo nila sa lupa?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

Ang kapangyarihan sa ekonomya ng PML nagbibigay din ng kapangyarihang pampulitika na ginagamit nila para supilin ang magsasaka para manatili, mapatindi at mapalawak pa ang kanilang pagsasamantala.

1. AFP – tagapagtaguyod ng interes ng mga PML.
2. Kontrolado ng mga PML ang reaksyunaryong gubyerno.
3. reaksyunaryong korte
4. simbahang Katoliko
5. Asosasyon ng mga prodyuser, miller at negosyante
6. Mga organisasyong repormistang inisponsor ng CIA, mga NGO at mga renegadong nagtutulak ng repormista at kontra-rebolusyonaryong mga programa at naghahasik ng anti-komunismo
7. Ginagamit din ang kultura upang mapanatili at mapalakas pa ang kanilang paghahari. Sa pamamagitan ng simbahan, masmidya at mga paaralan, patuloy na itinatanim sa isipan ang mga asal ng pagiging sunud-sunoran at pangangayupapa sa mga naghahari, paniniwala sa mga pamahiin, pagpapaubaya sa tadhana o kapalaran, pagsasawalang kibo at pagtitimpi sa kabila ng mga pang-aapi, sistemang patron, at iba pang pyudal na asal at kaisipan.

**MUNGKAHING PARAAN**

*Ipakita na karamihan sa mga upisyal ng gubyerno (lokal at nasyunal) ay mga PML din at ang paggamit nila sa mga mapanupil na instrumento ng estado.*

*Magbigay ng mga halimbawa ng mga repormista at kontra-rebolusyonaryong mga organisasyong kinakasangkapan ng mga naghaharing uri (nasyunal at lokal), tulad ng PRRM, PPI, CFP, UNORKA, Peace, IRDF.*

*Awitin ang* Tano *o iba pang angkop na awitin bilang pansumada sa talakayan.*

**G. Paano higit na pinagsasamantalahan at pinipiga ng imperyalismo at malaking burgesyang kumprador ang uring magsasaka sa kasalukuyan?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Higit na pinasisidhi nito ang kontrol sa agrikultura sa pamamagitan ng mga batas at programa ng GATT-WTO. Ang General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) ay serye ng mga "kasunduan" sa kalakalan na sumasaklaw sa mahigit isandaang bayan, o siyamnapung porsyento (90%) ng kalakalan sa daigdig. Ang World Trade Organization (WTO) ang itinayong organisasyon ng mga bayang sumasailalim sa GATT. Mekanismo ito ng imperyalismo para maipataw sa maliliit at mahihinang bayan ang nais nilang kaayusan sa kalakalan.<br>Matinding pinahihirapan ang masang magsasaka ng mga kasunduan sa GATT tulad ng sumusunod:<br>1) Ganap na liberalisasyon ng importasyon o pag-aalis ng nalalabing mga restriksyon na nagpoprotekta sa lokal na mga produktong agrikultural.<br>2) Pagtalikod ng gubyerno sa responsibilidad na magbigay ng suporta sa agrikultura tulad ng mga subsidyo sa palay at mais, pestisidyo at iba pa, at mga serbisyo tulad ng patubig at pautang.<br>3) Pagpapalawak ng saklaw ng Mga Karapatan sa Pag-aaring Intelektwal (Intellectual Property Rights o IPR) sa anyo ng *patent*, *copyright* at *trademark.*<br>4) Pag-aalis ng nalalabing mga restriksyon sa pamumuhunan sa akwakultura. | *Ihalimbawa ang pagbaha sa pamilihan ng mga imported na gulay, manok, isda, karne ng baboy at baka at iba pang produktong agrikultural na pumapatay sa maliliit na lokal na prodyuser; ang kawalan ng subsidyo para sa produksyong agrikultural at ang matinding korapsyon sa pondo para dito.* |

**II. Lumaganap at lumubha ang problema sa lupa sa Pilipinas dahil sa panlilinlang at pangangamkam ng mga mananakop at lokal na PML**.
**Gamitin ang Timeline ng kasaysayan ng problema sa lupa sa pagtalakay. Iugnay sa pag-aaral ng kasaysayan sa MKLRP.*

**III. DRB ang makalulutas sa problema sa lupa at kaakibat na pagsasamantalang pyudal & malapyudal sa masang magsasaka.**

**A. Bakit DRB ang solusyon sa problema sa lupa ng masang magsasaka?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| - Walang solusyon sa problema ng magsasaka kundi ang maglunsad ng armadong pakikibaka, magsagawa ng rebolusyong agraryo at magtayo ng mga rebolusyonaryong base. Rebolusyong agraryo | *Gamitin ang Biswal Eskum Magsasaka 3.*<br>*Ilinaw na rebolusyong agraryo ang pangunahing laman ng* |

ang pangunahing nilalaman ng rebolusyong Pilipino.

- Sa pamamagitan ng DRB lamang maaaring maibagsak at mawakasan ang kontrol at dominasyon ng USI, malaking burgesya komprador na pangunahing kasabwat ng imperyalista at mga PML sa bayan.

- Sa pamamagitan ng DRB lamang matitiyak na puspusan ang pagtataguyod sa pakikibaka para sa lupa ng masang magsasaka at makatatanaw sa sosyalistang kinabukasan upang ganap na pawiin ang mga kundisyon para muling makapanumbalik ang kontrol sa lupa ng iilang PML.

*DRB.*

*Ipaliwanag ang tatlong sangkap ng DRB – armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa.*

**B. Bakit kailangang itayo ang demokratikong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

- Ang demokratikong kapangyarihang (DKP) pampulitika ay ang demokratikong rebolusyonaryong lakas na antipyudal ng maralita at panggitnang magsasaka at manggagawang bukid, hukbong bayan at demokratikong gubyernong bayan. Hakbang-hakbang itong itinatayo mula sa antas baryo pataas.
- Dito nakasalalay ang hakbang-hakbang na pagpapabagsak sa kapangyarihan ng PML, pagpapahina sa kapangyarihan ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri sa buong bayan.

**MUNGKAHING PARAAN**

*Ipabahagi sa mag-aaral kung ano ang kaibahang nakikita sa baryo noong wala pa ang rebolusyonaryong kilusan at sa kasalukuyan kaugnay sa upa sa lupa, usura at pasahod sa mga manggagawang bukid.*

*Ilinaw ang kahalagahan ng pagtatayo ng PKM, Makibaka at KM sa baryo.*

**K. Bakit rekisito ang rebolusyong agraryo sa pagtatayo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika at pagsusulong ng armadong pakikibaka (AP)?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

- Sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo (RA) lamang mamomobilisa ang higanteng lakas ng masang magsasaka upang maagaw nila ang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika mula sa PML. Sa pamamagitan ng RA mabibigkis ang saligang alyansa ng uring proletaryo at magsasaka.
- Rebolusyonaryong dahas ang tugon sa kontra-rebolusyonaryong dahas na ginagamit ng uring PML upang panatilihin ang kanilang paghahari sa masang magsasaka. Mabubuo lamang ang mga pangunahing armadong pangkat ng rebolusyong Pilipino sa paglulunsad ng gerang magsasaka. Sa

**MUNGKAHING PARAAN**

*Gamitin ang karanasan ng Samar at Cagayan Valley (see Apendiks).*

*Ipakita bakit sa uring magsasaka nagmumula ang kalakhan ng mga mandirigma ng BHB. Ihalimbawa ang karanasan sa baryo o larangan.*

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| paglunsad ng AP hakbang-hakbang na nakakapag-ipon ng lakas tungo sa ganap na tagumpay ng DRB at RA. | |

**D. Paano mabibigkis ang pagkakaisa ng uring magsasaka laban sa uring panginoong maylupa?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| - Pangunahing umaasa sa maralitang magsasaka, mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid.<br>- Hinihimok ang gitna at mataas na panggitnang magsasaka.<br>- Ninunyutralisa ang mayamang magsasaka, at<br>- Sinasamantala ang mga kontradiksyon sa pagitan ng naliliwanagan at despotikong panginoong maylupa para ihiwalay ang despotiko at nasa kapangyarihang PML. | *Ilinaw na dapat pangunahing sumalig sa pinakabatayang saray ng uring magsasaka dahil sila ang pinakainteresadong magsulong ng agreb at armadong pakikibaka.* |

**E. Ano ang mga batayang paraan ng pakikibaka at pagkilos at mga porma ng organisasyon ng mga magsasaka para isulong ang rebolusyong agraryo?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| - Armadong pakikibaka (AP) at iba pang iligal na porma ng pakikibaka at pagkilos ang pangunahing paraan.<br>- Hayag at ligal na mga porma ng pagkilos at pakikibaka bilang suportang pagkilos.<br>- Mahusay na gamitin ang ligal at iligal na porma ng organisasyon ng mga magsasaka. Ang lihim na mga organisasyong magsasaka ang magsisilbing bag-as ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka.<br>- Ang ligal na organisasyon ang daluyan ng iligal na mga pagkilos, kublihan ng mga organisasyong lihim at tulay para maabot at maugnayan ang ilang mamamayan. | *Magbigay ng mga halimbawa ng mga nailunsad na pagkilos kaugnay ng pagpapababa sa upa, usura, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapataas ng presyo ng produkto ng mga magsasaka at iba pa. Ilahad ang itinayong organisasyon at anyo ng pagkilos para isagawa ito. Idiin ang kahalagahan ng lihim na organisasyon at pagkilos. Maaaring gamitin ang Apendiks – rebolusyong agraryo.* |

**G. Paano matatag na sumusulong ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa balangkas ng matagalang digmang bayan?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Makikita ito sa mahigit 120 larangang gerilyang nakakalat sa buong kapuluan, sa pagdami at paglawak ng samahang magsasaka, sa paglaki ng BHB, pag-iral at pagtatag ng mga OKP, at pagsigla ng pakikibakang antipyudal sa iba't ibang porma at saklaw: matagumpay na naibaba ang upa sa lupa, naibsan ang pang-uusura, napataas ang sahod ng mga manggagawang bukid, naibaba ang resiko sa | *Ibahagi ang mga tagumpay na nakamit ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa balangkas ng matagalang digmang bayan.* |

kopra at presyo nilang bilihin at naigiit ang karapatang manatili sa lupang sinasaka. Nawala ang mga mangangalabaw at mga magnanakaw sa baryo. Matagumpay na naparusahan ang mga despotiko at marami ang nanyutralisa para maisulong ang rebolusyong agraryo.

Sa mga lugar na may nakatayo nang organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika, nawawalan na ng saysay ang kapangyarihan ng mga PML, burges kumprador at maging ng lokal na burukrasya. Gumagana ang mga hukumang bayan na handang magpairal ng tunay na hustisya na di kailanman nakamit ng mamamayan sa mga korte ng reaksyunaryong estado. Umiiral ang sistema ng depensa at pagpapanatili sa seguridad at kaayusan ng lugar.

Naging aktibo ang kilusang magsasaka sa mga isyung antipyudal, antipasista at anti-imperyalista at nagiging mas malawak at mas mahigpit ang pakikipag-alyansa ng mga magsasaka sa iba't ibang demokratikong uri at sektor ng lipunan.

## IV. Ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa

### A. Ano ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa (RPRL)?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| - Pagwasak sa monopolyo sa lupa ng uring PML at pagpawi sa lahat ng porma ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal.<br>- Pagtugon sa mithiin ng masang magsasaka na magkaroon ng sariling lupa. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang A at B. Idiin na ang RPRL sa esensya ay pagwasak sa pang-ekonomya at pampulitikang kapangyarihan ng uring PML. Ipaliwanag ang minimum at maksimum na layunin ng RPRL.* |

### B. Ano ang mga kundisyon sa pagpapatupad ng reporma sa lupa?

| | |
|---|---|
| a. Hakbang-hakbang na ipapatupad ang RPRL batay sa kakayahan at lakas ng rebolusyonaryong kilusan. Habang nag-iipon pa ng lakas ang kilusang magsasaka at AP sa buong bayan, makikibaka para sa minimum na layunin:<br>- pagpapababa ng upa sa lupa,<br>- pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid,<br>- pagpawi ng usura at<br>- pagpapataas ng presyo ng produkto ng magsasaka. | *Gamitin ang Biswal Eskum Magsasaka 4.*<br>*Magbigay ng halimbawa mula sa mga karanasan ng baryo.* |

- pagpapaunlad ang produksyon at pagtatayo ng karagdagang mapagkakakitaan ng masang magsasaka.
b. Sa tagumpay ng DRB kukumpiskahin at ina-nasyunalisa ang mga lupain ng mga panginoong maylupa, malaking burgesyang kumprador at imperyalista at ipapamahagi ang karapatang magbungkal nang libre sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa.

**K. Ano ang nasyunalisasyon ng lupa at bakit kailangan ito sa ganap na pagpapatupad ng rebolusyonaryong reporma sa lupa?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Ang nasyunalisasyon ng lupa ay ang pagsasabansa ng mga lupain ng mga PML, burgesyang kumprador at mga imperyalista sa ganap na tagumpay ng DRB sa pambansang saklaw. Ang mga lupaing ito ay magiging pag-aari ng estado o ng buong mamamayan.<br>Ipagbabawal ang pagbenta at/o pagbili ng mga lupaing nabanggit upang matiyak na hindi na muling makokonsentra ang lupa sa kamay ng iilan. Titiyakin din na mabigyan-daan ang kooperatibisasyon ng indibidwal na pagsasaka. | *Ilinaw na ang patakaran sa nasyunalisasyon ng lupa ay garantiya laban sa pagpapanumbalik ng kapangyarihan ng uring PML o paglitaw ng bagong PML.* |

**D. Ano ang partikular na mga gabay sa pagpapatupad ng minimum na programa sa reporma sa lupa?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| *1. Kaugnay ng upa sa lupa*<br>- Ibaba ang upa sa lupa hanggang 10% sa bawat netong ani, o mas mababa pa.<br>- Bilang unang hakbang, maaaring ibaba nang kalahati sa umiiral.<br>- Ibibigay sa demokratikong gubyernong bayan (DGB) ang bahagi ng nabawas sa upa ng lupa sa pamamagitan ng PKM o ng BHB.<br>- Sabay-sabay na itigil ng mga kasama ang pagbayad ng upa sa lupa kung malapit nang kumpiskahin ang mga ari-arian ng PML. | *Magbigay ng kongkretong halimbawa.*<br><br>*Ipakita paano makuha ang netong ani.* |
| *2. Kaugnay ng usura*<br>- Bilang unang hakbang, ibaba ng 50% ang interes sa usura na umiiral sa lugar | *Basahin ang teksto kung paano pawiin ang usura. Magbigay ng mga halimbawa.* |
| *3. Kaugnay ng gastos sa pagsasaka*<br><br>*4. Kaugnay ng pagpapababa ng paarkila sa hayop at kagamitang pansaka* | *Basahin ang # 3-8 sa teksto. Magbigay ng mga halimbawa.* |

*5. Kaugnay ng anumang klase ng tributo*

*6. Kaugnay ng sahod*

*7. Kaugnay ng mga kalamidad*

*8. Kaugnay ng karapatan sa pagbubungkal*

**E. Paano pakikitunguhan ang mga kaaway at kaibigan ng rebolusyon sa kanayunan sa pagpapatupad ng maksimum na programa sa reporma sa lupa?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| *1. Kapitalistang dayuhan at lokal (MBK)*<br>- Mahigpit na ipagbabawal ang pagmamay-ari o kontrol ng malaking kapitalistang dayuhan sa kahit kapirasong lupang agrikultural.<br>- Matapos ang pambansang tagumpay ng rebolusyon, kukumpiskahin at isasabansa ng demokratikong gubyernong bayan ang mga lupaing agrikultural na pinatatakbo sa batayang kapitalista.<br><br>*2. Panginoong Maylupa (PML)*<br>- Kumpiskahan at isasabansa ang lupain nila para maipamahagi sa mga maralita at mababang panggitnang magsasaka.<br>- Pangunahing target ang PML na malaki, nangangamkam ng lupa, nasa poder at despotiko.<br>- Ang naliliwanagang PML (sumusunod sa rebolusyonaryong patakaran sa reporma sa lupa) ay papayagang magmamay-ari ng sariling bahay, personal na pasilidad, at negosyo sa industriya o komersyo, o kapirasong lupang halos kasinlaki ng pag-aari ng mayamang magsasaka, kung sila mismo ang magbubungkal ng lupa.<br>- Ang mga PML na hindi gumawa ng malubhang krimen laban sa mamamayan ay papartehan ng lupang kapareho ang laki at kalidad sa ibibigay sa maralita at mabababang panggitnang magsasaka kung handa siyang magbungkal ng lupa.<br>- Paparusahan ayon sa bigat ng krimen ang sinumang gumagamit ng dahas at kontra-rebolusyonaryong hakbang laban sa reporma sa lupa, pero bibigyan ng pagkakataong magkaroon ng ikabubuhay ang ibang myembro ng pamilya nito kung susunod sila sa batas ng demokratikong gubyernong bayan. | *Gamitin Biswal MKLRP - 7. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng pakikitungo sa mga kaaway at kaibigan sa rebolusyon. Ipakita ang pagkamakatarungan ng rebolusyonaryong patakaran.*<br><br>*Hikayatin ang mag-aaral na magpahayag ng kanilang mga opinyon o maghapag ng mga tanong.* |

3. Komersyante
4. Mayaman at Mataas na Panggitnang Magsasaka
5. Gitnang-Panggitnang Magsasaka
6. Maralita at Mababang Panggitnang Magsasaka
7. Manggagawang Bukid
8. Maralitang Setler at pambansang minorya
9. Iba pa

**G. Paano itataguyod ang mahusay na kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng manggagawang bukid sa mga sakahang kapitalista?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Lubos na susuportahan ang pag-unyon ng mga manggagawa sa mga sakahang kapitalista para mapahusay ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay nila at makuha ang iba pang benepisyo.<br>1. Pakikibaka para sa mahusay na kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay.<br>2. Ang patakaran sa pagrerekrut ng manggagawang bukid sa hanay ng masang magsasaka. | *Basahin ang # 1 at 2 sa teksto.*<br><br>*Maaaring magtalakayan tungkol sa umiiral na sistema ng pasahod sa baryo o erya.* |

**H. Paano pangangasiwaan ng demokratikong gubyernong bayan ang gawain sa reporma sa lupa?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Sa pamamagitan ng Komite para sa reporma sa lupa sa bawat antas at sa tulong ng BHB.<br>1. Momobilisahin ang masang magsasaka ng samahan ng mga magsasaka at mga namumunong organo sa pagsusuri sa uri, atbp….<br>2. Pulong masa<br>3. Bubuwisan ang bawat pamilya o bubong sa porma ng produkto o pera. | *Ipabasa ang numero 1-3.*<br>*Magbigay ng halimbawa.* |

## V. ANG PAMBANSANG KATIPUNAN NG MGA MAGBUBUKID (PKM)

**A. Ano ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Ito ay isang rebolusyonaryong organisasyong masa na binubuo ng mga magsasaka para isulong ang rebolusyong agraryo at DRB. | *Gamitin ang Biswal Magsasaka 5.*<br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang A-K.*<br>*Ilinaw na ang pagbubuo ng PKM ay nagsisimula sa pagtatayo ng* |

*mga grupong pang-organisa (GP) nito sa baryo.*

**B. Sino ang maaaring sumapi sa PKM?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

- Maralitang magsasaka, manggagawang bukid, panggitnang magsasaka, at iba pang mahirap na mamamayang naninirahan sa kanayunan.
- Pagkakumpleto sa libreng pamamahagi ng lupa, ibubukas ang pagsapi sa mayamang magsasaka, pero hindi sila pwedeng mahalal sa namumunong mga komite ng PKM.

**MUNGKAHING PUNTO**

*Ipaliwanag ang batayan at proseso sa pagsapi sa PKM.*

**K. Ano ang mga karapatan at tungkulin ng mga kasapi?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

**MUNGKAHING PARAAN**

*Basahin sa teksto at ipaliwanag. Maaari ring gumawa ng tsart at gamitin sa talakayan.*

**D. Paano ang sistema ng organisasyon at pagpondo?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

- Kailangang sundin ng indibidwal ang mga alituntunin at desisyon ng organisasyon. Kailangang sundin ng minorya ang kaisahan ng nakararami.
- Tungkulin ng pamunuan ng samahan na alamin ang mga problema, kalagayan at palagay ng mga kasapi para mabuo ang wastong desisyon.
- Tungkulin ng mga kasapi na ipaabot sa mga namumuno ang nakikitang mga problema, palagay at mungkahi nila para maagap na maaksyunan ang mga ito.
- Balangay sa baryo ang batayang yunit ng organisasyon.
- Magmumula sa taunang butaw ng mga kasapi ang pondo ng samahan:

  Maralitang magsasaka o manggagawang bukid = P6 o katumbas nito sa butil

  Panggitnang magsasaka = P12 o katumbas nito sa butil

  Ibibigay ito pagkatapos ng anihan.

**MUNGKAHING PARAAN**

*Ipaliwanag ang sistema sa organisasyon at pondo.*

*Hikayatin ang mag-aaral na magtanong.*

**E. Ano ang tungkulin ng PKM?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

**MUNGKAHING PARAAN**

*Basahin o ipabasa ang teksto at ipaliwanag. Gumawa ng tsart at gamitin sa talakayan.*

**G. Paano magsisilbing kooperatiba ang PKM?**

**MAHAHALAGANG PUNTO**

- Ipapatupad ang iba't-ibang porma ng kooperasyon para maitaguyod ang kapakanan ng lahat, mapataas ang produksyon, mabawasan ang gastos sa produksyon, at mapawi ang pangungutang sa mga usurero. Popondohan ang kooperatiba mula sa kontribusyon o sapi ng mga kasapi.
- Ang mga lupa ng kooperatiba ang basehan ng para sa mas mataas na antas ng kooperasyon.

**MUNGKAHING PARAAN**

*Basahin ang ikalawang talata sa teksto at ipaliwanag sa pamamagitan ng halimbawa.*

*Himukin ang mag-aaral na magtanong o magpahayag ng opinyon.*

## ANG ESPESYAL NA KURSO PARA SA KABABAIHAN SA KANAYUNAN

### I. Inaapi at pinagsasamantalahan ang lubos na nakakaraming kababaihang Pilipino sa kasalukuyang lipunan.

**MAHAHALAGANG PUNTO**

***A. Ano ang kalagayan ng kababaihang Pilipino?***

- Bumubuo sila ng humigit-kumulang kalahati sa populasyong Pilipino (80 M sa 2000); 90% nito ay mula sa uring manggagawa at magsasaka.
- Ang nabanggit nang mga pinoproblema ng masang magsasaka at manggagawang bukid ay pinoproblema rin ng kababaihan sa kanayunan. Pangunahin nito ay ang kawalan o kakulangan ng lupa bunga ng monopolyo o pag-aari ng iilang panginong maylupa ng malalawak na lupaing sakahan. Dulot nito, matindi silang napagsa-samantalahan. Dumaranas sila sa pagsasamantala at pang-aapi na dinaranas ng mga kauring kalalakihan.

***MUNGKAHING PARAAN***

*Gamitin ang Biswal Eskum-Kab-1. Ilinaw na ang pagsasamantala at pang-aaping nararanasan ng kababaihang magsasaka ay pangunahing nakaugat pa rin sa kakulangan o kawalan ng lupa. Liban dito, dumaranas pa ng dagdag na pang-aapi at pagsasamantala ang kababaihang anakpawis bunga ng mababang katayuan nila sa lipunan na dulot ng pag-iral ng 4 na awtoridad.*

***B. Paano napatitindi ang hirap at aping kalagayan ng kababaihang anak-pawis bunga ng mababang katayuan ng babae sa lipunan?***

**MAHAHALAGANG PUNTO**

1. Mababa ang katayuan ng kababaihan sa lipunan bunga ng sistemang malakolonyal at malapyudal, at ng pyudal-burges na kulturang ipinalalaganap ng naghaharing uri:

* Pyudal: Babae ay mahina, pambahay, sunud-sunuran sa asawa

**MUNGKAHING PUNTO**

*Magbigay ng mga halimbawa.*

* Burges: Babae ay kalakal, taga-aliw ng lalake.
2. Higit na limitadong karapatang lumahok sa mga usapin tungkol sa gubyerno at lipunan.
3. Mas limitadong oportunidad na makapag-aral
4. Kawalan ng karapatan sa loob ng pamilya.
5. Biktima ng karahasan at kapabayaan ng gubyerno

***K . Ano ang ugat ng hirap at aping kalagayan ng kababaihang anakpawis?***

Ang sistemang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismong US, malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa at ang pagpapalaganap ng mga ito sa pyudal at burges na pananaw sa kababaihan ang dahilan kung bakit pinagsasamantalahan at api ang kababaihan sa lipunang Pilipino.

*Itanong kung may tanong pa hinggil sa tatlong batayang problema na siyang ugat sa hirap at aping kalagayan ng kababaihang anakpawis. Magpaliwanag kung kailangan.*

- Sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, laluna sa kanayunan, patuloy na umiiral ang mapang-aping pyudal na mga institusyon ng awtoridad:

1. *awtoridad ng pulitika* – haligi ng iba pang awtoridad. Nakasentro sa PML.
2. *awtoridad ng angkan* – Mapagpasya ang pamilya o angkan .
3. *awtoridad ng simbahan* – Nagpapalaganap sa pagiging mapagtiis at masunurin sa awtoridad.
4. *awtoridad ng lalaki* – Napaiilalim ang babae sa poder ng lalaki.

Sagabal ang 4 na awtoridad at dekadenteng kultura sa lubos na paggamit at pagpapaunlad ng kababaihan sa kakayahan nila.

*Ilarawan kung paano nakapagsasamantala at nakapang-aapi sa kababaihang anakpawis ang 4 na awtoridad. (Iwasang maging kontra-lalaki ang diskusyon).*

## II. Ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay nakapaloob at nagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan.

### A. Ano ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
| --- | --- |
| Ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay isang pampulitikang pakikibaka ng kababaihang pinagsasamantalahan at inaapi laban sa paghahari ng mga kaaway sa uri at sa pyudal at burges na pananaw sa mga babae. Layon nitong bigkisin at pakilusin ang kababaihan para aktibong lumahok sa rebolusyonaryong pakikibaka.<br>Sa ngayon, ang kilusan sa pagpapalaya sa | *Gamitin ang Biswal Eskum-Kab-2.*<br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang # 1–3.*<br>*Linawin ang katangian at layon ng kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan, ang pangunahin at iba pang tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ng* |

kababaihan ay nakapaloob at nagsisilbi sa DRB. Ang paglaya ng sambayanan sa paghahari ng tatlong salot ay isang higanteng hakbang tungo sa paglaya ng kababaihan sa mababa at aping kalagayan sa kasalukuyang lipunan.
Sa sosyalistang rebolusyon, ibayong malilikha ang mga kundisyon para sa pagtatamo ng pantay na katayuan ng babae at lalaki.
Ang kilusan ng kababaihan ay nagsisilbi at napaiilalim sa makauring pakikibaka ng masang anakpawis, ang manggagawa at magsasaka.

*kababaihan sa kanayunan.*

***B. Ano ang tatlong pangunahing tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa kanayunan?***

| | |
|---|---|
| 1. Ang tungkulin sa pag-oorganisa<br>2. Ang tungkulin kaugnay ng armadong pakikibaka<br>3. Ang tungkulin sa rebolusyong agraryo at produksyon | |

***K. Ano ang iba pang mga tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa kanayunan?***

| | |
|---|---|
| 1. Ipaunawa sa taumbaryo ang kahalagahan ng kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan.<br>2. Ilunsad ang demokratisasyon ng pamilya. | |

## III. Ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA)

**MAHAHALAGANG PUNTO**

***A. Ano ang MAKIBAKA?***

Ito ang batayang organisasyon ng kababaihang taganayon para isulong ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan; isang rebolusyonaryong organisasyong nagtataguyod sa pambansa at demokratikong interes ng mamamayan.

***B. Ano ang mga tungkulin ng Makibaka?***

Ang Makibaka ay may tungkulin sa larangan ng pulitika, ekonomya, militar at kultura.

**MUNGKAHING PARAAN**

*Ipakilala kung ano ang Makibaka, paano ito itayo at sino ang maging kasapi nito.*

*Basahin sa teksto at talakayin ang mga partikular na tungkulin. Maaari ring gumawa ng tsart at gamitin sa pagtalakay.*

*Awitin ang* Martsa ng Kababaihan *bilang pagsuma sa subtopiko.*

## ESPESYAL NA KURSO PARA SA KABATAAN

## I. Pinagsasamantalahan, Api at Walang Kinabukasan ang Kabataang Pilipino sa Kasalukuyang Lipunan

### *A. Ano ang mga katangian ng kabataang Pilipino?*

- Kabataan: 13-35 taong gulang; 37% ng populasyon
- Nasa kanayunan ang bulto nito
- Nakapaloob sila sa iba't-ibang uri.
- Taglay nila ang kasiglahan ng pag-iisip at pangangatawan. Bukas ang isip nila sa pagbabago, sa pagrerebolusyon. Sila ang tagapagmana at tagapagpatuloy ng rebolusyon.

*Gamitin ang Biswal Eskum-Kbt-1*
*Ipalarawan sa mag-aaral ang mga katangian ng kabataan sa baryo nila.*
*Likumin ang mga sagot at magdagdag ng paliwanag sa pamamagitan ng mga halimbawa.*

### *B. Ano ang kalagayan sa kabuhayan ng kabataang Pilipino?*

- Hirap at pinagsasamantalahan ayon sa kanilang uri. Marami ang nagtatrabaho na bago pa sila umabot sa gulang na 15, at mas mababa pa kaysa sa karaniwan ang kanilang sahod.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang tanong 2-4.*
*Ipabahagi sa mag-aaral ang kabuhayan ng kabataan sa baryo.*
*Iugnay ito sa kalagayan ng kabataan sa kanayunan sa buong bansa.*
*Ilarawan din ang kalagayan ng kabataang manggagawa, estudyante, at iba pang petiburges.*

### *K. Natatamasa ba ng kabataan ang karapatan nila sa makabuluhang edukasyon?*

Hindi.
- Limitado ang kanilang oportunidad na makapag-aral.
- Matindi ang komersyalisasyon ng edukasyon.
- Laman ng edukasyong ibinigay ng gubyerno ang mga ideya at kaisipang nagsisilbi sa mga imperyalista, MBK at PML. Hinubog ng ganitong edukasyon ang mga kabataang Pilipino para maging makasarili, bulag sa kahirapan ng mamamayan at hiwalay sa kanila, mapamahiin, maamo at sunud-sunoran sa mga naghaharing uri at makadayuhan.

*Itanong kung anong antas ng edukasyon ang karaniwang naabot ng kabataan sa baryo at bakit; kung may umabot o nakatapos sa kolehiyo.*

*Ipabahagi ang obserbasyon nila sa kalagayan ng sistema ng edukasyon sa baryo.*

*Iugnay ang kalagayan sa baryo nila sa kalagayan ng edukasyon sa bansa.*

### *D. Nagtatamasa ba ng demokratikong mga karapatan ang kabataang Pilipino?*

Hindi, tulad ng malawak na sambayanan.

*Ipabahagi sa 1 o 2 kabataang*

| | |
|---|---|
| - Ipinagkakait o sinusupil ang karapatang mag-organisa at mamahayag.<br>- Iginigiit ng pasistang gubyerno sa kabataan ang reaksyunaryong mga organisasyon – AFP, SK. Pilit na sinasanay sa buhay militar sa eskwelahan – CAT, CMT-ROTC, NSTP | *mag-aaral ang mga demokratikong karapatan na tinatamasa nila, at ang naranasan nilang panunupil ng pasistang estado.*<br><br>*Ipaliwanag ang panggigipit sa mga kabataan – sa lunsod man o kanayunan – ng pasistang gubyerno. Ihalimbawa ang di na mabilang na kabataang naging biktima ng pagdakip, pagbilanggo, pagtortyur at pagpaslang ng pasistang estado.* |

***E. Anong klaseng kultura ang pangunahing nakakaimpluwensya sa kaisipan, gawi at pag-uugali ng kabataang Pilipino?***

| | |
|---|---|
| 1. Ipinalalaganap ang:<br>- Kulturang makasarili, mapamahiin, makadayuhan at sunud-sunuran sa naghaharing uri;<br>- Kulturang pasista: "normal" ang pagyurak sa mga karapatan ng mamamayan at ang pagturing sa pasistang gubyerno at AFP na tagapagligtas ng bayan;<br>- Dekadenteng kultura: krimen, pagsusugal, paglalasing, pagdodroga, panghahalay at paglalaro sa kababaihan at iba pang kalaswaan at pagsasayang ng pera at panahon.<br><br>2. Ang mga ito ay ipinalalaganap sa radyo, TV, komiks, sine, TV, dyaryo; eskwelahan at simbahan.<br><br>3. Hindi wastong nahuhubog ang pag-iisip at pag-uugali ng kabataan. Inilalayo ng bulok na kultura ang kabataan sa landas ng pagrerebolusyon. | *Ipabahagi sa mag-aaral ang laganap na kultura (kaisipan, paniniwala, gawi at pag-uugali) ng kabataan sa baryo.*<br><br>*Sumahin ang mga sagot. Ipaliwanag kung paano lumaganap sa baryo ang ganoong impluwensya.*<br><br>*Ilinaw na ganito rin ang nangyayari sa buong bansa at kung ano ang kahihitnatnan ng kabataan sa ganoong kultura.* |

***G. Ano ang ugat ng mga problema ng kabataang Pilipino?***

| | |
|---|---|
| Ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa malakolonyal at malapyudal na lipunan ang ugat ng mga problema ng mamamayang Pilipino, kabilang ang kabataan. | *Linawin na ang paliwanag dito ay katulad din ng sa magsasaka at kababaihan.* |

**II. Kailangang yakapin at isulong ng kabataang Pilipino ang demokratikong rebolusyong bayan.**

**A. Paano mababago ang kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino?**
Para mabago ang kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino, kailangang ibagsak ang naghaharing sistema sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan at itayo ang isang lipunang tunay na malaya at demokratiko.

**B. Ano ang mga pangunahing tungkulin ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan?**
Ang pagkilos ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan ay bahagi ng kilusang magsasakang nagsisilbi sa DRB. Sa kanayunan may tatlong pangunahing tungkulin ang rebolusyonaryong kabataan:
1. ang pagsulong ng kilusang magsasakang nagsisilbi sa DRB sa pamamagitan ng pagsanib at pagkilos sa Kabataang Makabayan (KM);
2. ang pagganap sa gawaing propaganda para ipalaganap ang pambansa-demokratikong mithiin ng mamamayan at ang pangangailangan sa armadong pakikibaka para makamtan ito;
3. ang paglahok, pagsuporta at pagsusulong sa armadong pakikibaka.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang a & b.*
*Linawin na mababago lang ang kasalukuyang kalagayan ng kabaatang Pilipino sa pamamagitan ng pagyakap at pagsulong ng DRB sa tagumpay.*
*Basa-talakay sa mga pangunahing tungkulin ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan.*

**III. Ang Kabataang Makabayan (KM) ang batayang organisasyong masa ng kabataan sa kanayunan.**

1. Ang KM ang organisasyong daluyan ng pagkakaisa at pagkilos ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan para isulong ang kilusang magsasaka at DRB.

2. Para magampanan ang papel nito bilang bahagi ng kilusang magsasaka para sa DRB, may mga tungkulin ito sa larangan ng pulitika, militar, ekonomya at kultura.

*Gamitin ang Biswal Eskum-Kbt-2*
*Ipaliwanag kung ano ang KM, paano ito itayo at sino ang maaaring sumapi nito.*
*Ilagay sa strip ang siniping pangungusap ni Kasamang Mao: "Kabataan, puno ng lakas at sigla tulad ng araw sa ika-8 o ika-9 ng umaga. Ang daigdig ay sa inyo at sa amin. Ngunit sa huling pagtutuos ito ay sa inyo…" Kunin ang opinyon ng mag-aaral kung ano ang ibig sabihin ng siping ito.*

**Pagsasara:**
1. Buodin ang eskum magsasaka, kababahihan at kabataan.

2. Isara sa pamamagitan ng pag-awit o pagpapatugtog ng Awit ng Pagbabalikwas, (nasa Mga Kanta ng Rebolusyong Pilipino Vol 2,) o pagtula ng isang angkop na tula.

### 3. ARALING AKTIBISTA

Ang Araling Aktibista (ARAK) ay para sa lahat ng organisadong masang nakapag-aral na ng Pangkalahatang Kursong Masa (MKLRP). Pero prayoridad at kailangan itong ibigay sa mga aktibistang nasa antas ng KP at GP at may karanasan na sa pagkilos sa rebolusyonaryong kilusan, sa kanayunan man o sa kalunsuran.

**Pambungad:** Ilahad ang layunin sa pag-aaral at balangkas ng kurso.
**Layunin:** Mabuo ang matatag na gulugod at ubod ng pamumuno sa mga rebolusyonaryong samahan at kilusang masa. *(Idagdag ang nalikom nang partikular na layunin ng mag-aaral).*
**Balangkas:**

*Aralin I – Ang mga saligang rebolusyonaryong aktitud at ang* Limang Gintong Silahis
*Aralin II – Rebolusyonaryong Pag-aaral at Wastong Paraan ng Pagsusuri*
Aralin III – Linyang Masa
*Aralin IV – Ang Demokratikong Sentralismo at Sistemang Komite.*

A. ARALIN I
**LIMANG GINTONG SILAHIS AT BATAYANG REBOLUSYONARYONG AKTITUD**

**Pambungad sa Paksa:** Ilahad ang balangkas, konteksto ng pagkakasulat at kahalagahan ng paksa. Maaaring talakayin ang unang aralin sa loob ng 2-3 oras.
Ang ***Limang Gintong Silahis*** ay binubuo ng sumusunod na maikling artikulo:
Paglingkuran ang Sambayanan
Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng Bundok
Paggunita kay Norman Bethune
Bakahin ang Liberalismo
Tungkol sa mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido

**Layunin:** Magagap ang paninindigan, pananaw at mga pamamaraan ng pag-iisip at paggawa na dapat taglayin ng bawat rebolusyonaryo para mahusay na maipatupad ang kanyang mga tungkulin.

***Nota:*** *Bago mag-umpisa maaaring panoorin ang VCD hinggil sa buhay ng ating mga martir: Armando Teng, Ka Benjie, atbp.*

**1. Bakit pinakamahalaga at susing usapin para sa bawat rebolusyonaryo ang tanong na "Para kanino"?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|

| | |
|---|---|
| 1. Ang tanong na "Para kanino?" ay usapin ng saligang rebolusyonaryong paninindigan. Kapag malinaw nang nasagot ang katanungan na "Para kanino", ang lahat ng mga pagsisikap, pag-iisip at paggawa ay maitutuon na para sa paglilingkod sa sambayanan at sa kabuuang pagsisikap para mapahina at maibagsak ang mga kaaway.<br>Sa bawat pagkakataon, sa bawat kilos, ang tugon ng rebolusyonaryo sa tanong na "Para kanino?" ay iisa lamang: para sa masang api at pinagsasamantalahan. Ito ang pinakaubod ng rebolusyonaryong paninindigan. | *Bago ang talakayan, basahin muna ang artikulong* Paglingkuran ang Sambayanan.<br>*Tuluy-tuloy na talakayin ang 1 at 2. Ipasagot sa mag-aaral ang tanong. Likumin at isuma ang mga sagot .*<br>*Magbigay ng mga kongkretong halimbawa na pagpapakita na tayo nga ay para sa masang api at pinagsasamantalahan.* |

**2. Bakit ang palaging pagsasaalang-alang sa interes at kapakanan ng sambayanan ay buong-pusong paglilingkod sa kanila?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Buong-puso nating mapaglilingkuran ang sambayanan kapag lagi nating isinasaalang-alang ang kapakanan ng sambayanan at ang paghihirap ng lubos na nakararami at itinatanim sa dibdib ang malalim na pagkamuhi sa mga kaaway. Dapat maging masigasig sa pag-alam sa mga suliranin at kalagayan ng masa at mahigpit na makisalamuha at makipagkaisa sa kanila para maitaas ang kanilang kamulatan at maisulong ang pagbubuo ng kanilang lakas at organisasyon at maipagtagumpay ang kanilang mga pakikibaka.<br>Ang buong-pusong paglilingkod sa sambayanan ay nangangahulugan din ng pagwawaksi ng pagkamakasarili, ng pagwawaksi sa pagpapangibabaw ng makitid na pansariling interes sa halip na pangkalahatang interes o interes ng nakararami. | *Itanong kung paano pinapakita ang buong-pusong paglilingkod sa sambayanan.*<br>*Magbigay ng kongkretong mga halimbawa.*<br>*Gamitin ang biswal SPPPR 3a at b.* |

**3. Bakit dapat linangin ng bawat rebolusyonaryo ang aktitud ng walang humpay at ubos-kayang pagpupunyagi sa wastong linya ng demokratikong rebolusyong bayan?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Mga bundok na pinapasan ng masa ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ginagamit ng mga naghaharing uri ang buong kapangyarihan nila para manatili sa poder at lalong mapatindi ang pagsasamantala at pang-aapi nila sa mamamayan. Tanging sa isang | *Bago ang talakayan, basahin muna ang artikulong* Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok. *Himukin ang mag-aaral kung ano ang mensahe* |

| | |
|---|---|
| rebolusyon mapapalaya ng malawak na masa ng mamamayan ang sarili nila sa tatlong salot ng lipunan.<br>Kailangang matiyagang maipaliwanag sa masa ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan at organisahin ang kanilang hanay. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap at pagpupunyagi sa linyang ito, nabubuo ang kumpyansa ng mamamayan sa katumpakan at sa tiyak na tagumpay ng rebolusyon. Gaano man kalaki at kalakas ang mga kalaban sa ngayon ay tiyak na magagapi ng higit na makapangyarihang nagkakaisang mamamayan. Dapat walang tigil na magpunyagi ang mga rebolusyonaryo sa demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa tagumpay. Ito ang susing mensahe sa artikulong "Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok". | *ng artikulo.*<br>*Diinan ang papel ng mamamayan sa DRB. Iugnay ito sa tungkulin ng mga aktibista sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.* |

**4. Bakit kailangan nating magpanibagong-hubog bilang mga rebolusyonaryo?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Bilang mga rebolusyonaryo, tungkulin nating iayon ang ating isip, damdamin at gawa sa tunay na saligang interes ng sambayanang Pilipino. Pero taglay pa ng bawat isa sa atin ang mga kaisipan, ugali at gawi na laganap sa kasalukuyang bulok na lipunan. Lumaki tayo sa lipunang ito na pinaghaharian ng mga uring mapang-api't mapagsamantala. Hanggang ngayon, patuloy tayong naiimpluwensyahan ng bulok na mga kaisipan ng kasalukuyang lipunan. Kaya importanteng tungkulin ng bawat rebolusyonaryo ang pagpapanibagong-hubog sa sarili.<br>Binabago natin ang ating mga sarili para malinang ang mga saligang rebolusyonaryong aktitud upang mahusay na makapaglingkod sa masa at mabungang makapag-ambag nang ubos-kaya sa rebolusyon. | *Idiin na ang pagpapanibagong hubog ay isang tuluy-tuloy na proseso, at ang papel ng kolektibo sa pagsasagawa nito.* |

**5. Paano pinahahalagahan ng rebolusyonaryo ang mga gawain at tungkulin sa rebolusyon?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Lubos na pinahahalagahan ng rebolusyonaryo ang kanyang mga gawain at tungkulin sa | *Tuluy-tuloy na talakayin ang 5-8.* |

| | |
|---|---|
| rebolusyon. Alam niyang ang mga rebolusyonaryong gawain at tungkulin ay bahagi ng dakilang misyon para mapalaya ang sambayanan mula sa mga kuko ng pagsasamantala at pang-aapi. Ang lubos na pagpapahalaga sa mga gawain at tungkulin ay pagtataguyod ng rebolusyonaryo sa interes ng sambayanang Pilipino.<br>Ang rebolusyonaryo ay seryoso at masinop sa pag-aatupag ng kanyang mga gawain.<br>**Ang rebolusyonaryo ay masigla at masigasig kung kumilos.**<br>**Ang rebolusyonaryo ay laging handang gumampan ng mga gawain at tungkulin.** | *Himukin ang mag-aaral na magbahaginan ng kanilang karanasan sa paggampan ng kanilang indibidwal at kolektibong tungkulin. Lagumin ng instruktor ang mga ibinahagi ng mag-aaral.*<br>*Ilarawan ang mga katangian ng rebolusyonaryo kaugnay sa pagharap ng mga gawain.* |

**6. Ano ang wastong pagtingin sa kahirapan, sakripisyo at kamatayan?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **Kinikilala ng rebolusyonaryo na ang kahirapan, sakripisyo at kamatayan ay di maiiwasang bahagi ng pagpapalaya ng sambayanan.**<br>**Ang rebolusyonaryo ay handa sa kahirapan, mga sakripisyo at maging kamatayan alang-alang sa pakikibaka.**<br>**Makabuluhan ang pagsasakripisyo ng rebolusyonaryo dahil ito'y para sa tagumpay ng rebolusyon.**<br>Mulat ang katapangan ng rebolusyonaryo. Iniiwasan niya ang di kinakailangang sakripisyo at kamatayan. Hindi siya basta na lamang sumusuong sa panganib sa simpleng dahilang handa naman siyang mamamatay. Pinag-iingatan niya ang buhay at kaligtasan ng masa, ng kapwa rebolusyonaryo at ng sarili. | *Idiin na ang mga kahirapan, sakripisyo at kamatayan ay bahagi ng pagpapatupad ng mga gawain at tungkulin sa rebolusyon.*<br>*Gamitin ang Arakbiswal-2.* |

**7. Bakit ang mamatay na naglilingkod sa sambayanan ay mas mabigat pa sa isang bundok at ang mamatay na naglilingkod sa mga kaaway ay mas magaan pa sa isang balahibo?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Ang kamatayan ng isang rebolusyonaryo ay isang marangal na kamatayan. Maaaring mamatay ang isang rebolusyonaryo sa iba't ibang paraan. Subalit hindi ang paraan ng kamatayan ang mapagpasya sa katangian ng kanyang kamatayan. Ang bigat ng kanyang kamatayan ay sinusukat ng kanyang buong-pusong pag-aalay ng sarili para | *Basahin ang tula ni JMS,* Paano Maging Bayani *(What Makes A Hero).* |

| | |
|---|---|
| sa sambayanan, ng kanyang walang kapagurang paglilingkod sa masa at pagsusulong sa rebolusyon.<br>Sa kabilang banda, ang kamatayan ng isang naglilingkod sa mga kaaway ay walang karangalan. | |

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **8. Ano ang wastong aktitud sa harap ng mga tagumpay?**<br>Dapat matyagan ang kayabangan at arogansya; maging mapagkumbaba at huwag magpakalasing sa tagumpay; iwasan ang pagkakampante, pagmamadali o pagluluwag.<br><br>**9. Ano ang wastong pagtingin sa masa?**<br>Ang masa ang sandigan para makamit ang anumang layuning rebolusyonaryo. Para makamit ang kalayaan, demokrasya at kaunlaran, kailangang sumalig at magtiwala sa masa.<br>Ang rebolusyonaryo ay kumikilala at bumabalikat ng malaking pananagutan sa masa.<br>Ang pagtataguyod ng rebolusyonaryo sa pambansa-demokratikong interes ng masa ay matatag na batayan para mabuo ang mahigpit na pagkakaisa ng rebolusyonaryong naglilingkod at ng masang pinaglilingkuran.<br><br>**10. Paano itinuturing ng rebolusyonaryo ang kapwa rebolusyonaryo?**<br>Ang rebolusyonaryo ay mapagkaisa sa kanyang kapwa rebolusyonaryo, maging iyong hindi pa niya masyadong kilala, iyong hindi pa niya kapalagay o kaopinyon, o iyong nakagawa ng pagkakamali at gusto namang magbago. Ang pag-unawa sa kalagayan ng kanyang kasama at pagsisikap nitong kumilos at maging mahusay na rebolusyonaryo ang inuuna niya.<br>Maalalahanin at mapagmahal ang rebolusyonaryo sa kanyang mga kasama.<br><br>**11. Ano ang wastong pagtingin sa punahan at pagpuna-sa-sarili?**<br>Ang rebolusyonaryo ay laging handa na punahin ang kanyang mga kahinaan at kamalian. Bukas | *Humingi ng mga halimbawa sa di tamang aktitud kaugnay sa mga tagumpay – TO, pag-oorganisa, agreb*. *Basahin ang artikulo ni Mao, Hinggil sa Pagkakampante at Kahambugan.*<br><br>*Gamitin ang Arakbiswal -8. Tuluy-tuloy na talakayin ang 9 at 10.*<br>*Itanong kung paano naipakita ang masigasig at responsableng pagkilos sa hanay ng masa.*<br>*Magbigay ng kongkretong mga halimbawa sa pagpapahalaga sa pagkakaisang ng rebolusyon-aryong naglilingkod at ng masang pinaglilingkuran.*<br><br>*Gamitin ang Arakbiswal 1 at 13. Humingi ng mga halimbawa paano napapakita ang pagiging mapagkaisa, maalalahanin at mapagmahal sa mga kasama.*<br><br>*Gamitin ang Arakbiswal – 3. Ipabahagi ang naranasang problema kaugnay sa pps.* |

| | |
|---|---|
| siya sa mga puna at lagi niyang ipinangingibabaw ang wasto at mabuti para sa sambayanan. Hindi siya tumatanggi o nag-aatubiling magwasto ng mga kahinaan at kamalian. Lagi siyang handang magbago ng sarili para patuloy na mapaglingkuran ang sambayanan.<br>Ang punahan at pagpuna-sa-sarili ay isang mabisang paraang kailangan para iwasto ang mga kamalian at pangibabawan ang mga kahinaan. Kailangan ito para patibayin ang pagkakaisa sa loob ng rebolusyonaryong hanay at sa pagitan ng mga rebolusyonaryo at ng masa. | *Magbigay ng kongkretong paliwanag sa diwang **"gamutin ang pasyente para mailigtas ang maysakit".***<br><br>*Itanong kung bakit kailangan ang regular at palagiang pagdaraos ng punahan at pagpuna-sa-sarili. Iugnay ang praktika ng PPS ay bahagi ng tuluy-tuloy na proseso ng pagpapanibagong-hubog.* |
| **12.Ano ang internasyunalismo?**<br>Sa kasalukuyang panahon ng imperyalismo, mahalaga ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga mamamayan ng iba't ibang bayang dumaranas ng di mabatang pang-aapi at pagsasamantala sa pakikibaka laban imperyalismo at lahat ng reaksyon.<br>Sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino, at lalo na sa pagtatagumpay nito, kaalinsabay na napapahina ang imperyalismo sa buong mundo, kaya't nakakaambag ito sa pagsulong ng pakikibaka ng mamamayan sa ibang bayan. Gayundin, natutulungan tayo ng mamamayan ng ibang bayan na nakikibaka rin sa imperyalismo at iba pang reaksyunaryo.<br>Internasyunalistang tungkulin natin ang pagsusulong ng dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino. Pagkaagaw ng kapangyarihang pulitikal, internasyunalistang tungkulin natin ang pagkonsolida nito, pagtatayo ng demokratikong estadong bayan, at paglulunsad ng sosyalistang rebolusyon. Kailangan ding pahigpitin ang pagkakaisa sa mamamayan ng ibang bayan at patuloy na makipagtulungan sa rebolusyonaryo at anti-imperyalistang mga kilusan at organisasyon sa ibang bayan. | *Gamitin ang Arakbiswal – 4. Basahin ang artikulong* Paggunita kay Norman Bethune.<br>*Linawin ang kahulugan at kahalagahan ng internasyunalismo.*<br><br>*Ilinaw na ang pagtatagumpay ng ating DRB ay isang malaking ambag sa ating tungkuling internasyunalista.* |

**13. Anu-ano ang maling mga kaisipan at gawi na nakapipinsala sa interes ng rebolusyon at masa? Paano babaguhin ang mga ito?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| ***a. Ano ang liberalismo at bakit kailangang bakahin ito?*** | *Basahin ang artikulong* Bakahin Ang Liberalismo (Setyembre 7, |

| | |
|---|---|
| Liberalismo ang pag-ayaw o pag-iwas sa aktibong tunggalian sa ideolohiya. Pag-ayaw o pag-iwas ito sa malinaw na pagtukoy kung alin ang tama at rebolusyonaryong mga ideya, patakaran at pagkilos, at alin naman ang mali at di rebolusyonaryo. Pag-ayaw o pag-iwas ito na itaguyod ang tama at iwaksi ang mali. Dapat bakahin ang liberalismo dahil taliwas ito at inuuk-ok ang makaprinsipyong pagkakaisa sa hanay ng mga rebolusyonaryo. Sa halip, itinataguyod nito ang di makaprinsipyong kapayapaan, ang pag-iral at paglaganap ng mali at di rebolusyonaryong ng mga ideya, patakaran at kilos.<br>Repleksyon lamang ito ng pag-iral ng tunggalian ng linya, ng tama at mali, at ng pagkakaroon ng mga limitasyon at kahinaan sa hanay ng mga rebolusyonaryo | 1937)<br>*Gumawa ng chart ng 11 tampok na mga anyo ng liberalismo. Tuluy-tuloy na talakayin ang a-k. Linawin kung ano ang liberalismo at bakit kailangang bakahin ito. Magbigay o humingi sa mag-aaral ng halimbawa mula sa kongkretong karanasan sa bawat tipo ng liberalismo.* |
| ***b. Anu-ano ang mga anyo ng liberalismo?***<br>Ang liberalismo ay makikita sa 11 tampok na mga kaisipan at gawi | |
| ***k. Paano babakahin ang liberalismo?***<br>Para puspusang mababaka ang liberalismo, kailangang iwaksi ang pagka-makasarili at itaguyod ang interes ng rebolusyon o ng nakararaming masang pinagsasamantalahan at inaapi. Kailangang palawakin ang isip para makita at mayakap ang mas malawak na interes ng sambayanan, at hindi lamang ang sariling interes. Sa gayon walang pangingimi at pag-aatubiling maitataguyod ang mga tunggaliang pang-ideolohiya at mabubuo ang pinakamatibay na may-prinsipyong pagkakaisa sa ating hanay. | *Talakayin kung paano babakahin ang liberalismo at kung paano matutulungan ang mga kasama na bakahin ang liberalismo.* |
| ***d. Ano ang pananaw na lantay-militar, saan nagmumula ito, at paano ito maiwawasto?***<br>Lantay-militar ang pananaw na magkahiwalay at magkabangga ang pulitika at militar, at tumatangging ipailalim at pagsilbihin sa pulitika ang mga usapin at gawaing militar. Itinuturing nitong tanging tungkulin ng hukbong bayan ang paglaban, at itinatangging tungkulin nito ang pagsasagawa ng propaganda sa masa at produksyon para sa rebolusyon.<br>Nagmumula ang lantay pananaw-militar sa | *Basahin ang artikulong* Tungkol sa mga Maling Kaisipan sa Loob ng Partido. *Gumawa ng tsart ng mga maling kaisipan.*<br>*Talakayin ang bawat maling kaisipan. Magbigay ng kongkretong mga halimbawa sa paglarawan ng mga ito.*<br>*Diinan ang mga pinsalang dulot ng bawat maling kaisipan sa loob ng Partido.*<br>*Diinan ang makauring ugat ng mga maling kaisipang ito at kung paano maiwawasto ang mga ito.* |

kakulangang maunawaan ang halaga ng pampulitikang pamumuno sa hukbong bayan at ang nag-iiba sa HB sa reaksyunaryong H ay ang magkaibang pinagsilbihang pulitika ng mga ito. Maiwawasto ang lantay na pananaw-militar sa pamamagitan ng pagpapataas ng kamulatan sa ideolohiya at pulitika ng rebolusyonaryong pwersa.

***e. Ano ang ultrademokrasya at pagsuway sa disiplina sa organisasyon, at paano maiwawasto ang mga ito?***

Ultrademokrasya ang labis na pagpapahalaga o paggigiit sa demokrasya nang lumalabas o hindi nagagabayan ng mga prinsipyo ng organisasyon. Hindi isinasaalang-alang, bantulot sa pagpapatupad, kung hindi man tahasang nilalabag, ang mga prinsipyo, patakaran, tuntunin o desisyon ng organisasyon.

Makikita naman ang pagsuway sa disiplina sa organisasyon sa sumusunod:

a. Pagtanggi ng minorya na sumunod sa mayorya.

b. Pagpuna nang walang pagsasaalang-alang sa disiplina sa organisasyon.

Kapwa nakakasira sa pagkakaisa at nakakapagpahina ng organisasyon ang mga ito at nakaugat sa petiburges na pagkamakasarili o indibidwalismo at pag-ayaw sa disiplina.

Para maiwasto, kailangang mabunot ang ugat na petiburges na pagkamakasarili o indibidwalismo at ang pag-ayaw sa disiplina sa organisasyon sa pamamagitan ng edukasyon at tunggaliang pang-ideolohiya.

***g. Ano ang indibidwalismo at paano ito maiwawasto?***

Indibidwalismo ang labis ng pagpapahalaga sa sariling kapakanan samantalang ipinapailalim dito o isinasantabi ang kapakanan ng organisasyon at ng rebolusyon. nakikita ang tunguhing indibidwalismo sa sumusunod na mga anyo: 1). Pagganti 2). mentalidad na “maliit na grupo” 3). mentalidad na empleyado 4). paghahanap ng aliw 5). pagpapasibo o kawalang-sigasig 6). pagnanais na “bumaba” o “magpahinga” 7). kanya-kanyang kaharian.

Dahil sinasalamin ng indibidwalismo ang

*Bilang pagsasara ng Aralin I, sumahin ang saligang mga rebolusyonaryong aktitud:*

*1. Buong-pusong paglilingkod ng sambayanan*

*2. Walang humpay at ubos-kayang pagpupunyagi sa wastong linya.*

*3. Nagpanibagong-hubog bilang mga rebolusyonaryo*

*4. Taglay ang wastong pagtingin sa kahirapan, sakripisyo at kamatayan; ang wastong aktitud sa harap ng mga tagumpay; at*

| | |
|---|---|
| petiburges at burges na mga kaisipan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan, edukasyon sa ideolohiya ang pangunahing paraan ng pagwawasto.<br><br>***h. Ano ang suhetibismo at paano ito maiwawasto?***<br>Suhetibismo ang maling pagtingin o pagsusuri sa kalagayan, gawain, at maging sa mga kasama. Ibig sabihin, hindi ito umaayon sa obhetibong katotohanan.<br>Mauugat ang suhetibismo sa di proletaryo at di syentipikong pananaw at paraan ng pag-iisip. Nakakapinsala ito sa organisasyon dahil nagbubunga ng maling mga patakaran at desisyon, at naglilikha ng di makaprinsipyong mga tunggaliang nagpapahina sa organisasyon. Para maiwasto ito, kailangang ipalaganap at itaguyod ang proletaryo at syentipikong paninindigan, pananaw at paraan ng pagsusuri sa mga bagay-bagay.<br><br>***i. Ano ang labi ng putsismo at ideolohiya ng mga pangkat ng rebeldeng lagalag at paano ito maiwawasto?***<br>Ang labi ng putsismo at ideolohiya ng mga pangkat ng rebeldeng lagalag ay kapwa di proletaryong mga kaisipan na nagbubunsod ng kawalan ng disiplina, katamaran sa gawain sa pulitika at produksyon,bulagsak at labis na mapusok at mapaminsalang mga kilos na kilos sa loob ng hukbong bayan.<br>Nakaugat ang mga labi ng putsismo sa ideolohiyang lumpenproletaryo at petiburges. Ang ideolohiya ng mga pangkat ng rebeldeng lagalag naman ay nagmumula sa kaisipan ng malaproletaryo at lumpen-proletaryong mga lagalag.<br>Para maiwasto ang mga labi ng putsismo at ideolohiya ng pangkat ng rebeldeng lagalag, kailangang maiwaksi ang makauring ugat ng mga ito sa pamamagitan ng edukasyon at aktibong tunggalian sa ideolohiya; pagpapasampa sa hukbong bayan ng mas maraming militanteng masa mula sa hanay ng mga manggagawa at maralitang magsasaka; mahigpit na disiplina sa hukbong | *wastong pagtingin sa punahan at pagpuna-sa-sarili*<br><br>*5. Mapagkaisa sa masa at kapwa rebolusyonaryo, kahit yung hindi mkapalagay o nagkakamali.*<br>*6. Walang tigil na binabaka ang liberalismo at ang mga maling kaisipan.*<br>*7. May internasyunalistang diwa.* |

| | |
|---|---|
| bayan at pagsabak ng mga yunit sa gawaing masa at produksyon. | |

**B. ARALIN II**

## ANG REBOLUSYONARYONG PAG-AARAL AT WASTONG PARAAN NG PAGSUSURI

**Introduksyon sa Paksa:**

1. Gumawa ng strip sa sinabi ni Mao: "ang kumilos na parang 'isang nakapiring na taong nanghuhuli ng maya' o 'isang bulag na nangangapa ng isda', ang maging padaskul-daskol at pabaya, ang magdaldal lamang, ang magkasya na lamang sa katiting na nalalaman—ito ang napakasamang estilo ng marami pa nating mga kasama" at idikit sa blakbord.
2. Itanong kung ano ang pagkaunawa nila dito.
3. Idiin na magpunyagi tayo sa rebolusyonaryong pag-aaral upang mapahusay natin ang ating rebolusyonaryong pagkilos.

**A. ANO ANG REBOLUSYONARYONG PAG-AARAL?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Bakit mahalaga ang pag-aaral?**<br>Dahil ang kailangan sa rebolusyon ay mulat na pagkilos. Mapanganib para sa masa at sa rebolusyon ang kilos na ipinapaubaya sa tsamba o pagbabakasakali. Ang bawat hakbang ay nakabatay sa kongkretong pag-aaral sa kalagayan at mga pangangailangan ng rebolusyon.<br>Rebolusyonaryo pag-aaral: paglahok sa kolektibong mga talakayan, pagbabasa ng mga aklat at iba pang lathalain, pananaliksik, pagsisiyasat, at pagsusuring ginagawa sa mga pagtatasa, paglalagom at pagplano ng gawain.<br>Ang paksa ng rebolusyonaryong pag-aaral ay ang lipunan at rebolusyon; ang mga ideya o teorya na naglilinaw sa kalagayan ng mga uri sa lipunan at ang kanilang tunggalian.<br>Tanging layunin natin sa pag-aaral ang mapahigpit ang paggagap sa mga bagay-bagay upang mas mabisang mabago ang mga ito.<br><br>**2. Bakit mahalaga ang pag-aaral tungkol sa** | *Iugnay ang pagtalakay sa karanasan ng mag-aaral sa produksyon o paghahapbuhay tulad ng pag-aaral nila sa pagpili ng binhi, kung ano ang magandang palahian sa paghahayupan at ang mahusay na pag-aalaga ng mga ito, atbp. (batay sa katangian ng mag-aaral)*<br>*Linawin kung ano ang pag-aaral. Idiin na ang pag-aaral ay hindi lang pagbabasa ng libro. Napakahalagang bahagi ng rebolusyonaryong pag-aaral ang pag-aaral sa kalagayan at sa praktika, gaya ng panlipunang pagsisiyasat, pagsusuri sa uri, at iba pa.*<br>*Linawin ang rebolusyonaryong pag-aaral.* |

| | |
|---|---|
| **demokratikong rebolusyong bayan?**<br>Ang pag-aaral hinggil sa DRB ay napakaimportante dahil itinuturo nito ang wastong pagsusuri sa kalagayan ng lipunang Pilipino, ang ugat ng mga suliranin ng mamamayan, at ang mga paraan ng paglutas nito.<br>Ang rebolusyon ay isang syensya. Sa pakikipagtunggali sa mga kaaway kailangang matalinong pag-aralan ang mga usapin at batas ng pagrerebolusyon, paano mahusay na makikitunggali at makikilaban ang masa para magapi ang mga kaaway.<br>Mahalagang bahagi ng pag-aaral ng lipunan at rebolusyong Pilipino ang pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas. Sa pag-aaral naman natin sa bawat lugar na kinikilusan, napakahalagang pag-aralan ang kasaysayan ng lugar para magagap ang katangian ng lugar, mga suliranin, at ang kasaysayan ng pakikibaka ng masa.<br>Tuluy-tuloy na pag-aaral sa DRB ang dapat gawin ng mga rebolusyonaryo. | *Idiin ang tanging layunin ng pag-aaral.*<br>*Gamitin ang Arakbiswal – 5.*<br><br>*Itanong sa mag-aaral kung nakapaglulunsad ba sila ng pana-panahong PPPU; pag-aaral at pagsusuri sa mga problemang kinakaharap ng masa sa baryo o eryang kinikilusan; pag-aaral at pagsusuri sa mga usaping nakakaharap sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.*<br>*Idiin na ang layunin ng pag-aaral ng mga prinsipyo sa drb ay upang magabayan tayo sa pagsusuri at paglutas ng mga problemang makakaharap natin sa pagkilos, at ang tuluy-tuloy na pag-aaral.* |
| **3. Ano ang pagsisiyasat?**<br>Ang pagsisiyasat ay ang pagkuha ng tunay o wastong impormasyon hinggil sa kalagayan at mga pangyayari.<br>Ang panlipunang pagsisiyasat ay pag-aaral sa kalagayan ng mga uri sa tunay na buhay.<br>Mahalaga ang panlipunang pagsisiyasat dahil inililinaw nito sa atin ang target, paraan at direksyon ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.<br>Ang pagsisiyasat sa pagpapatupad ng gawain, plano o programa ay ang paglikom ng datos hinggil sa tinakbo ng pagpapatupad.<br>Ang wasto at sapat na impormasyong nakukuha natin sa pamamagitan ng pagsisiyasat ay mahalaga, at kailangan para makabuo ng wastong mga desisyon, plano at programa sa pagkilos. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang tanong #3 at 4.*<br>*Case Study: gamitin ang gabay sa PPPU sa antas GP-KP upang ilinaw ang mga hakbangin sa pagsisiyasat at pagsusuri. (ihanda ito)*<br><br>*Idiin na ang pagsisiyasat at pagsusuri ay isang tuluy-tuloy na gawain.*<br>*Gamitin ang Arakbiswal – 6.* |
| **4. Ano ang pagsusuri at bakit ito mahalaga?**<br>Sa pamamagitan ng pagsusuri nasasapol natin ang katangian ng mga bagay o pangyayari na sinusuri; nauugat natin ang mga dahilan at paraan ng pag-unlad ng mga ito.<br>Sinasagot natin sa pagsusuri ang mga tanong na | *Sa ginamit na case study, ipakita ang ugnayan ng pagsisiyasat at pagsusuri.* |

| | |
|---|---|
| "Bakit?", "Paano?" at "Ano ang katangian at ugnayan?" Sa gayon, nagkakaroon tayo ng mas buo at mas malalim na pag-unawa sa mga bagay at pangyayari.<br>Tuluy-tuloy at magkaalinsabay ang pagsasagawa ng pagsusuri at pagsisiyasat. Kahit magkahiwalay na gawain o aktibidad, nagsasalimbayan ang mga ito sa iisang proseso. Matapos magsiyasat, sinusuri natin ang datos. Nagbubuo tayo ng mga kongklusyon at desisyon na isinasapraktika. Muli nating sinisiyasat ang pagpapatupad nito, at muling sinusuri ang mga nagawa at pangyayari upang batay dito ay muling gumawa ng kongklusyon at desisyon para higit pang isulong ang rebolusyonaryong gawain. | |
| **5. Ano ang pagtatasa?**<br>Ang pagtatasa ay isang anyo ng pagsusuri. Dalawang klase ng pagtatasa ang karaniwan nating ginagawa: ang pagtatasa ng gawain at ang pagtatasa ng kalagayan. Ang pagtatasa ng gawain ay ang pagsusuri para masukat kung ano ang katayuan o naabot sa pagtupad ng programa o plano. Ang pagtatasa naman ng kalagayan ay ang pagsusuri sa katangian ng sitwasyon at ng antas ng tunggalian ng mga uri sa lipunan.<br>Ang pagtatasa ay nagbibigay sa atin ng tuwiran, kagyat at ispesipikong batayan sa wastong pagpaplano at pagtupad ng ating mga gawain. Nakabatay ang mga plano sa pagtatasa ng inabot na antas ng gawain. Kung gayon, binabago ang mga plano at kilos ayon sa mga pagbabago at pag-unlad na natutukoy sa patuloy na mga pagtatasa ng gawain. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang 5 at 6.*<br>*Magbigay ng halimbawa ng isinagawang pagtatasa ng gawain at pagtatasa ng kalagayan.*<br>*Diinan ang kahalagahan ng palagian at napapanahong pagtatasa at ang ugnayan nito sa pagpaplano sa pamamagitan ng angkop na halimbawa (depende sa katangian ng mag-aaral).* |
| **6. Ano ang paglalagom?**<br>Ang paglalagom ay ang pagsusuri ng ating positibo at negatibong karanasan para humalaw ng mga aral. Ang mga kongklusyong nabubuo natin sa paglalagom ay mga pangkalahatang aral na nakakagabay sa ating pagkilos.<br>**Karaniwang nilalagom natin ang karanasan sa pagkilos ng masa, sa pamumuno sa masa at sa pagkilos ng organisasyon.**<br>Matapos mailinaw ang mga datos at resulta ng pagkilos, ayon sa saklaw ng panahon at | *Maghanda ng angkop na case study ng paglalagom ng isang gawain o kampanyang isinagawa (halimbawa sa agreb o gawaing militar sa lugar na kinikilusan) at gamitin ito sa pagtalakay.*<br>*Idiin na sa paglalagom natututo tayo kapwa sa positibo at negatibong karanasan para patuloy na paunlarin ang ating* |

| | |
|---|---|
| karanasang nilalagom, pinapansin natin ang:<br>a) pagsulong, pagkabalaho o pag-atras ng pagkilos; ang mga dahilan at kalagayang nagbunsod nito; at mga aral na mahahango rito.<br>b) mga tampok na kalakasan, kahusayan, kahinaan at kamalian sa pagkilos; ang mga kalagayan at pananaw na nagbunsod ng mga ito; at ang mga aral na mahahango rito.<br>Ang paglalagom ay mahalagang bahagi ng ating pag-aaral. Sa pamamagitan ng paglalagom, mapapahigpit natin ang pag-unawa sa mga prinsipyo ng rebolusyon batay sa naging karanasan mismo. | *kaalaman at pag-unawa sa ating mga gawain at tungkulin.* |
| **7. Paano ang buong proseso ng pag-alam at ng rebolusyonaryong pag-aaral?**<br>Alamin natin ang katotohanan mula sa pangyayari. Ayon kay Mao, "Ang mga 'pangyayari' ay lahat ng bagay na obhetibo (o kongkreto) na umiiral; ang 'katotohanan' ay ang panloob na pagkakaugnay-ugnay nila, iyong mga batas na sumasaklaw sa kanila; at ang 'pag-alam' ay pag-aaral."<br>**Ang pag-alam sa kalagayan at ang pagkilos para baguhin ito ay isang tuluy-tuloy na proseso.**<br>Mahalagang bahagi sa buong prosesong ito ang pagtatasa sa sariling pwersa: pagtatasa ng buong yunit sa sariling pagkilos at kalagayan, at pagtatasa sa pagkilos at gawain ng bawat isa. Dito pumapasok ang punahan at pagpuna-sa-sarili. | *Gamitin ang naunang case study sa PPPU para kongkretong maipakita ang buong proseso ng pag-alam at rebolusyonaryong pag-aaral.* |

**B. PAANO WASTONG SINUSURI ANG MGA BAGAY AT PANGYAYARI?**

**1. Ano ang pinagbabatayan ng wastong pagsusuri?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Nakabatay ang wastong pagsusuri sa kongkreto, aktwal, tunay, o obhetibong mga kalagayan at pangyayari. Kongkretong pagsusuri sa kongkretong kalagayan ang tanging wastong paraan ng pagsusuri.<br>Madalas mangyari na mahirap gumawa ng tamang kongklusyon—halimbawa mahirap | *Case study ng pagtatasa ng isang gawain ng yunit, maaaring kaugnay sa gawaing militar, pag-oorganisa o kampanyang masa o pag-aayos ng isang problema o tunggalian sa hanay ng masa. Tuunan ng pansin kung paano* |

| | |
|---|---|
| matukoy ang tunay na katangian o dahilan ng isang problema—dahil kulang pa sa kongkretong datos o may kakulangan sa wastong pagsusuri o pagproseso sa datos o kulang sa paggamit ng mga prinsipyo na gumagabay sa pag-uugnay-ugnay ng kalat-kalat na datos.<br>Nangyayari pa nga na maling mga kongklusyon ang nararating, kahit sapat ang datos na pinagbabatayan dahil sa maling pagsusuri, na karaniwang bunga ng maling pag-uugnay-ugnay ng datos.<br>Magsimula sa mga tunay o aktwal na mga pangyayari at kongkretong mga datos ng kalagayan. Pag-aralan ang ugnayan ng mga datos, pangyayari, at iba pa. Alin ang mahalaga, alin ang hindi? Alin ang totoo, alin ang mali? Paano ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari? Ito ang pinagbabatayan ng wastong pagsusuri. | *naabot ang konklusyon o pagsusuri at pagpapasya sa kaso o usapin.* |

**2. Bakit natin sinasabi na lahat ng bagay ay nagbabago?**

| | |
|---|---|
| a. Ang lahat ng bagay ay nagbabago. Walang anumang bagay ang masasabi nating yari o ganap na kaya't hindi na magbabago. Kung pagmamasdan natin ang kapaligiran, ang kalikasan at ang lipunan ng tao, makikita nating patuloy na nagbabago ang mga bagay-bagay—pati na ang tao. Bawat bagay ay may pagsibol, pag-unlad at paglipas. May mga pagbabagong dahan-dahan, may mga biglaan naman. At ang pagbabago ay nangyayari sa buong proseso ng pag-iral ng bagay, mula sa umpisa hanggang sa wakas nito.<br>b. Ang kaalaman ng tao ay bunga ng pag-aaral sa pagbabago, paggalaw o pag-iral ng mga bagay. Kasabay ng pag-unlad ng lipunan, patuloy ding umuunlad ang kaalaman ng tao. Sumusulong ang kaalaman ng tao sa pagsusuri na wastong tumutuklas sa mga dahilan at paraan ng pagbabago. Sa pag-unlad ng kaalaman ng tao, aktibo at mabisa siyang nakakakilos sa pagbabago ng mga bagay para sa kanyang pakinabang.<br>k. Ang kaalaman na mauunawaan ng tao ang mga bagay sa pamamagitan ng pag-aaral sa pagbabago ang nagbibigay sa atin ng tibay ng loob at tatag ng kapasyahan sa harap ng problema at mahirap na | *Tuluy-tuloy na talakayin ang 2 at 3. Gumamit ng mga simpleng halimbawa na nakikita sa paligid. Hikayatin ang mag-aaral ng mga halimbawa.*<br><br>*Gamitin ang Arakbiswal – 7.* |

| | |
|---|---|
| sitwasyon. Itinuturo nito sa atin na kapag wasto nating masusuri ang kalagayan, mauunawaan natin kung paano lulutasin ang problema at haharapin ang mahirap na sitwasyon. | |

**3. Ano ang dahilan ng pagbabago ng mga bagay?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Bawat bagay ay may dalawang panig o aspeto na magkasalungat at nagtutunggalian. Ito ang tinatawag nating kontradiksyon. Ang katangian ng bagay ay itinatakda ng kontradiksyon, at ang pag-unlad at pagbabago ng bagay ay itinatakda ng pagtutunggalian ng dalawang aspeto ng kontradiksyon. Kung gayon, ang dahilan ng pagbabago ng anumang bagay ay nasa loob, o kaibuturan, at wala sa labas nito.<br>Nag-iimpluwensya naman ang mga panlabas na kalagayan sa pagbabago ng bagay. Walang bagay ang umiiral nang hiwalay sa kanyang paligid. Sa kanyang paggalaw at pag-unlad, nakakaugnay nito ang iba pang bagay sa paligid. Ito ang panlabas na mga kalagayan na nakapagpapabilis o nakapagpapabagal sa pagbabago ng bagay. | *Gamitin ang halimbawang nasa teksto (pagbabago at pag-unlad ng lipunang Pilipino at pag-unlad ng isang kasama) sa pagpapakita ng dahilan sa pagbabago ng mga bagay at ang impluwensya ng panlabas na kalagayan sa pagbabago ng bagay.*<br><br>*Maaari ding gamiting halimbawa ang hinggil sa produksyon - ang ugnayan ng binhi, lupa, tubig, init, etc. sa pagtubo ng mga tanim; o ang ugnayan ng iba't-ibang sangkap ng paghahayupan; ang iba't-ibang aspeto ng isang kampanyang masa; pagtatayo at pag-unlad ng organisasyong masa, atbp.* |

**4. Bakit natin sinasabing ang "paghahati ng isa sa dalawa" ang wastong paraan ng pagsusuri?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Ang pagsusuring naghahati ng isa sa dalawa ang wastong paraan ng pagsusuri. Inaalam natin ang dalawang aspeto na bumubuo sa kontradiksyon. Inaalam natin kung alin sa dalawang aspeto ang nangingibabaw o prinsipal. Ihinahambing natin ang isang bagay sa iba pa upang malaman ang esensyang komun sa kanila. Iniiba natin ang bagay na ito sa iba pa upang mapalamnan at mabuo ang pag-unawa sa bagay na sinusuri. Inaalam natin kung paano umunlad ang kontradiksyon o ang pag-aaral sa kasaysayan . | *Tuluy-tuloy na talakayin ang 4-7. Gamitin ang halimbawang nasa teksto o ang lipunang Pilipino sa pagtalakay ng mga punto.* |

**5. Sa isang karaniwang bagay, ano ang pangunahing nagtatakda ng pagbabago?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Sa simpleng bagay o proseso, ang prinsipal o nangingibabaw na aspeto ng kontradiksyon ang nagtatakda sa kalikasan ng isang bagay. Sa kumplikadong bagay o proseso, ang prinsipal na aspeto ng prinsipal na kontradiksyon ang pangunahing nagtatakda ng kalikasan ng isang bagay, ng esensya nito at sa ag-unlad ng bagay o proseso. Ang kontradiksyong ito ang tumutuhog, kaugnay, at nakakaapekto sa pag-iral at pag-unlad ng lahat ng iba pang kontradiksyon.<br>Sa pagsusuri, pag-aralan natin ang mga kontradiksyong bumubuo ng bagay, suriin kung alin sa mga kontradiksyon ang prinsipal, pag-aralan kung paano ito tumutuhog at nakakaimpluwensya sa iba pang kontradiksyon, pag-aralan ang mga aspeto nito at alamin kung alin sa dalawang aspeto nito ang prinsipal. Kailangan ring pag-aralan ang segundaryong mga kontradiksyon at ang mga aspeto nito.<br>**Ang paglutas ng prinsipal na kontradiksyon ang magbibigay daan sa paglutas sa iba pang kontradiksyon.** | *Hal: mga kontradiksyon sa lipunang Pilipino:*<br><br>*USI, MBK, PML \ – prinsipal na*<br>*vs. / kontradiksyon*<br>*Mamamayang Pil /*<br><br><br>*(USI, MBK,PML\ prinsipal na*<br>*aspeto ng*<br>*\ prinsipal na*<br>*\kontradiksyon)*<br>*mggwa*<br>*mssaka /segundaryong*<br>*ptb / aspeto ng*<br>*nb / prinsipal*<br>*na kontradiksyon*<br><br>*Ang DRB ay ang paglutas sa prinsipal na kontradiksyon sa lipunang Pilipino.* |

**6. Bakit kailangang isaalang-alang ang ugnayan ng kabuuan at mga bahagi?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Sa pagsusuri ng bagay, dapat iugnay ito sa kabuuan para maiwasang maging makaisang-panig, mababaw at lutang ang mga kongklusyon. Sa kabilang banda, ang pagsusuri ng bagay ay nabubuo at napapalalim kapag mahusay na sinusuri ang lahat ng bahagi nito.<br>Anumang bagay na sinusuri natin ay kabahagi ng isang mas malawak na kabuuan. Dapat isaalang-alang ang relasyon ng bagay na sinusuri sa kabuuang ito. Kailangang pansinin kung paano nagkakaimpluwensya at nasasalamin sa bagay na sinusuri ang pag-unlad ng kabuuan. Sa gayon mas mauunawaan pa natin ang dahilan at pag-unlad ng bagay na iyon. | |

**7. Paano nagbabago ang isang bagay?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| May kontradiksyon mula sa simula hanggang | *Maaaring magbigay din ng mga* |

| | |
|---|---|
| matapos ang bagay. Ang pag-unlad ng mga bagay ay nagdaraan sa kantitatibo at kalitatibong pagbabago.<br>Sa simula, ang isang aspeto ng kontradiksyon ay mas malakas at nakakapangibabaw sa kabilang aspeto. Ang nangingibabaw na aspeto ang nagtatakda ng batayang kalikasan ng bagay.<br>Pero hindi tigil ang katayuang ito. Walang-humpay na nagtutunggalian ang dalawang aspeto. Patuloy na nagbabago ang anyo at lakas ng bawat kasalungat. At patuloy na nagbabago ang anyo at tindi ng kanilang pagtutunggalian, minsa'y tago, minsa'y litaw. Ito ang tinatawag na antas ng kantitatibong pagbabago, isang antas na parang hindi nagbabago ang bagay. Ang mapapansin lamang natin, kung mayroon man, ay ang maliliit na pagbabago sa porma o panlabas na kaanyuan ng bagay. Sa buong antas na ito, hindi nagbabago ang pusisyon ng mga aspeto.<br>Nagkakaroon ng kalitatibong pagbabago sa bagay kapag nagpalit ng pusisyon ang dalawang aspeto. Sa patuloy na paglakas ng dating segundaryong aspeto at paghina ng prinsipal at pabulusok na aspeto, aabot ang panahon na ang dating segundaryo pero pasulong ang mangingibabaw at ang dating prinsipal ang pangingibabawan. Ito ang tinatawag na antas ng kalitatibong pagbabago.<br>Ang pagpapalitan ng pusisyon ng pangingibabaw ng magkasalungat na aspeto ay mamamalas sa isang igpaw na nagbabago sa kalikasan ng bagay. Itatakda na ngayon ng bagong nangingibabaw na aspeto ang kalikasan ng bagay.<br>Kailangang suriin kung saan nagsisilbi ang kantitatibong pagbabago. Ang mga kantitatibong pagbabago na naglilingkod at nagpapalakas sa prinsipal na aspeto ay hindi hahantong sa kalitatibong pagbabago. Ang mga kantitatibong pagbabago naman na naglilingkod at nagpapalakas sa segundaryong aspeto ang hahantong sa kalitatibong pagbabago.<br>Nalilinaw sa atin ng pag-unawa sa kantitatibo at kalitatibong pagbabago kung ano ang mga pangangailangan at kalagayan para maganap ang kalitatibong pagbabago ng bagay o pangyayari. | *halimbawa mula sa karanasan ng mag-aaral sa produksyon o paghahanapbuhay o sa pakikibaka: kahoy o bao nagiging uling; gata nagiging langis; ordinaryong masa naging aktibista; pagkabuo ng unyon sa pabrika, atbp.*<br>*Hikayating magtanong ang mag-aaral. Sikaping masagot.*<br><br>*Ilinaw ang kaibahan ng repormismo sa rebolusyonaryong pakikibaka para sa reporma.* |

**8. Paano nalulutas ang isang kontradiksyon?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|

| | |
|---|---|
| Sa pagkakaroon ng kalitatibong pagbabago sa pagpapalitan ng pusisyon ng prinsipal at segundaryong aspeto ng kontradiksyon, nagbabago na ang kalikasan ng isang bagay. Nawawala ang kondisyon sa pag-iral ng dating magkasalungat na aspeto at nagwawakas ang lumang bagay. Sumisibol naman ang bagong kontradiksyon at bagong bagay. Sa sandaling mangibabaw ang bagong aspeto sa luma, ang lumang bagay ay nagbabago ng kalidad at nagiging bagong bagay.<br>Ang tunggaliang magkaiba sa kalidad ay malulutas sa kalitatibong magkaibang paraan. Naitatakda ng katangian ng kontradiksyon ang paraan ng paglutas nito. | *Gamitin ang mga halimbawang ginamit sa pagtalakay sa 5-7. Ilinaw ang magkaibang paraan sa paglutas ng magkaibang katangian ng kontradiksyon (marahas at di marahas na paraan ng paglutas). Pero dahil patuloy na nagbabago ang mga bagay, nangyayari na ang isang dating marahas na paraan ng paglutas ay nagiging di marahas, at ang dating di marahas ay nagiging marahas.* |

*Basahin ang huling dalawang parapo ng # 8 bilang pagsasara ng Aralin II.*
(Tantiyang bilang ng oras ng pagtalakay: 2 oras)

**K. ARALIN III**

## ANG LINYANG MASA

**1. Bakit ang prinsipyong "ang masa at ang masa lamang ang tagapaglikha ng kasaysayan" ang salalayang prinsipyo ng linyang masa?**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| Ang prinsipyong "ang masa at ang masa lamang ang tagapaglikha ng kasaysayan" ay isang prinsipyong nahalaw sa syentipikong paraan sa malalim na pagsusuri sa kasaysayan ng tao. Pinatunayan na ng maraming daantaon ng kasaysayan ng sangkatauhan na ang nagsusulong ng mga pagbabago ng lipunan ay walang iba kundi ang masa. Sa kanilang lakas sa produksyon nabubuhay ang lipunan. Sa kanilang dunong at talino umuunlad ang kaalaman at buhay ng lipunan. Sa kanilang kapangyarihan napapalis ang anumang pwersang sumasagka sa pagsulong ng lipunan.<br>Sa ganun, dapat lubusang sumalig sa masa, pukawin, organisahin at pakilusin ang masa sa pagsusulong ng rebolusyon at sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong gawain.<br>Ito ang matibay at syentipikong batayan ng wastong aktitud sa masa, ng matiyaga at pursigidong pagkilos sa hanay ng masa at ng | *Tuluy-tuloy na talakayin ang tanong # 1–5.*<br>*Gamitin ang Arakbiswal – 8 at 9. Itanong sa mag-aaral kung sino ang lumilikha ng pagkain at iba pang batayang pangangailangan ng lipunan; kung sino ang gumagawa ng mga daan, tulay, gusali, atbp; kung sino ang nakipaglaban sa mga mananakop na Espanyol, Amerikano at Hapon. Likumin at isuma ang mga sagot bilang patunay na ang masa ang tagapaglikha ng kasaysayan.*<br><br>*Ipabahagi sa mag-aaral kung ano ang wasto nating aktitud sa masa at paano ito maipakita at maipadama sa kanila.* |

| | |
|---|---|
| mapagkumbabang pakikitungo sa kanila; ng pagsalungat sa maling kaisipan na umasa sa iilang tao lamang, sa pagiging palautos sa isang banda, at pag-ako naman ng lahat ng gawain sa kabilang banda. | |
| **2. Ano ang ibig sabihin ng magtiwala at sumalig sa masa?**<br>Dapat tayong tumungo sa hanay ng masa, makiisa sa kanila at mabisang pamunuan sila. Sa matiyagang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa, mabubuo at maipapamalas ang kanilang lakas at ang mga rebolusyonaryong ideya ay magiging isang makapangyarihang materyal na pwersa na siyang magtutulak sa pagsulong ng lipunan.<br>Sinabi ni Kasamang Mao, dapat tayong magpakahusay na maisalin sa kilos ng masa ang mga patakaran ng Partido, dapat magpakahusay na maipaunawa at mahasa ang malawak na masa, hindi lamang ang ilang nangungunang kadre sa bawat kilusan at pakikibakang ating inilulunsad. | *Idiin na sa pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa masa lamang lubos na yayakapin ng masa ang drb.* |
| **3. Ano ang ibig sabihin ng mahigpit na ugnay sa masa at mainit na pakikisalamuha sa kanila?**<br>Ito ang pagsasapuso ng interes ng masa. Sa pakikisalamuha sa masa, pinupukaw natin sila at itinataas ang kanilang antas ng kamulatan, tinutulungan natin silang kusang organisahin ang sarili at ibunsod ang lahat ng esensyal na pakikibakang ipinahihintulot ng mga kalagayan. Walang mangyayari sa anumang pagsisikap ng isang namumunong grupo kung hindi ito mahigpit na ikukumbina sa pagkilos ng masa, na matatamo lamang sa pamamagitan ng mahigpit na ugnay sa kanila. Sa kabilang banda, kung ang masa lamang ang kumikilos nang walang matatag na pamunuan na mahusay na makapag-oorganisa ng kanilang pagkilos, hindi maisusustini ang gayong pagkilos, ni maisusulong sa wastong direksyon, ni maitataas sa mas mataas na antas. | *Ilinaw na ang ibig sabihin ng mahigpit na ugnay sa masa at mainit na pakikisalamuha sa kanila ay ang pagmumulat hanggang sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila at matugunan ang kanilang obhetibong interes.*<br>*Idiin ang kahalagahan ng pamumunong mahigpit na kinukumbina sa pagkilos ng masa at ang pagkilos ng masa na may matatag na pamunuan.* |
| **4. Ano ang ibig sabihin ng "mula sa masa, tungo sa masa"?**<br>Ang wastong paraan ng pamumuno sa masa ay "mula sa masa, tungo sa masa". Ibig sabihin, kalapin ang hiwa-hiwalay na mga ideya at palagay ng masa at buuin ang mga ito. Pagkatapos ay ibalik at ipaliwanag sa masa ang nabuong ideya | *Gamiting halimbawa ang isang natasa nang kampanya (minimum na reporma sa lupa, anti-militarisasyon, atbp.) sa pagpapakita na nabuo ang konsepto ng kampanya mula sa pagsisiyasat sa kalagayan ng* |

| | |
|---|---|
| hanggang sa tanggapin nila at isakatuparan.<br>Mabubuo lamang ang wastong mga desisyon at plano kung kabahagi ang mga karanasan at kaalaman ng masa.<br>Para maisakatuparan ang mga ideyang nabuo at lutasin ang problema ng masa, kailangang sumalig sa kakayahan at lakas ng masa. Kaya tungkulin nating matiyagang ipaliwanag sa masa ang ideyang nabuo mula sa mga ideya nila hanggang yakapin nila ito bilang mismong sa kanila. Sa gayon maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pagkilos. | *masa, sa pagsusuri sa nakuhang datos at paano nagkaisa ang mga namumuno at ang masa sa kampanya at ang kinahinatnan nito.*<br><br>*Ipabahagi rin ang mga naging kahinaan sa pagpapatupad sa prinsipyong ito at ang naging resulta.* |
| **5. Ano ang ibig sabihin ng kumilos ayon sa interes at kahandaan ng masa?**<br>Dapat tayong magsimula at kumilos ayon sa kongkretong kalagayan at pangangailangann ng masa, hindi sa kung ano ang ating inaakala.<br>Gaano man kabuti ang ating intensyon, kapag lumilihis tayo sa obhetibong interes ng masa, mahihiwalay tayo sa kanila sa malao't madali.<br>Kung sa simula, hindi pa nila nauunawaan ang pangangailangan ng pagbabago at hindi pa sila handang kumilos para isagawa ang pagbabago, dapat tayong magtiyaga at maging pursigido sa pagpapaliwanag hanggang sa tanggapin ng masa ang ideyang nahalaw batay sa kanilang obhetibong interes, at maging handa't determinado na silang isakatuparan ito.<br>Kaya dapat bakahin ang komandismo sa masa, ibig sabihin ang paglampas sa aktwal na antas ng kamulatang pampulitika ng masa at paglabag sa prinsipyo ng boluntaryong pagkilos ng masa.<br>Dapat ding bakahin ang buntotismo sa masa, pagkahuli sa antas ng kamulatang pampulitika ng masa at pagpapatumpik-tumpik sa pagkilos at paglabag sa prinsipyo ng pamumuno sa masa upang sumulong sa rebolusyonaryong pakikibaka.<br>Mahahati natin ang masa sa tatlong bahagi: ang **sulong**, ang **panggitna** at ang **nahuhuling** bahagi.<br>**Wastong pamumuno sa masa:** Pangunahing umasa sa sulong na bahagi ng masa, ang bahaging pinakaaktibo, masigasig at interesado sa pagbabago. Sa pamamagitan ng sulong na bahaging ito, napapakilos ang panggitnang bahagi at nakakabig ang nahuhuling bahagi. | *Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng halimbawa sa pagkilos ayon sa interes at kahandaan ng masa.*<br><br>*Ihalimbawa ang drb bilang linya sa pulitika, na sa umpisa ay hindi pa naunawaan ng masa na yun ang kailangan para sa tunay na pagbabago. Sa matiyaga & pursigidong pagpapaliwanag, natanggap din nila na ito ay ayon sa interes nila at kumilos na sila sa pagsakutaparan nito.*<br><br>*Magbigay o humingi ng halimbawa ng komandismo at buntotismo.* |

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| ***6. Bakit ang pagtalima sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan ang susi sa wastong pagsabuhay ng linyang masa sa kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino?***<br>Ang linya ng DRB ay nabuo mula sa masusing pag-aaral ng kasaysayan at kalagayan ng lipunang Pilipino. Ito ang tumutugon sa interes ng sambayanan para sa kalayaan at demokrasya. Ang DRB ay nagsisimula sa obhetibong kalagayan at pangangailangan ng malawak na masa at nagtuturo sa wastong landas ng rebolusyonaryong pagbabago. At dahil umaalinsunod sa obetibong interes ng malawak na masa, ang linya ng DRB ay madaling mauunawaan ng masa, madaling mayayakap bilang kanila at maisasalin sa kanilang pagkilos. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang tanong # 6 – 8 bilang mga paraan sa wastong pagsasabuhay ng linyang masa.*<br><br>*Ilinaw na ang pangunahing laman ng DRB na paglutas sa suliranin sa lupa ay paglutas din sa kahilingan ng mayorya ng mamamayan at pagkakamit ng pinakamalawak na demokrasya sa bayan. Kaya kongkretong isinasabuhay ng DRB ang obhetibong interes ng malawak na sambayanan.* |
| **7. Bakit mahalaga ang demokratikong estilo ng paggawa sa pagsasabuhay ng linyang masa?**<br>Ipinapakita ng ating karanasan na pinahihigpit ng demokratikong estilo ng paggawa ang ating ugnay sa masa, habang ang maling estilo ng paggawa ay walang salang sumasalungat sa mga adhikain at kahilingan ng masa sa isang takdang panahon at lugar at tiyak na ihihiwalay tayo sa masa. | *Ilinaw kung sa paanong paraan isinasapraktika ang demokratikong estilo ng paggawa. Ipabasa ang huling dalawang parapo sa teksto bilang pagsuma.*<br><br>*Gamitin ang Arakbiswal – 10.* |
| **8. Bakit umaalinsunod ang linyang masa sa rebolusyonaryong linya sa uri?**<br>Ang rebolusyonaryong linya sa uri ang prinsipyong nagtuturo sa atin ng pagkilala at wastong pakikitungo sa iba't ibang uri sa lipunang Pilipino. Inililinaw nito kung sino ang tunay na mga kaibigan at ang tunay na mga kaaway ng rebolusyon. Inililinaw nito ang wastong makauring batayan ng pamumuno natin sa masa: ang umasa pangunahin sa pinakamasasaligang mga uri, paghimok sa mga gitnang pwersa, at paghiwalay at paglaban sa mga kaaway. Sinasamantala rin natin ang mga hidwaan sa hanay ng kaaway nang sa gayon higit pang mapahina ang buong naghaharing uri at ibayong mapalakas ang rebolusyonaryong pwersa.<br>Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong linya sa uri nagkakaroon ng syentipikong makauring batayan ang pagkilala sa bumubuo ng masa sa isang lugar. | *Ilinaw na ang ating reb linya sa uri ay ang aplikasyon ng linyang masa. Halimbawa, sa pagtatayo ng mga grupong pang-organisa, una nating ipinapaloob ang mula sa batayang masa.*<br><br>*Gamitin ang Arakbiswal - 11*<br><br><br>*Awitin ang Linyang Masa bilang pagsasara ng paksa.* |

**Tantyang bilang ng oras ng pagtalakay: 1 oras**

**D. ARALIN IV**

## ANG DEMOKRATIKONG SENTRALISMO AT SISTEMANG KOMITE

### A. Ang Demokratikong Sentralismo

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang organisasyon at bakit ito mahalaga?**<br>Ang organisasyon ay isang sistema ng pagbubuklod ng mga tao para tumindig at kumilos bilang isang buong pwersa, para kumilos bilang isa tungo sa pagkakamit ng iisang layunin. Para matiyak ang pagmartsa sa iisang kumpas tungo sa pagtatamo ng naitakdang layunin mayroon itong tiyak na mga prinsipyong gumagabay sa pag-iisip at pagkilos ng buong kasapian nito at balangkas ng pangunahing mga tungkulin na sinasalamin ng isang sistema ng pamumuno sa iba't ibang antas at saklaw ng responsibilidad. | *Ihambing ang organisasyon sa isang walis tinting. Itanong sa mag-aaral kung saan ito kumukuha ng lakas para maging mabisang panlinis.*<br><br>*Idiin ang kahalagahan ng prinsipyong gabay ng isang organisasyon at ang balangkas ng pamumuno.* |
| **2. Ano ang rebolusyonaryong organisasyon? Bakit ito mahalaga?**<br>Rebolusyonaryo ang isang organisasyon na nagtataguyod sa interes ng malawak na masa. Puspusan itong kumikilos para palayain ang sambayanan mula sa pagsasamantala at pang-aapi at para sa tunay na pagbabago ng lipunan. Boluntaryo ang pagsapi sa rebolusyonaryong mga organisasyon. Ang pagsapi ay ang mulat na pagyakap sa simulain, at komitment na kusang kikilos ayon sa mga prinsipyo, patakaran at desisyon ng organisasyon.<br>Ang kaaway ay nagtayo rin ng mga organisasyong na ang layon ay pangalagaan ang makitid na interes ng nagsasamantala at nang-aaping mga uri. Ginagamit ang mga ito upang linlangin at supilin ang mamamayan. Karaniwan niyang ipinapatupad ang taktikang "manghati at magharian" para sagkaan ang pagbubuo ng ating pagkakaisa.<br>Ngunit kung organisado at matibay ang pagkakaisa, tulad ng walis, makakakilos tayo para | *Humingi ng halimbawa ng rebolusyonaryong mga organisasyon (sa kasalukuyan at yung nakipaglaban sa mga dayuhang mananalakay). Humingi rin ng halimbawa ng mga organisasyong itinayo ng kaaway. Ipabahagi kung ano ang nakikita o naranasan nilang ginagawa ng kaaway para linlangin at supilin ang mamamayan at kung ano ang tugon ng mamamayang nagkakaisa.*<br><br>*Idiin na ang lakas ng pagkakaisa ang tanging pwersa na maihaharap ng malawak na sambayanan laban sa makapangyarihang mga kaaway sa uri* |

| | |
|---|---|
| alisin ang mga dumi at suliranin ng lipunan. | |
| **3. Ano ang demokratikong sentralismo?**<br>Ang demokratikong sentralismo ang prinsipyong gumagabay sa atin sa pagbubuo at pagpapatakbo ng ating organisasyon. Ito ang sentralismong nakabatay sa demokrasya at demokrasyang ginagabayan ng sentralisadong pamumuno.<br>Ito ang nagtitiyak na kikilos tayo bilang isang organisadong kabuuan.<br>Ang esensya ng sentralismo ay ang matibay na komitment ng bawat kasapi sa mga prinsipyo at layunin ng organisasyon na siyang pinakabatayan ng pagkakaisa ng buong kasapian. Dito nagmumula ang mulat na disiplina ng mga kasapi ng organisasyon, o ang kusang pagsasailalim nila sa disiplina ng organisasyon para sa ikatatagumpay ng mga layunin ng organisasyon.<br>Ang demokrasya ay ang paglahok ng kasapian sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga desisyon, at ang mahusay na pagtangan ng bawat kasapi ng kanilang mga tungkulin at mga karapatan bilang kasapi ng organisasyon.<br>Nasa ubod ng demokratikong sentralismo ang mahigpit na pagtataguyod sa mga saligang prinsipyo at pagpapatupad sa mga patakaran at mga desisyon ng organisasyon. Ito ang pangunahing nagtitiyak ng pagkakaisa ng buong kasapian sa isip at sa pagkilos. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang tanong # 3-5.*<br>*Gamitin ang Arakbiswal - 12*<br>*Hikayatin ang mag-aaral na magtanong o magpahayag ng problema kaugnay sa demsen.*<br>*Linawin ang esensya at ubod ng demsen.*<br>. |
| **4. Anu-ano ang mga batayang kundisyon ng pag-iral ng demokratikong sentralismo?**<br>a. Ang mga namumunong yunit o grupo sa lahat ng antas ng organisasyon ay pinipili sa demokratikong pamamaraan. Sila ay responsable sa kani-kanilang pinamumunuang antas na pumili sa kanila.<br>b. Pagkatapos ng malaya at masusing talakayan, lahat ng desisyon ay ipapatupad nang walang pasubali at alinsunod sa apat na alituntunin sa disiplina.<br>k. Laging binibigyang-pansin ng mga namumunong yunit o grupo ang mga ulat at pananaw ng mga pinamumunuan nilang yunit at ng masang kasapian. Lagi nilang pinag-aaralan ang mga kongkretong karanasan at nagbibigay ng maagap na gabay at tulong sa | *Ilagay sa chart ang mga batayang kundisyon ng pag-iral ng demokratikong sentralismo.*<br>*Ipabasa ang mga kundisyon paisa-isa.*<br>*Ipabahagi sa mag-aaral kung paano nila isinasabuhay ang demokratikong sentralismo, partikular ng kolektibong pamumuno; kung may problema kaugnay dito at paano hinarap ang mga ito.* |

| | |
|---|---|
| paglutas ng mga suliranin.<br>d. Ang nakabababang mga yunit ay magbibigay ng mga regular at espesyal na ulat tungkol sa mga gawain nila sa organisasyong nakatataas sa kanila at maagap na hihiling ng mga instruksyon tungkol sa mga suliraning nangangailangan ng desisyon ng nakatataas na yunit.<br>e. Lahat ng yunit ay sumusunod sa prinsipyo ng kolektibong pamumuno at lahat ng mahalagang usapin ay pinagpapasyahan nang kolektibo. | |
| **5. Ano ang apat na alituntunin sa disiplina?**<br>Mahalaga ang apat na alituntunin sa disiplina para matiyak ang pagkakaisa ng ating organisasyon. Nakabatay ang mga ito sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo:<br>Una, ang indibidwal ay napapailalim sa organisasyon. Kailangang sundin niya ang Saligang Batas ng organisasyon at mga desisyon nang walang pasubali.<br>Ikalawa, ang minorya ay napapailalim sa mayorya.<br>Ikatlo, ang nakabababang antas ay napapailalim sa nakatataas na antas.<br>At panghuli, ang buong kasapian ay napapailalim sa pinakamataas na pamunuan at kapulungan. | *Ilagay sa chart.*<br>*Ipabasa ang apat na alituntunin ng disiplina.*<br>*Ipabahagi kung paano ito isinasapraktika ng kani-kanilang mga yunit. Isuma ang mga sagot.*<br>*Magdagdag ng paglilinaw kung kailangan.* |
| **6. Ano ang mga tungkulin ng pamunuan at nakatataas na antas ng organisasyon?**<br>Tungkulin ng pamunuan ang pangkalahatang pamumuno sa organisasyon. Sinusubaybayan nito ang pangkalahatang takbo ng pagkilos ng buong organisasyon para matiyak na masinop at nagkakaisang isinusulong ang mga layunin ng organisasyon. Direkta nitong pinapangunahan ang paggampan ng mahahalagang gawain para matiyak ang mahusay na pagtupad sa mga desisyon, plano at programa sa pagkilos. Pinapangasiwaan nito ang pagkilos sa iba't ibang bahagi ng organisasyon para matiyak ang masinop na pagpapatupad ng mga gawain.<br>Isang mahalagang papel ng pamunuan ang pagbabalangkas ng plano at programa ng pagkilos ng organisasyon. Nagtatakda rin ang | *Linawin ang kaibahan ng pamunuan sa rebolusyonaryong organisasyon sa buges o pyudal na mga organisasyon.*<br><br>*Ihalimbawa ang mga gabay na ginawa ng pambansang pamunuan tulad ng mga espesyal na kursong masa, RGRL, Hakbang-hakbang na Pag-organisa, mga panapanahong plano at programa kaugnay sa mga matitingkad na isyu, at mga pagpapartikularisa ng mga ito sa pamunuan sa antas rehiyon o probinsya.* |

| | |
|---|---|
| pamunuan ng mga gabay at patakaran para pagpapatupad ng programa o plano. Sa pamamagitan ng programa o plano ng pagkilos, nasisistematisa at napapag-isa natin ang pagkilos ng organisasyon.<br>Tumatanggap ang pamunuan ng mga ulat mula sa nakabababang mga antas ng organisasyon at masusi nitong pinag-aaralan at sinusuri ang mga iyon. Tumutungo ang mga namumuno sa hanay ng kasapian at sa masa para tuwirang mangalap ng kinakailangang mga impormasyon at alamin ang kongkretong kalagayan. Sa gayon, natitiyak ng pamunuan na laging nasusubaybayan nito ang takbo ng pagkilos at nasasapol agad ang anumang pagbabago ng kalagayan. Kaya maagap ang paggabay at pagdedesisyon at naaangkupan at nalulutas ang sumusulpot na mga problema. Sa gayon natitiyak na naisusulong ang mga gawain.<br>Ang pamunuan ang tumatawag at nagpapatakbo ng mga pangkalahatang pulong ng organisasyon. Dito tinatalakay at pinagpapasyahan ang mahahalagang usaping kasangkot ang interes at pagkilos ng organisasyon tungo sa pagbubuo ng nagkakaisang pagtanaw at kinakailangang mga desisyon kaugnay ng naihapag na mga usapin. Dito rin iniuulat ng pamunuan ang kalagayan at takbo ng pagkilos at inihahapag ang binalangkas na programa o plano para mapagkaisahan. Tungkulin ng pamunuan na tiyaking mahusay na nabubuo ang pagkakaisa sa loob ng mga pulong. | *Hikayatin ang mag-aaral na magpahayag kung sapat ba silang nagagabayan o sinasanay sa nakakataas na antas ng organisasyon sa pamumuno sa mas nakakababang antas ng organisasyon at sa masa. Kung hindi, anu-ano ang mga kailangan nilang gabay o pagsasanay..* |
| **7. Ano ang mga tungkulin ng kasapian at nakabababang antas?**<br>Tungkulin ng bawat kasapi at bahagi ng organisasyon na sumunod sa lahat ng desisyon, ipatupad ang mga gawain, plano at programa nang buong husay, pangalagaan ang interes at kaligtasan ng organisasyon at kumikilos ayon sa kabuuang interes at layunin ng organisasyon; pag-aralan ang mga desisyon, plano at programa para maunawaan ang mga ito nang husto, masuri kung paano ito maipapatupad at makapagtatakda ng mga paraan ng paggawa; ipaabot agad sa pamunuan ang anumang katanungan o problema, at ang resulta ng pagpapatupad ng mga gawain.<br>Tungkulin ng lahat ng kasapi at nakabababang antas ng organisasyon ang regular at maagap na | *Linawin ang kaibahan ng mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyon sa mga kasapi ng burges and pyudal na mga organisasyon.*<br><br>*Ipabahagi sa mag-aaral kung nagagampanan ba nila ang mga tungkulin bilang mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyon; kung ano ang mga problema o hadlang sa paggampan ng mga ito; kung paano ito nilulutas o plano para malutas ang mga ito.* |

| | |
|---|---|
| pagpapaabot ng mga ulat, kasama na ang kanilang mga mungkahi, obserbasyon at puna sa iba't ibang usaping mahalaga sa interes at pagkilos ng organisasyon; masusing pag-aralan ang kalagayang kinapapalooban, at maging tapat at tiyaking naipapaabot ang wastong impormasyon para mabuo ang wastong mga desisyon at plano.<br>Tungkulin ng bawat kasapi ang dumalo at aktibong lumahok sa mga pulong – maglahad ng kanyang karanasan at kaalaman sa kalagayan at magpahayag ng kanyang mga opinyon, obserbasyon, mungkahi at puna. | |

**B. Ang Sistemang Komite**

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang kolektibong pamumuno?**<br>Ang kolektibong pamumuno ay ang pagsasabuhay ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo sa pagkilos ng pamunuan ng rebolusyonaryong organisasyon. Itinuturo nito ang pagkilos ng mga namumunong komite bilang mga kolektiba. Ang lahat ng mahahalagang usapin ay kolektibong dinedesisyunan at ipinapatupad.<br>Sa pamamagitan ng kolektibong pamumuno, wastong makakatawan sa pamunuan ang malawak na base ng demokratikong partisipasyon ng kasapian. Mas mahusay na masasapol ng pamunuan ang kalagayan at mga suliraning kinakaharap ng organisasyon.<br>Sa pamamagitan ng kolektibong pamumuno mahusay na napagsasanib ang pagkilos ng mga kagawad para gampanan ang kanilang mga tungkulin sa pamumuno. Pinauunlad nito ang inisyatiba at pagsisikap ng bawat kagawad na lumahok sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga desisyon ng kolektiba at naiiwasang mamonopolyo ng isa o ng iilan ang pagdedesisyon at pagpapatakbo ng organisayon. | <br>*Ipabahagi paano isinasapraktika ang kolektibong pamumuno. Isuma ang mga sagot.*<br><br>*Linawin ang kolektibong pamumuno sa pamamagitan ng kongkretong karanasan ng isang KP baryo, pabrika, komunidad o eskwelahan halimbawa.* |
| **2. Ano ang sistemang komite?**<br>Ang sistemang komite ay sistema o paraan ng kolektibong pagkilos ng namumunong grupo o komite. Nakikita dito ang paghahati ng mga gawain, ang relasyon ng kalihim at mga kagawad, pagpupulong at iba pa. Naglalayon itong palakasin ang pamunuan ng organisasyon nang sa gayon mabisang magampanan nito ang tungkulin | <br>*Ipabahagi ang karanasan sa sistemang komite – paano ang hatian ng gawain, sistema ng pagpupulong, paano isinasabuhay ang kumbinasyon ng kolektibong pamumuno at indibidwal na responsibilidad; ang mga* |

| | |
|---|---|
| ng pamumuno.<br>Mahusay na pinagkukumbina ng sistemang komite ang kolektibong pamumuno at indibidwal na responsibilidad. Ang mahusay na paggampan ng bawat kagawad ng komite ng kani-kanilang partikular na tungkulin ay tumutulong sa pagpapalakas ng kolektibong pamumuno.<br>Ang sistemang komite ay importante para mahusay na maharap ng komite ang mahahalagang gawain at problema ng pamumuno. | *naranasan o dinaranas na problema kaugnay dito at paano nilulutas.*<br><br>*Sumahin ang mga sagot. Magdagdag ng paglilinaw kung kailangan.* |
| **3. Ano ang wastong relasyon ng kalihim at ng mga kagawad ng komite?**<br>Umiiral sa pagitan ng kalihim at mga kasapi ng komite ang mahigpit na pagkakaisa—pagkakaisang tupdin ang kanilang tungkulin sa pamumuno na ipinabalikat sa kanila ng organisasyon. Mahalaga ito para maging mabisa at mabunga ang pamumuno ng komite.<br>Mahalagang sangkap ang pagtitiwala ng mga kagawad sa isa't isa para mapanatiling buo ang pagkakaisa ng buong komite.<br>Bilang pinuno ng komite, sinusubaybayan ng kalihim ang pagkilos ng mga kagawad para tiyaking mahusay na naipapatupad ang mga desisyon ng komite. Ginagabayan at tinutulungan niya ang bawat isa sa paggampan ng mga gawain. Ipinapakita niya ang wastong paraan ng paggawa sa pamamagitan ng halimbawa. Ngunit ang pamumuno ng kalihim ay hindi nangangahulugang natatangi at nangingibabaw siya sa komite at mga kagawad nito. Kapantay ang boses at mga karapatan niya sa iba pang kagawad. Wala siyang espesyal na mga pribilehiyo, at tungkulin niyang tupdin ang mga kolektibong desisyon.<br>Tungkulin naman ng mga kasapi na sumuporta at tumulong sa kalihim nang may pagkilala at pagrespeto sa pamumuno ng huli. | *Ipabahagi sa mag-aaral kung umiiral ba ang wastong relasyon ng kalihim at ng mga kagawad sa komiteng kinapalolooban nila; ang mga problemang kinakaharap at paano nilulutas.*<br>*Sumahin ang mga sagot.* |
| **4. Ano ang mga tungkulin ng pangalawang kalihim?**<br>Ang pangalawang kalihim ay tagahalili sa kalihim, kung sakaling hindi magampanan ng huli ang kanyang mga gawain bunga ng iba't ibang dahilan.<br>Kapag bago at maliit pa ang organisasyon at ang | *Linawin na ang pagtatakda ng pangalawang kalihim ay anyo ng pagtutulungan ng gawain.*<br><br>*Ibahagi o ipabahagi ang karanasan ng mga kp nito.* |

| | |
|---|---|
| komiteng namumuno rito, sapat nang may isang pangalawang kalihim. Sa paglaki ng organisasyon, karaniwang nagtatakda na tayo ng pangalawang kalihim para sa organisasyon, edukasyon, pinansya at iba pa, depende sa pangangailangan. Ang kalihim at ang mga pangalawang kalihim ang bumubuo ng kalihiman. Sa pamamagitan ng kalihiman, kolektibong ginagampanan ang mga tungkulin sa pang-araw-araw na pagsusubaybay at pangangasiwa ng pagkilos ng komite. Ang kalihiman ay hindi hiwalay na pamunuan o nakapangingibabaw sa komite. | *Itanong kung ano ang karaniwang pag-unawa sa kalihiman.*<br><br>*Linawin na ang kalihiman ay hindi nakatataas na organo ng komite kundi bahagi ng komite.* |
| **5. Paano patuloy na pinapahusay ang kolektibong pagkilos ng komite?**<br>Para patuloy na patatagin ang kolektibong pagkilos ng komite, kailangang pairalin at paunlarin ang pagkakaisa, pag-uunawaan at pagtutulungan sa hanay ng mga kagawad nito. Sa gayon magiging maluwag at palagay ang loob sa isa't isa, maaalis ang pagkakanya-kanya, at magiging madulas ang pagsunod ng kolektibong pamumuno sa pagkilos nito.<br>Dapat bigyang pansin ang pagbubuo ng iisang wika sa hanay ng mga kagawad<br>Kailangang linangin ang pagiging bukas ng mga kagawad sa isa't isa.<br>Kailangang matutong makipagkaisa sa mga kakolektibo, matutong kumilos kahit na di natin kapalagay ang kasama natin. | *Ipabasa ang mga paraan sa patuloy na pagpapahusay ng kolektibong pagkilos ng komite.*<br><br>*Itanong sa mag-aaral kung ano ang pagsisikap o plano nila sa patuloy na pagpapahusay ng kolektibong pagkilos ng kani-kanilang komite.* |

***K. Paraan ng Paggawa ng Isang Komite***

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN |
|---|---|
| **1. Ano ang kahalagahan ng wastong mga paraan ng paggawa ng isang komite?**<br>Ang wastong mga paraan ng paggawa ng komite ang magtiyak sa mahusay na pagpapatupad sa nabuong mga desisyon. Maaari pa ring sumulpot ang mga bara sa pagpapatupad ng mga gawain, maski wasto ang nabuong mga desisyon, kung hindi nabibigyang-pansin ang wastong mga paraan ng paggawa.<br><br>**2. Ano ang ibig sabihin ng ang kalihim ng komite ay dapat magpakahusay bilang isang "iskwad lider"?**<br>Ang komite ay maihahalintulad sa isang "iskwad" | *Linawin ang kumbinasyon ng wastong desisyon at wastong paraan sa paggawa sa mahusay na pagpapatupad ng mga gawain. Magbigay o humingi ng mga kongkretong halimbawa*<br><br>*Ang # 2 – 13 ay ang mga wastong paraan ng paggawa ng isang komite. Talakayin nang tuluy-tuloy.* |

| | |
|---|---|
| ng hukbong bayan, at ang kalihim, sa "iskwad lider". Upang magampanan ang kanyang tungkulin sa pamumuno, dapat umasa ang komite sa "mga kagawad ng iskwad" at bigyang-daan ang kanilang lubos na pagtugon sa mga responsibilidad.<br>Upang maging mahusay na "iskwad lider", dapat masikhay na mag-aral at malalim na mag-imbestiga ang kalihim, magsagawa ng gawaing propaganda at organisasyon sa "mga kagawad ng iskwad", magpakahusay sa paghawak ng kanyang relasyon sa kanila o pag-aralan kung paano mahusay na pinapatakbo ang mga pulong. | *Kung hukbo ang mag-aaral, ipabahagi kung paano namumuno ang isang mahusay na iskwad lider.*<br>*Itanong kung may naging kalihim na sa kanila. Ipabahagi ang pagpapatupad ng responsibilidad.*<br>*Linawin ang mga paraan para maging isang mahusay na kalihim.* |
| **3. Ano ang ibig sabihin ng "ihapag ang mga problema sa mesa"?**<br>Kapag may mga problemang sumusulpot, kailangang maagap na tumawag ng pulong, "ihapag ang mga problema sa mesa" para matalakay ang mga ito at gumawa ng karampatang mga desisyon para lutasin ang mga problema.<br>Gawain ito ng lahat ng mga kasapi ng komite. Hindi nakakalutas sa mga problema ang pagsasalita sa likod ng mga tao tungkol sa mga ito, bagkus, malimit na nakapagpapalala pa nga sa mga problema at magiging hadlang sa pagpapatupad ng mga tungkulin at gawain. | *Itanong kung ano ang karaniwang ginagawa nila kapag may problema o may napansing problema sa grupo.*<br>*Isuma ang mga sagot at idiin ang tamang paraan sa paglutas ng mga problema – "ihapag ang mga problema sa mesa."* |
| **4. Ano ang ibig sabihin ng "pagpapalitan ng impormasyon"?**<br>Ang "pagpapalitan ng impormasyon" ay nangangahulugan na ang mga kagawad ng isang komite ay dapat laging nagtatalastasan sa isa't isa at nagpapalitan ng pananaw tungkol sa mga usaping nakatawag ng kanilang pansin. Napakahalaga ito upang matamo ng mga kagawad ng komite ang lenggwaheng komun. | *Ipabahagi kung sa anong paraan ginagawa ang palitan ng impormasyon sa mga kasama sa komite at tungkol sa ano.* |
| 5. **Bakit mahalaga ang matiyagang pakikinig sa mga opinyon at pagtingin ng mga kasama sa nakabababang antas at ng masa?**<br>Isinasanib sa ating mga desisyon ang wastong mga pagtingin nila kung kaya mas makakaasa tayong susuportahan nila ang mga ito. Mas mararamdaman nilang bahagi sila sa pagbubuo ng mga desisyon kung kaya maikikintal natin sa kanila ang paggana ng tunay na demokrasya. Hindi dapat mahiyang magtanong sa mga | *Ipasagot ang ang tanong sa mag-aaral.*<br><br>*Itanong kung ano ang dapat gawin sa mga sinasabi ng mga nakabababang antas o ng masa.*<br><br>*Idiin kung paano makikintal sa mga kasama sa nakabababang antas o sa masa ang paggana ng* |

| | |
|---|---|
| nakabababa sa atin at dapat laging bukas na matuto sa kanila. Huwag magkunwaring alam ang hindi nalalaman.<br>Hindi rin dapat dagliang sinasang-ayunan o di sinasang-ayunan ang mga sinasabi ng mga nakabababa sa atin na maaaring wasto o mali. Dapat suriin ang mga ito. Kasabay, dapat maging mahusay sa paghawak ng tagisan ng mga ideya at matiyagang maglinaw upang mapangibabaw ang wasto. Sa gayon, mabubuo ang mas matibay na pagkakaisa sa pagitan ng mga namumuno at pinamumunuan batay sa kung ano ang wasto at nakakatulong sa pagsusulong ng rebolusyon. | *tunay na demokrasya.* |
| **6. Ano ang ibig sabihin ng matutong "tumugtog ng piano"?**<br>Hinaharap ng isang komite hindi lamang ang isang gawain kundi maraming gawain. Katulad ng pagtugtog ng piano, kailangang may tiyak na kaayusan at koordinasyon sa pagharap sa iba't ibang gawain para mabisang maipatupad ang mga ito. Upang magawa ito, kailangang masapol at mahigpit na mapanghawakan ng komite ang naitakda nitong sentral na tungkulin sa isang panahon. Mahalaga ito dahil ang sentral na tungkulin ang siyang nagtatakda sa pangunahing direksyon ng mga gawain at dito umiinog ang iba pang mga pagsisikap. Kinakailangang malinaw na maitakda ang mga prayoridad sa isang panahon, ibig sabihin, ang mga gawaing inuuna o pangunahing hinaharap.<br>Sa proseso ng pagtupad sa mga gawain, tiyak na may susulpot na mga problema. Hindi pupwedeng hindi bigyang-pansin ang mga ito. Gayunman, kailangang matukoy ang pangunahing problema sa isang panahon at ibuhos ang mga pagsisikap para sa paglutas nito. Nasa paglutas ng pangunahing problema ang magbibigay-daan para sa mas madulas na paglutas sa iba pang mga problema. | *Suriin muna kung alam ba ng lahat paano pinapatugtog ang piano. Ilinaw na ganun din ang wastong paraan sa paggawa ng isang komite.*<br><br>*Maaaring ipabasa ang # 6. Hikayating magtanong ang mag-aaral.*<br><br>*Idiin ang kahalagahan sa pagtakda ng mga prayoridad sa isang panahon. (hindi pwedeng pantay ang binibigay na bigat sa iba't-ibang gawain.)* |
| **7. Ano ang ibig sabihin ng "hawakan nang mahigpit" ang pangunahing mga tungkulin?**<br>Ang "hawakan nang mahigpit" ang pangunahing mga tungkulin ay nangangahulugan ng pagbubuhos ng atensyon at pagsisikap sa mga ito para matiyak na maipatutupad ang mga ito. Mabibigo tayo sa ating mga gawain kung hindi | *Idiin ang pangangailangang ipokus ang pag-iisip and pagkilos sa pangunahing gawain. Magbigay ng kongkretong halimbawa. (Maaari ding humingi ng halimbawa sa mag-aaral ayon sa plano nila)* |

| | |
|---|---|
| nakapokus ang ating pag-iisip at pagkilos sa pangunahing mga tungkulin. Ang bagay na hinawakan pero hindi naman mahigpit ang hawak ay maaaring madaling mabitawan. | |
| **8. Ano ang ibig sabihin ng "magpakahusay sa mga numero"?**<br>Ang "pagpapakahusay sa mga numero" ay nangangahulugan na dapat nating bigyang-pansin ang kantitatibong aspeto ng isang sitwasyon o problema at gumawa ng batayang kantitatibong pagsusuri. Nagkakaroon ng hugis ang bawat kalidad sa isang takdang kantidad, at walang kalidad kung walang kantidad. | *Ihalimbawa ang mga usaping kailangang itala ang numero: bilang ng batayang masa sa baryo, ilan ang nasa GP na, bilang ng kasapi sa bawat GP, bilang ng nakapag-aral ng anong aralin, upa sa lupang sinisingil ng PML, atbp. Idiin na kailangan ang mga ito para maging masinop ang pagsusuri* |
| **9. Ano ang ibig sabihin ng "abiso para pabatiran ang publiko"?**<br>Ang "abiso para pabatiran ang publiko" ay nangangahulugan na dapat may paunang abiso ng idaraos na mga pulong, kung ano ang mga tatalakayin at mga problemang lulutasin. Dapat maisagawa ang karampatang mga paghahanda tulad ng mga ulat at borador ng panukalang mga resolusyon, at ng pagdadausan ng pulong mismo at mga pangangailangan dito. | *Ipabahagi kung paano ito ginagawa. Ilinaw na mahalaga ito para sa paghahanda ng mga kasamang dadalo sa pulong.* |
| **10. Ano ang ibig sabihin ng "mas kaunti at mas mahusay na mga tropa at mas simpleng administrasyon"?**<br>Ang "mas kaunti at mas mahusay na mga tropa at mas simpleng administrasyon" ay nangangahulugan na ang mga pangungusap, talumpati, artikulo at resolusyon ay dapat gawing maikli at direkta sa mga punto. Hindi rin dapat maging napakahaba ang mga pulong.<br>Susi dito ang mahusay at masinop na paghahanda nang sa gayo'y maiiwasan ang pagsasayang ng panahon at magiging mas mabunga ang mga pulong. | *Itanong kung gaano katagal ang mga pulong ng kani-kanilang komite; kung ano ang kadalasang nakapagtatagal ng mga pulong; paano pinaghandaan ang mga pulong.*<br><br>*Idiin kung ano ang susi para maging mabunga ang mga pulong na walang nasayang na panahon.* |
| **11. Bakit kailangang makipagkaisa at makipagtulungan maging sa mga kasamang hindi natin kapareho ang mga ideya?**<br>Sa ating hanay karaniwang nagkakaroon ng pagkakaiba ng pagtingin sa mga sumusulpot na usapin dahil nagmula tayo sa iba't ibang lugar, at iba-iba ang ating mga pinagdaanan at karanasan. Kaya hindi lang dapat tayong magpakahusay sa pakikipag-isa sa mga kasamang kapareho ang | *Ipabahagi kung paano nila pinakikitunguhan ang mga kasamang may kaibang pagtingin sa mga usapin o yung nakagawa ng seryusong pagkakamali. Ituwid ang mga maling aktitud, kung meron.* |

| | |
|---|---|
| pagtingin sa atin kundi maging sa mga kasamang may ibang pagtingin.<br>Ganun din sa mga kasamang nakagawa ng seryosong mga pagkakamali. Hindi natin sila masamain at ihiwalay, at maging handa tayo na makipagtulungan sa kanila sa pagtupad ng mga gawain.<br>Ang mga pagkakaiba ng pagtingin sa mga usapin ay nireresolba sa pamamagitan ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Sa pagresolba ng mga pagkakaiba, laging panghawakan ang diwa ng pagpapangibabaw sa interes ng rebolusyon at ng malawak na masa, hindi ang pansariling interes. Sa pagsasagawa ng punahan, magsimula tayo sa hangaring makipag-isa. | *Linawin kung paano nireresolba ang mga pagkakaiba ng pagtingin sa mga usapin.*<br><br>*Bigyang diin ang layunin ng punahan at pagtatagisan ng mga ideya: **Patampukin at panghawakan kung ano ang wasto, kamtin ang mas mataas na antas ng ating pagkakaisa**.* |
| 12. **Bakit kailangang bantayan ang arogansya?**<br>Ang mahigpit na pagbabantay para hindi dapuan ng arogansya lalu na ang mga namumuno ay isang usapin ng prinsipyo at isang mahalagang rekisito para mapanatili ang pagkakaisa sa ating hanay.<br>Ang mga kasamang "lumalaki ang ulo" dahil hindi nakagawa ng seryosong mga pagkakamali at nagkamit ng malalaking tagumpay ay karaniwang nagkakaroon ng tendensyang maging kampante, magluwag sa pagmamatyag sa pagkakamali at maging padalus-dalos sa pagtupad sa mga gawain dahil iniisip na hindi siya maaaring magkamali. Sa mga talakayan, iniisip niya na siya lamang ang laging tama at sinasarhan ang sarili para makinig at matuto sa iba.<br>Importante na panatilihin ang pagiging mapagpakumbaba. Laging panatilihin ang simpleng pamumuhay at ang masikhay na paggawa. | *Itanong sa mag-aaral kung ano ang epekto sa kanila ng mga taong arogante; kung maging mahusay na pamuno ba ang aroganteng tao.*<br><br>*Idiin ang mga peligrong dulot ng "paglaki ng ulo" at ang mga katangian ng isang rebolusyonaryo – mapagkumbaba, simple at masikhay sa trabaho.* |
| 13. **Bakit mahalagang gumuhit ng linya ng pagkakaiba sa pagtingin sa mga bagay-bagay?**<br>Itinuturo nito na dapat nating sapulin ang batas ng kontradiksyon at tingnan ang mga bagay-bagay nang buo, di lang ang isang panig.<br>Una, kailangang gumuhit ng linya ng pagkakaiba sa pagitan ng rebolusyon at kontrarebolusyon. Ikalawa, sa loob ng rebolusyonaryong hanay, kinakailangang gumawa ng malinaw na pag-iiba | *Itanong kung ano ang magiging epekto kung paghaluin ang tama at mali; kung hindi malinaw kung ano ang natamo sa gawain at ano ang hindi o kulang pa.*<br>*Diinan ang pagtingin sa mga bagay-bagay ng buo; ang pag-iwas sa pagtingin sa isang panig lang.*<br>*Sumahin ang wastong paraan ng* |

| | |
|---|---|
| sa pagitan ng tama at mali, sa pagitan ng mga natamo at mga pagkukulang at linawin kung alin ang pangunahin, alin ang segundaryo.<br>Upang maging bihasa tayo sa pag-iiba, kinakailangan ang masikhay na pag-aaral at malalim na pagsusuri. | *paggawa ng isang komite. Maaaring gumawa ng* strips *ng mga halimbawa ng bawat paraan at patukuyin sa mga mag-aaral sa kung alin ang paraan para sa bawat isa.* |

**Pagsasara ng Paksa**

1. Balikan ang layunin ng pag-aaral.
2. Idiin ang mga katangian ng matatag na pamunuan sa rebolusyonaryong samahan at kilusang masa:
    a. Taglay ang mga saligang rebolusyonaryong aktitud
    b. Nagpupunyagi sa rebolusyonaryong pag-aaral at wastong paraan ng pagsusuri
    k. Tinataguyod ang Linyang Masa
    d. Sinasabuhay ang demokratikong sentralismo at sistemang komite.
3. Linawin na ang paglinang ng mga katangiang ito ay nagaganap sa pamamagitan ng rebolusyonaryong praktika, sa walang tigil na paghalaw ng mga aral mural dito at sa tuluy-tuloy na pag-angat ng rebolusyonaryong praktika at teorya sa mas mataas na antas.

# IV.
# PALIHAN/PRAKTIKUM

## A. Palihan ng mga sinasanay na instruktor sa paghahanda para sa aktwal na pagtuturo ng MKLRP at 3 Eskum

Layunin ng palihan na bigyan ng praktikal na karanasan ang mga sinasanay na instruktor sa paghahanda at pagbibigay ng aktwal na pagtuturo. Hatiin ang mga sinasanay sa dalawa o tatlong grupo, depende sa dami nila para sa sama-samang paghahanda sa pagtuturo. Sa bawat grupo, itakda kung sinu-sino ang mga magtuturo sa aling paksa o subpaksa. Pag-aaralan ng bawat grupo kung paano iaayon ang lesson plan (MKLRP o Eskum) ayon sa katangian ng mag-aaral, at gagawa ng mga kinakailangang tulong sa pagtuturo.

Ang iaassayn sa bawat grupo ay baha-bahagi o mga piling paksa lamang ng MKLRP at 3 ESKUM. Isinasaalang-alang dito na ang kalakhan ng sinasanay na instruktor ay mga kagawad ng SPL at aktibistang masa na maaaring mahirapan pa sa agad na pagbibigay ng buo-buong mga aralin o kurso. Maaaring maglaan ng kalahati hanggang isang araw para dito.

## B. Aktwal na Pagtuturo o Praktikum

Sa simula ng praktikum, ilalahad ng grupo ang katangian ng mag-aaral. Ang mga sinasanay na hindi nagpraktikum ay aakto bilang mag-aaral.

Ituturo ng bawat grupo sa loob ng humigit-kumulang dalawang oras ang paksa na inasayn sa kanila. Dahil ito ay pagsasanay, hindi dapat asahan na mahusay na mahusay na ang pagbibigay, kaya't tungkulin ng tagasanay na rendahan ang mga tanong na nakakaligalig o nanunukat.

## K. Kolektibong panunuri o pagkomentaryo ng mga mag-aaral at instruktor

Matapos ang pagtuturo ng bawat grupo sa praktikum, kolektibong sinusuri at kinokomentaryuhan ng mga instruktor at ng mga mag-aaral na instruktor ang pagtuturo. Bigyan ng pansin ang bisa ng pagsasapraktika ng mga nakuhang inputs sa KPI, paggagap sa paksa, team-teaching, gamit ng praktikal na halimbawa at gamit ng ibat' ibang pantulong sa pagtuturo. Mahaba na ang isang oras sa panunuri at komentaryo sa bawat grupo. Bigyan ng panahon ang bawat grupo na maglahad din hinggil sa naging proseso ng kanilang paghahanda, pagtutulungan sa aktwal na pagtuturo, mga kahirapan o ng bara na kinaharap at iba pa.

Mangyari pa, gaya ng lahat ng idinadaos na pag-aaral, isara ang buong KPI sa pamamagitan ng pagbubuod ng mga puntong pinag-aralan at natutunan, at kolektibong pagtatasa ng kabuuang pag-aaral.